# ANG BISA NG MODYUL SA PAGPAPAYAMAN SA PAG-UNAWA SA PAGBASA NG MAIKLING KATHA

---

Isang Tesis na
Iniharap sa
Kagawaran ng Paaralang Gradwado
Samar State Polytechnic College
Catbalogan, Samar

---

Bilang Bahagi sa mga Gawaing para sa
Master sa Degring Sining ng Edukasyon
Medyor sa Filipino

---

LOURDES ABELLAR GARCIA

Marso 1992

## DAHON NG PAGPAPATIBAY

Itong tesis na pinamagatang "**ANG BISA NG MODYUL SA PAGPAPAYAMAN SA PAG-UNAWA NG PAGBASA NG MAIKLING KATHA**", ginawa at iniharap ni **LOURDES A. GARCIA**, pagkatapos na makapasa sa comprehensibong pagsusulit ay inatasang humarap sa isang Pasalitang pagsusulit.

Marso 19, 1992
Petsa

**ULRICO B. MUSTACISA, Ed. D.**
Tagapayo

---

Lupon sa Pagsususlit

Pinagtibay ng lupon sa isang pasalitang pagsusulit noong Marso 19, 1992 ng may gradong PASADO.

**SENECIO D. AYONG, DPA, Ed. D.**
Tagapangulo

**LOURDES C. ESPARES M.A.**
Kagawad

**SUZETTE L. CORDUWA, M.A.**
Kagawad

**DOMINADOR Q. CABANGANAN, Ed. D.**
Kagawad

---

Tinanggap at pinagtibay bilang bahagi ng pagtupad ng mga kailangan sa pagtamo ng degring Master sa Sining ng Edukaseyon, Medyor sa Filipino.

Petsa ng Pasalitang Pagsusulit
Marso 19, 1992

**SENECIO D. AYONG, DPA. Ed. D.**
Dekano, Akademikong Instruksiyon

# PAGKILALA

Taos puso at walang humpay na pagkilala at pagpapahalaga at pagpapasalamat ang ipinaaabot ng mananaliksik una sa lahat, sa Panginoong Diyos, na Siyang laging tanglaw, gabay at pag-asa sa lahat ng oras ng kagipitan at pag-aalinlangan. Pangalawa, sa mga sumusunod na nakibahagi't naglaan ng panahon at paghihikayat upang maisakatuparan ang aklat na ito.

Kay Dr. Ulrico B. Mustacisa, Edukasyon Superbisor-1 (Filipino), sangay ng Samar bilang Tagapayo sa kanyang walang pagod na pagsusulit pagwawasto ng manuskrito.

Kay Dr. Senecio D. Ayong, Dekano, Paaralang Gradwado, Samar State Polytechnic College sa paghihikayat sa mananaliksik na isagawa ang pag-aaral na ito.

Kay Dr. Dominador Q. Cabanganan, Pangulo ng SSPC at Kagawad sa lupon ng pagsusulit sa kanyang mga suhestiyon at rekomendasyon.

Sa iba pang kasapi ng lupon ng pagsusulit tulad nina: Propesor Lourdes C. Espares, Propesor Suzette L. Corduwa sa kani-kanilang mga mungkahi/suhestiyon para mapabuti at mapahusay ang buong pag-aaral.

Kay Propesor Alma O. Uy sa paghahanda ng manuskrito. Hinding-hindi ko maaaring makalimutan ang kanyang taos-

pusong pagtulong bilang kapatid kay Kristo.

Kay. G. Alejandro Alli sa kanyang pagtulong sa pasasaayos ng mga modyul.

Sa mga administrador, gurong kalahok, mga mag-aaral at kapwa ko edukador sa larangan ng edukasyon lalong-lalu na sa mga paaralang pinagsagawaan ng eksperimental na pag-aaral - Paaralang Sentral ng Catbalogan III at Paaralang Elementarya ng Silanga silang lahat ay nakibahagi sa gawaing ito.

Sa lahat ng tumulong, nanalangin at kusang naghandog ng kanilang talino at kakayahan upang maisakatuparan ang tesis na ito. Sila'y lubos na pinasasalamatan.

L.A.G

# HANDOG

*Ang aklat na ito ay handog*
*sa Hari ng mga Hari, ang Panginoong Diyos*
*na pinagmulan ng lahat-lahat,*

*sa aking maalalahaning mga magulang,*
*Ginoo at Ginang Vicente at Es. Abellar;*
*mapaglambing na mga kapatid;*
*maunawain at mapagmahal na asawa,*
*Ginoo Pedro C. Garcia;*
*matulunging mga anak;*
*magagalang nga mga manugang; at*
*mababait na mga apo:*
*Silang lahat ang inspirasyon sa buhay ko.*

Lourdes

## ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay naglayong tiyakin ang bias ng modyul sa pagpapayaman ng pag-unawa sa pagbasa ng maikling katha sa ikaanim na baitang sa purokng Catbalogan III, Catbalogan, Samar noong taong panuruan 1991-1992. Ginamit dito and eksperimental na pamamaraang R0X002. Mayroon tig-40 kalahok sa bawat pangkat na bumubuo ng 80. Modyular ang kagamitang panturo. Ang unang pagsubok ay nakakuha ng kabuuan at tamtamang iskor na 26.68, samantala naman ang huling pagsubok ay nakukuha rin ng kabuuang tamtamang iskor na 44.75. Ang kwenintang t na 30.98 ng modyul ay mas mataas kaysa tabular t na 2.021 sa 0.05 antas ng halaga sa 38 antas ng kalayaan. Kaya ang ipotesis 3 Walang mahalang pagkakaiba ang mga tamtamang iskor sa unang at huling pagsubok ng pangkat eksperimental ay di-tinanggap. Samakatuwid, naroon ang lubhang pagkakaiba ng tamtamang iskor na namamagitan sa una at huling pagsubok ng pangkat eksperimental. Nakita rin na mas mataas ang tamtamang iskor sa huling pagsubok kaysa unang pagsubok. Ito ay isang palantandaan sa lubhang Malaki ang natutuhan ng mga kalahok sa eksperimental na pangkat na ginamitan ng modyular na kagamitan. May pagkakaiba ang resulta sa una at huling pagsubok ng pangkat control at pangkat ekperimental. Sa paghahambing din sa mga tinuos na datos ipinakita rin ang pagtaas ng mga tamtamang iskor sa kapwa pangkat. Sa kagamitang ginamit sa pagtuturo ng modyular ay nagpakita ng malawak na agwat at bias sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa kalahok.

TALAHANAYAN

DAHONG PAMAGAT . . . . . . . . . . . . . . . . . i

DAHONG PAGPAPATIBAY . . . . . . . . . . . . . . ii

PAGKILALA. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . iii

HANDOG . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . v

ABSTRAK. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . vi

Kabanata Pahina

1. ANG SULIRANIN AT SANLIGAN

Panimula. . . . . . . . . . . . . . 1

Paglalahad ng Suliranin . . . . . . 4

Batayang Konseptuwal. . . . . . . . 5

Kahalagahan ng Pag-aaral. . . . . . 7

Saklaw at Delimitasyon ng Pag-aaral. . . . . . . . . . . . 10

Katuturan ng nga Talakay. . . . . . 10

2. MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL

Mga Kaugnay na literatura . . . . . 15

Mga Kaugnay na Pag-aaral. . . . . . 26

3. METODOLOHIYA

Desinyo ng Pag-aaral. . . . . . . . 42

Ang Mga Kalahok . . . . . . . . . . . 43

Ang Instrumentong Ginamit . . . . . 44

Unang Pagsubok. . . . . . . . . . 44

Huling Pagsubok . . . . . . . . . 45

Ang Modyul. . . . . . . . . . . . 45

Paglikom ng Datos . . . . . . . . 49

Pagsusuri at Paglalapat ng Lunas Istatistikal. . . . . . . . . . 54

4. PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN NG MGA DATOS

Ang Tamtamang iskor sa Pangkat Eksperimental at Pangkat Kontrol . . . . . . . . . . . . . 58

Kaibhan ng Tamtamang Iskor ng mga Kalahok . . . . . . . . . . . 60

Bisa ng Modyul. . . . . . . . . . . 66

5. LAGOM, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Kinalabasan . . . . . . . . . . . . 68

Konklusyon . . . . . . . . . . . . 70

Mga Rekomendasyon . . . . . . . . . 71

6. ANG MGA KAGAMITANG MODYUL

Ang Modyul. . . . . . . . . . . . . 73

Maikling Kathang Isinamodyul. . . . 74

Mga ugat ng Kasalukuyang Maikling Katha . . . . . . . . . . . . . . 75

Ang Parabula. . . . . . . . . . . 75

Ang Pabula. . . . . . . . . . . . . . 76

Ang Alamat. . . . . . . . . . . . . . 76

Ang Anekdota. . . . . . . . . . . . . 77

Ang Karaniwang Kuwento. . . . . . . 77

Mga Panuto sa Paggamit ng Mga Kagamitang Modyular . . . . . . . . 78

Bakit Mahalaga ang Modyul . . . . . . 78

Ano ang Matututuhan Mo? . . . . . . . 79

Panimulang Pagsasanay . . . . . . 81

Ang Laman ng Modyul . . . . . . . . . 82

Pagsubok Bago Ituro ang Modyul. . . 84

Modyul 1 Unang Aralin PARABULA. "Nasa Diyos ang Awa, Nasa Tao ang Gawa" . . . . . . . . . . . . 93

Modyul 2 Ikalawang Aralin KARANIWANG KUWENTO, "Ang Kalusugan ay Isang Kayamanan. . 112

Modyul 3 Ikatlong Aralin ALAMAT "Huwag Husgahan ang Tao sa Panlabas na Anyo" . . . . . . . . 132

Modyul 4 Ikaapat na Aralin ANEKDOTA, "Mahalin ang Kapwa Tulad ng Pagmamahal sa Sarili" . . . . . . . . . . . . . 149

Modyul 5 Ikalimang Aralin PABULA "Ang Karunungan ay Mahalaga". . 165

TALASANGGUNIAN . . . . . . . . . . . . . . . . . . 182

MGA KARAGDAGANG DAHON. . . . . . . . . . . . . 185

KURIKULUM BITA . . . . . . . . . . . . . . . . . . 191

TALAAN NG MGA TALAHANAYAN ...................... 196

TALAAN NG MGA MAPA AT PIGURA ...................... 197

# Kabanata 1

## ANG SULIRANIN AT SANLIGAN

### Panimula

Ang naninising karaingan ng mga tao tungkol sa edukasyon ay dahil sa maraming mga mag-aaral ang may mababang natatamo kung ihahambing sa mga nakalipas na taon. Ayon sa kanila, ang kasalukuyang produkto ng sistema ng edukasyon ay nagpapasan ng maraming pagkukulang. Sila ay hindi nakababasa at nakasusunod ng payak na mga panuto, hindi rin nakapagsasalita nang wasto at matatas sa wikang Ingles at Filipino, hindi nakasusulat ng makatwirang mga talata at hindi nakalulutas ng payak na mga suliranin sa Matematika. Sa mga pagmamasid, pagsisiyasat, pananaliksik at iba pang kaparehong mga kagamitang ginamit upang masubok ang kahusayan ng kahanga-hangang tagumpay ng mga mag-aaral ang mahilig magpatunay sa kaganapan ng ganitong karaingan. Gaya nang dati, and sisi ay ibinubunton sa mga gurong siyang pinagmumulan ng mga pagtuturong ibinibigay sa mga mag-aaral. (Maceda: 1980)

Ang paninising ito ay pinagtibay ng isa sa pinakamahalagang isyu ng edukasyon sa Filipino ngayon na may kinalaman sa mababang kinalabasan ng mga mag-aaral sa isang pagsubok na ibinigay ng Ministri ng Edukasyon at Kultura, binago ngayon ang tawag ng Kagawaran ng Edukasyon, Kultura

at Isports. May kinalaman ito sa mga natuklasang "Proyekto sa Pagsisiyasat ng mga Kinalabasan ng Edukasyon sa Elementarya" na tinawag na "Survey Outcome on Elementary Learning" (SOUTELE) sa dalawang bahagi.

Sa dalawang bahagi ng SOUTELE, na lalong pinagtibay ang bawat bahagi sa kasalukuyang pagsisiyasat na iniharap ni Salvacion Velasco kamakailan lamang, nabunyag ang katotohanang may pagkakaiba ang katangian ng edukasyon sa ating bansa. Naging kasulatan ng SOUTELE ang katotohanan na ang mga estudyante sa pribadong mga paaralan ay lalong magagaling sa pagkuha ng pagsubok kaysa sa mga estudyanteng galing sa mga paaralang publiko gaya ng naitala sa mga kinalabasan ng mga pagsubok ng National College Entrance Examination (NCEE)

Ito ay lalong inamin ng dating Kalihim ng Edukasyon, Juan L. Manuel nang ipahayag niya sa paunang salita sa unang bahagi sa SOUTELE ang ganito:

> Ang mga anak ng mahihirap na ang pagpapaunlad ay dapat sana isang pambansang malasakit ang siyang pinakakaunti ang nakakamit mula sa uri ng ating edukasyon. (Maceda, 1980:515)

Ang katayuang ito ang bumabagabag sa sinumang pagsasabihang ang mga mag-aaral sa bansang malawak ay may limampung bahagdan lamang ang nakasagot nang wasto sa mga aytem ng pagsubok. Ipinahayag ng pag-aaral na ang pinaka-

mababang mga iskor ay sa tatlong batayang asignatura: pagbasa, wika at matematika. Ang ganitong kinalabasan kabilang ang mga bagay ay nagpapahiwatig na hindi pinagbuti ang pagtuturo ng sining ng komunikasyon lalo na sa pagbasa. Dahil dito, kinakailangan mapanumbalik ang maunlad, masinsinan at maparaang pananagutan ng isang guro sa paaralang elementarya.

Ang mananaliksik na ito ay naniniwalang ang pagtaas ng antas ng mga marurunong bumasa at sumulat ay isa sa pinaka-mahalagang tungkuling sapilitang hinihiling sa mga guro sa paaralang elementraya. Ayon kay Maceda (1980) ang pagbasa ang umaako ng pinakamahalagang papel na gagampanan upang matamo ang mga layunin ng edukasyon. Kaya, ang pag-aaral na ito ang siyang magiging dahilan sa unang pagkakasangkot ng mga guro sa silid-aralan.

Bilang isang guro dapat lamang nilang alamin at isaalang-alang na ang mga mag-aaral ay may ibat-ibang katangian, kakayahan at pangangailangan. Ito ay dapat bigyan-diin ng guro nang sa ganoon ang pagtuturo higit sa lahat ang pagbasa ay magkaroon ng bisa at maging makabuluhan para sa mga mag-aaral.

Napapaloob ang marubdob na pagnanasa ng mananaliksik na gumawa ng pag-aaral na ito upang tiyakin ang mga pamamaraang gagamitin ng mga guro sa paglinang ng mga gawain

sa pág-unawang pagbasang pampanitikan.

**Paglalahad Ng Suliranin**

Ang pag-aaral na ito ay naglayong tiyakin ang bisa ng modyul sa pagpapayaman ng pag-unawa sa pagbasa ng maikling katha sa ikaanim na baitang sa purok ng Catbalogan III, Catbalogan, Samar sa taong panuruan 1991-1992.

Ang sumusunod na mga katanungan ay nagsilbing gabay sa pag-aaral na ito:

1. Ano ang tamtamang iskor ng mga mag-aaral sa pangkat eskseperimental at pangkat kontrol?

   1.1 Unang pagsubok

   1.2 Huling pagsubok

2. Mayroon bang kaibhan ang mga tamtamang iskor ng mga kalahok na mag-aaral sa mga pangkat eksperimental at pangkat kontrol sa?

   2.1 Unang pagsubok

   2.2 Huling pagsubok

3. Ano ang bisa ng modyul sa pagpapayaman ng pag-unawa ng pagbasa ng maikling katha sa mga mag-aaral sa mga pangkat eksperimental at pangkat kontrol?

**Ipotesis**


Batay sa mga suliraning inilahad, ang mga sumusunod na ipotesis ang sinubok sa pag-aaral na ito:

1. Walang mahalagang kaibhan ang antas ng tamtamang iskor sa una at huling pagsubok ng mga mag-aaral sa pangkat eksperimental at pangkat kontrol.

2. Walang mahalagang kaibhan ang bisa ng modyul sa pagpayaman sa pag-unawa ng pagbasa ng maikling katha sa mga mag-aaral sa pangkat eksperimental na tinuruan ng mga gurong gumamit nito at sa mga mag-aaral sa pangkat kontrol na hindi gumamit nito.

<u>Batayang Konseptuwal</u>

Ang pag-aaral sa Pigura 1 ay nakatuon sa paggamit ng modyul sa pagpapayaman ng pag-unawang pagbasa ng mga kasangkot na kalahok. Ito ay batay sa pinagsama-samang teoriya na higit ang pagkatuto ng isang indibidwal kung siya ay nagkakaroon ng pagkakataon na masanay sa pagbasa ng anumang lathalain. Bunga nito, ito ang naging takaran o pundasyon tungo sa pagsasagawa ng isang pangkalinangang pananaliksik sa pamamagitan ng isang tiyak na kagamitang panturo na ang modyul. Dalawang pangkat ng kalahok ang bumuo ng pag-aaral; ang pangkat eksperimental at pangkat kontrol, Nasasalig ang dalawang pangkat sa tatlong uri ng baryabol: "moderate" baryabol na naglalaman ng gulang ng mga kalahok, kasarian at kalagayan o uri ng paaralan; independent baryabol, na nakatuon sa paggamit ng modyul sa panig ekspiremental at ang dependent baryabol na naglalaman




Pigura 1. Iskemang nagpapakita sa kaligikan, mga kalahok, baryabol, proseso't mga instrumento at tunguhin ng pag-aaral

ng antas ng kahusayan sa pagbasa ng mga kalahok. Ang mga ito ay napapaloob sa isang malawak na kuwadro na siyang magtitiyak sa kinalabasan.

Sa pang-itaas na bahagi mapapansin ang maaring kahinatnan ng pag-aaral sa pamamagitan ng isang maayos at tamang pagsasagawa. Inaasahan din ang pagtatamo ng mataas na antas ng kahusayan sa pagbasa at ang pinakalundo (highlight) ay ang pinakamataas o di-kalidad na literadong mamamayan na makatutugon sa kasalukuyang sosyal na kapaligiran.

Sa katayuang ito kinakailangan lang na ang guro at mga mag-aaral ay magkaroon ng lakas ng loob at kawilihan sa pagtuklas ng mga paraan sa paggawa ng modyul tungkol sa pagpapayaman sa pag-unawang pagbasa ng maikling katha. Sa pamamagitan nito malilinang ang kakayahan ng bawat mag-aaral sa tulong ng modyul na may malaking kinalaman sa isahang pagtuturong makapaglalaan sa bawat isa ng isang malinaw na patnubay tungo sa pagkamabisa ng pagtuturo.

## Kahalagahan ng Pag-aaral

Ang pagkakaroon ng mataas na antas ng kahusayan sa pagbasa at pagtamo ng pinakamataas o maykalidad na literadong mamamayan ay isa sa mga pangunahing pakay ng sistemang pang-edukasyonal at lubhang mahalaga sa buhay ng isang tao. Isa pa itong salik na makatutulong sa mabilis

na pagsulong ng ating ekonomiya at teknolohiya, patungo sa pag-unlad ng ating bansa.

Pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ang tiyakin ang bisa ng paggamit ng modyul sa pagpapayaman sa pag-unawa sa pagbasa ng maikling katha sa ikaanim na baitang ng mga piniling pangkat ng mga mag-aaral sa mga piniling paaralan sa purok ng Catbalogan III. Ang kinalabasan at konklusyon sa pag-aaral na ito ay makatutulong sa mga sumusunod.

Sa mga Tagapamahala ng Paaralan. Pagkatapos nilang mabasa ang tesis ng mananaliksik, magkakaroon sila ng batayan ukol sa bisa ng paggamit ng modyul sa pagpapayaman sa pag-unawa sa pagbasa ng maikling katha sa ikaanim na baitang ng purok ng Catbalogan III. Sa dahilang walang lumabas na higit na mabisang kagamitang pampagtuturo sa pag-aaral na ito. Maaari nilang sapilitang ipagamit sa mga guro ng ikaanim na baitang ang modyul sa pagpapayaman sa pag-unawa sa pagbasa ng maikling katha bilang isang katuparan sa mga pangunahing pakay ng sistemang pang-edukasyonal.

Sa mga Tagagawa ng Kurikulum. Ang naging resulta sa pag-aaral na ito ay magsisilbing gabay sa pagbabalangkas ng nilalamang ituturo ng pagbasa sa asignaturang Filipino. Bukod pa rito, ang mga materyal at kagamitang pampagtuturo

na bubuuin ay dapat tumugma sa pangangailangan ng mga kinauukulan.

Sa mga Guro. Ang pag-aaral na ito ay magsisilbing daan tungo sa pagsasakatuparan ng anumang programa ng kagawaran. Bunga nito magkakaroon sila ng pagkakataong maipakita ang likas na sariling angking kasanayan at kahusayan sa pagkamalikhain sa pagsasagawa ng makabagong kagamitang pampagtuturo sa lahat ng asignatura. Ang pag-aaral na ito ay makatutulong din sa mga guro sa pag pili at paggamit ng mga pamamaraan o estratehiyang makalilinang sa pag-unawa sa anumang uri ng babasahin.

Sa mga Mag-aaral. Madadagdagan ang kanilang kaalaman, kasanayan at kahusayan sa larangan ng pagbasa na may sariling pagkatuto. Malilinang ang pag-aaral nang sarilinan at pagsunod sa mga panuto at lalo nang mapapayaman ang pag-unawa sa pagbasa hindi lamang ang maikling katha ngunit pati na rin ang ibang uri ng babasahin.

Sa mga Magulang at Pamayanan. Sa pagpapayaman sa pag-unawa sa anumang uri ng babasahin magkakaroon ng malapit na pagkakaugnay ang mga magulang at pamayanan nang sa ganoon mapapalapit din ang paaralan sa pamayanan.

## Saklaw at Delimitasyon ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay sumasaklaw lamang sa asignaturang Filipino sa pagbasa na gumagamit ng modyul ng estratehiyang pampagtuturo na ginagamit sa paglinang sa pag-unawa sa pagbasa ng maikling katha. Ang mga kalahok ay mga mag-aaral sa ikaanim na baitang sa purok ng Catbalogan III, Sangay ng Samar, Catbalogan Samar sa ikalawang semestre sa taong panuruan 1991-1992

Mayroon dalawang pangkat ng kalahok mula sa purok ng Catbalogan III. Ang una ay sa Paaralang Sentral ng Catbalogan III bilang pangkat eksperimental at ang ikalawang pangkat ay mula sa Paaralang Elementarya ng Silanga bilang kontrol na pangkat. Ang bawat pangkat ay binubuo ng tig-aapatnapung (40) mag-aaral sa kabuuang bilang ng walumpu (80).

## Katuturan ng mga Talakay

Binigyan katuturan ang sumusunod na mga talakay ayon sa konseptuwal na kahulugan at pagkakagamit ng mga ito sa pag-aaral.

Baryabol. Ito ay isang bagay, salik, pangyayari o kaparaanang may dalawa o higit pa sa dalawang katangiang nagsisilbing batayan sa pag-uuri-uri o pagpapangkat-pangkat ng mga kalahok o bagay na kasangkot sa pag-aaral.

Batayang konsepto. Ito ay tumutukoy sa mga kaisipan o mga simulaing nagiging sanligan o pundasyon sa pagsasagawa ng anumang balak.

Bisa. Ito amg pagbabagong nalikha sa pag-unawang pag-basa pagkatapos gumamit ng modyul at estratehiyang pampagtuturo. Ito rin ang bunga o epekto ng paggamit ng modyul sa pag-aaral na ito.

Kagamitang pampagtuturo. Tumutukoy ito sa mga kagamitang ginagamit ng guro sa pagtuturo tulad ng: tsart, larawan, tunay na mga bagay, atbp., Sa pag-aaral na ito tumutukoy na ginamit sa pagtuturo.

Kalahok. Ang mga mag-aaral na tuwirang pinagkunan ng mga datos na kinakailangan sa pag-aaral na ito. Ang mga tinutukoy na mag-aaral ay yaong mga kasali lamang ng klaseng eksperimental at kontrol na binigyan at kumuha ng una at huling pagsubok. Sila ay mga mag-aaral sa ikaanim na baitang ng Paaralang Sentral ng Catbalogan III at Paaralang Elementarya ng Silanga purok ng Catbalogan III.

Kaligirang pangalawang wika. Tumutukoy ito sa mga lugar na ang mga tao ay di-taal na tagapagsalita ng isang wika. Ang wikang Filipino, halimbawa, ay pangalawang wika ng mga Waray, ang mga katutubo ng Samar at Lungsod Tacloban. (Macairan, 1979:9)

Kasanayan. Tumutukoy sa isang kakayahan sa mabisang

paggamit ng mga kaalaman at kahandaan sa pagsasakatuparan ng gawain (Webster, 1976:955) Sa pag-aaral na ito tumutukoy sa minimum na kasanayan ng pagkatuto.

Kasanayan sa Pagbasa Tumutukoy sa isa sa apat na batayang mga kasanayan sa pagbasa: Pakikinig, Pagsasalita, Pagbasa, at Pagsulat. Sa katiyakan ito ay sa pag-unawang pagbasa.

Kuwadro. Tumutukoy sa bahagi ng modyul na kinapapalooban ng impormasyong babasahin, pagsubok sa sarili at mga kasagutan. .isa sa mga bahagi ng modyul.

Guro. Ito'y tumutukoy lamang sa mga guro ng Eksperimental na gumagamit ng modyul bilang kagamitang panturo at guro ng kontrol na klase na hindi gumagamit ng modyul. Sila ay mga guro sa purok ng Catbalogan III. Ang una ay nagtuturo sa Sentral at ang pangalawa ay nagtuturo sa Paaralang Elementarya ng Silanga.

Huling pagsubok. Ito ang instrumento ng pag-aaral na ibinigay ng mananaliksik sa mga kalahok ng mga pangkat eksperimental at mga pangkat kontrol pagkatapos ng pag-aaral upang matiyak ang bisa ng modyul bilang kagamitang pampagtuturo at ang antas ng kahusayan sa pagbasa ng mga kalahok ng pag-aaral.

Modyul. Isang uri ng kagamitang pampagtuturo na may sariling nilalaman (self-contained). Ito ay ganap na

nagtataglay ng lahat ng kinakailangan sangkap para sa sariling pagkatuto ng mag-aaral.

Pamaraang Modyular. Tumutukoy sa isang paraan ng isahang pagtuturo sa pamamagitan ng paggamit ng modyul na siyang kinapapalooban ng mga aralin.

Pagbasa. Tumutukoy sa proseso ng pagkuha ng kahulugan mula sa nakalimbag na mga babasahin. Maari ring sabihin pagbibigay kahulugan sa nakalimbag na pahina (Dolch, 1965:151).

Paggamit. Ito ay ang paglalapat pagpapairal ng independent na baryabol na walang iba kundi ang paggamit ng modyul sa mga kalahok ng mga pangkat eksperimental.

Pagsubok sa pag-unawa. Sa pagbasa, tumutukoy ito sa pagsukat sa kaalamang abot sa pagbasang may pag-unawa. Ginagamitan ito ng iba't ibang instrumento sa pagtala ng bilis o natamo sa pagbasang-pasalita o tahimik na proseso.

Pag-unawang pagbasa. tumutukoy sa mga ginawa at natamo o nakamit ng mga bata sa pagbasa. Sa pagbasa kailangan makuha ang diwa, ideya, o kahulugang naiintindihan sa binasa. Sa katunayan, ang pagbasang walang pag-unawa ay hindi matatawag ma pagbasa, dahil sa ang pagbasa ay nangangailangan ng pag-unawa.

**Pangkat kontrol.** Ito ang mga kalahok na mag-aaral na tinuturuan ng gurong gumagamit ng karaniwang aklat sa

ikaanim na baitang.

Pangkat eksperimental. Ito ang mga kalahok na mag-aaral na tinuturuan ng gurong gumagamit ng modyul bilang kagamitang pampagtuturo.

Sinadyang sampling. Binubuo ng mahigit ng apatnapung (40) mga mag-aaral ang bawat klase sa ikaanim na baitang ng unang pangkat ng mga pangkat kontrol at pangkat eksperimental ng Paaralang Sentral ng Catbalogan III at Paaralang Elementarya ng Silangan sa taong panuruan 1991-1992. Subalit random na pinili ang mga mag-aaral na bumuo ng dalawampung kontrol at dalawampung eksperimental na binigyan ng una at huling pagsubok.

Tagapamahala. Ito ay tumutukoy sa mga opisyal ng paaralan tulad ng pampurok na Tagamasid.ng Catbalogan III at Punong-Guro ng Paaralang Sentral ng Catbalogan III at Paaralang Elementarya.

Unang pagsubok. Ito ang instrumento ng pag aaral na ginamit ng mananaliksik sa mga paglikom ng datos sa eksperimental at pangkat kontrol sa ikaanim na baitang ng purok ng Catbalogan III.

Kabanata 2

# MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL

Sa kabanatang ito, ang mananaliksik ay matiyagang naghanap ng kaugnay na mga literatura at nalathalang pag-aaral na isinagawa sa Pilipinas at sa ibang bansa. Nakatulong ito nang malaki sa pagpapayaman ng kanyang pag-aaral at sa pagpalawak na pananaw tungkol sa ginamit na disenyo ng kanyang pag-aaral.

Ang kabanatang ito ay inilahad sa dalawang bahagi: (1) mga kaugnay na literatura at (2) mga kaugnay na pag-aaral. Ito ay matutunghayan sa mga sumusunod na pahina.

## Mga Kaugnay na Literatura

Ayon sa aklat ni Fries (1963:120) ang mga batang nagkakamit ng negatibong mga saloobin nang maaga ay naging mahihinang mag-aaral o lubhang naapektuhan ng mga kahirapan sa pagkatuto. Sa maraming mga mag-aaral na humihinto ng pag-aaral ang pinakamadaling paraan ng pagtatalaga ay isang suliranin. Subalit ang mga batang nagkakamit ng positibong mga saloobin ay nasanay sa batayang mga kasanayan at nakapagtatagal sa kanilang pag-aaral upang matutong bumasa at sumulat at napapanatili ang kanilang kakayahan sa pagbasa.

Ipinahayag nina Olson at Dillmer sa kanilang pag-aaral (1975:11) na ang pagkilala ng salita at pag-unawa ay hindi dapat mawala upang mabigyang-diin ang makahulugang pagsasagawa ng pagbasa. Ang pagkakaugnay ng pagkilala ng salita at pag-unawa ay hindi dapat paghiwalayin sa dahilang ang nauna ay hindi magkakaroon ng makahulugang pagsasagawa kung ang huli ay hindi rin mangyayari.

Naidagdag sa kanilang pagpapahayag na ang mga kasanayan sa pag-aaral ay iyong mga kasanayang makatutulong sa mga mambabasa upang magkaroon ng kakayahang gumamit ng mga kasanayan sa pamaksang pag-unawa. Isinasama sa ganitong mga kasanayan ang paghanap ng impormasyon, at ang ganitong mga kasanayan, paghanap ng impormasyon, ang pag-ayos ng impormasyon, pagpapabuti at pagpapaunlad sa bilis at paglalapat ng mga kasanayan sa pag-aaral.

Ayon kina Dallman, Rouch, Chang at Deboer sa kanilang pagsisiyasat (1974:17) ang pagbasa ay isang panghabambuhay na kasanayan at isang panghabambuhay na proseso. Kapag ito ay natamo ang pagbasa ay magiging kasangkapan para sa pag-katuto, isang paraan para sa personal na pagsulong at maging sa panlipunang pag-unlad. Ang hindi nakababasa ay maliligaw sa kasalukuyang daigdig ng pangmasang pakikipag-talastasan at pagsambulat ng mga impormasyon.

Lalong binigyan-diin nina Dallman, Rouch, Chang at

Deboer (1974:17-18) na ang kahalagahan ng pagtuturo ng mga kasanayan sa pagbasa, samakatuwid, ay hindi dapat ipagwalang bahala. Ang pagtatamo ng ganitong mga kasanayan ay isang mahalagang salik, kailangang-kailangan, isang pangangailangang maka-iimpluwensiya, makatutulong at mag-bibigay-sigla sa bata upang magtagumpay sa kanyany pag-aaral at sa bandang huli, sa kanyang pang-araw-araw na mga gawain sa buhay. Walang alinlangan, ang pagtataglay ng mga kasanayan sa pagbasa ang magpapakilos sa bata upang magkaroon ng hangaring bumasa nang marami sa kanyang palagiang paghahanap para sa higit pang kaalaman tungkol sa kanyang kapaligiran sa daigdig.

Ipinahayag ni Arthur Gates sa kanyang pananaliksik na ang pagbasa ay maglalaan para sa pagpapabuti, pakinabang at pagpapayaman sa sariling katauhan at buhay sa lipunan. Makapag-aambag nang higit sa pagkilala sa sarili, sa kapwa at sa dakilang daigdig. Mahalaga ring malamang ang mga kakulangan nito ay makapagdudulot ng maling pag-aakmang magiging daan tungo sa kabiguan, pagwawalang bahala at kakulangan sa pangganyak, pagkalito at kabigatan ng loob sa pagsisikap upang matutong bumasa.

Ang pag-unlad ng bata sa iba pang asignatura ay umaasa nang malaki sa pag-unlad sa pagbasa. Lahat ng asignatura ay pagbasang mga asignatura at ang lahat ng mga guro ay guro

sa pagbasa. Ang mga kasanayan sa pagbasa ng mga guro ay maka-iimpluwensiya nang malaki sa pagtuturo.

Binanggit ni Strant (1974:238) sa kanyang pag-aaral ang mga impluwensiya ng saloobin, kilos, lohika, pangangatwiran at pag-aasam sa pag-unawa ng isang talataan. Kahit na sa salita sa mga pahina ay pareho ang pagbasa, ang bawat mambabasa ay magkakaiba ang impresyon sa may-akda. May kaugnayan ang saloobin sa pagpapakahulugan dahil sa ang mambabasa ay bumabasa ayon sa kanyang damdamin at isipan. Ang kanyang saloobin sa mismong pagbasa ay mahalaga rin. Ang mambabasa ay dapat bumasa hindi upang sumalungat o sumang-ayon, pero upang timbangin at isaalang-alang ang binasa.

Ibinigay pa niya ang tatlong sunod-sunod na mga hakbang sa paglinang ng kasanayan sa pag-unawa ng talataan: una, hanapin ang mga salitang sagot sa isang pangungusap. Ito ay maaaring salungguhitan at gamitin sa pagbuo ng isang telegramang nagsasaad ng pangunahing ideya sa mga posibling salita bagamat kakaunti. Ang mga estudyante ay karaniwang umuunlad mula sa mga salitang pinakapayak patungo sa pinakamahirap. Pangalawa, hanapin ang pangungusap na sagot sa isang talata. Sa pamamagitan nito, matutuklasan ng mga estudyante kung anong ideya ang binibigyan-diin at kung paano iniuugnay ang ibang mga pangungusap sa ideyang ito.

Pangatlo, hanapin ang pangunahing diwa sa isang talata. Dito ipinakikilala ng guro ang talatang walang ideyang ipinahahayag o pinakamahalagang sinasabi sa isang pangungusap.

Sa bahaging ito, kailangang gumawa ng mga implikasyon ang mga estudyante tungkol sa lalong mahalagang layunin ng talata at ipahayag ang ideyang tumutukoy sa kaayusan ng talataan.

Inirekomenda ni Ebel (1969:1069) sa kanyang pag-aaral ang isang bagong estratehiya sa pagsukat ng kahirapan sa pagbasa ng mga materyal sa pamamagitan ng magkalapit na pamamaraan. Sa pamamaraang ito, sinusuri ang pag-unlad ng halos magkaparehong kahulugan ng sipi sa mga salitang ginagamit sa mga teksto. Ang pagdulog na ito ay nakatuon sa palagay hango sa teoriyang impormasyon, na ang mensaheng nakasulat ay na-iiba at dahil dito nag-iiba sa bilang ng kagamitan na maaaring kaltasin nang hindi nasisira ang kahulugan.

Bilang karagdagan, ipinahayag niya na ang mga mahuhusay na mambabasa ay higit na sumusunod sa pag-aakma ng kanilang bilis sa pagbasa sa kahirapan ng babasahin kaysa mga mahihinang mambabasa.

Binanggit ni Durrel (1956: 31) sa kanyang pagsusuri ang ilan sa mga karaniwang kahinaan sa pagtuturo sa

intermedyang may kaugnayan sa mga sumusunod: kabiguang makapaglaan ng teknik na gagamitin sa pagganyak sa pagbasa.

Ang ilan sa mga karaniwang namasid na mga kamalian at kahinaan ay ang mga sumusunod: (1) kabiguang masuri ang pagkakaiba-ibang mga pangngailangan sa pagbasa ng mga mag-aaral upang makapaglaan ng masikhay na pagtuturo at malunasa ang kahinaan, at (2) kabiguang makapaglaan ng mga teknik sa pagganyak upang mapanatiling mataas ang kawilihan sa pagbasa.

Lalong binigyan-diin ni Tinker (1958:15) sa kanyang pananaliksik na ang dapat gampanan ng mga gurong may mga positibong hangarin ay ang panghuling layunin ng lahat sa pagbasa na walang iba kungdi ang pag-unawa. Samakatuwid, magiging layunin din ng guro sa pagbasa ang paglinang sa lahat ng mga kasanayan sa pag-unawa at hanapin kung anong mga kahirapan sa pag-unawang makakatagpo ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa sining ng wika at komunikasyon.

Ayon kay Hildreth (1958:372-373) sa kanyang pag-aaral, ang antas ng kahirapan ng babasahin ay katimbang sa bilang ng iba't ibang mga salitang nasa teksto. Dahil dito ang pagpili ng angkop na babasahin ay nakasalalay sa tungkulin ng guro sa silid-aralan.

Ayon kina Duffy at Sherman (1977:34) sa kanyang pag-susuri, ang pagtuturo ng pag-unawa ay nagsisimula sa antas

ng pagkilala ng kahulugan ng salita. Ang nakasulat na mensahe ay binubuo ng lipon ng mga salita at ang lahat ay nagtataglay ng kahulugan. Kung ang mga kahulugan ng mga salitang binabasa ay hindi sakop ng karanasan ng mambabasa o wala kahit kaunting antas ng kaalaman sa pag-unawa ito ay nasusugpo o napipigil.

Naidagdag sa pag-aaral nina Duffy at Sherman (1977:32) na ang pagbabasang may pag-unawa ay nauuri sa tatlong kaugnay na pangkat: (1) pag-unawa bilang isang prosesong tagapagpaliwanag, (2) pag-unawa bilang isang pag-iisip na proseso at (3) pag-unawa bilang isang pagpapahalagang proseso.

Pag-unawa bilang isang prosesong tagapagpaliwanag. Nagmumungkahi ito sa mga mambabasang nagsisikap matuto ng ilang mga bagay mula sa pagbasa. Nagsisikap silang matuto sa makatotohanang nilalaman ng isang mensahe at gustong malaman kung ano ang tiyak o orihinal na ipinapaliwanag ng mensahe.

Pag-unawa bilang isang pag-iisip na proseso. Nagmungkahi ito na kapag nakuha na ang prosesong nag- bibigay ng paliwanag, ang mga mambabasa ay maaaring asahan upang makapag-isip tungkol sa impormasyong ipinaliliwanag, at maari nilang tuklasin ang malalalim na mga implikasyon nito. Upang maisagawa ito, kinakailangang malaman nila ang

pagkuha ng kahalagahan ng iba't ibang pagkakaugnay batay sa kanilang sariling nakaraang mga karanasan at kaalaman ng higit na masalimuot na mga kayarian ng wika.

Pag-unawa bilang isang pagpapahalagang proseso. Nagmumungkahi ito na pagkatapos maunawaan ang isang mensahe, ito'y dagliang maisasagawa. Ang ganitong aksiyon o kilos ay maaring buuin o magtaglay ng iba't ibang gawain bilang pagtanggap sa mensahe o paghahanap ng higit na impormasyon upang mabigyang linaw o liwanag ang isang posisyon o kaalaman.

Inilarawan nina Bond at Wagner (Faller, 1982:26) na ang pag-unawa ay binubuo ng isang bilang ng batayang mga kakayahan, kasama ang kasanayan sa kaalaman sa mga kahulugan ng salita at sa pagpapangkat ng mga salita sa mga makadiwang yunit. Pangunahin sa lahat ng pagbasa ay ang pagkuha ng kahulugan. Ang kaalaman ang binibigyang-diin mula sa simula ng pagtuturo sa pagbasa.

Isinasama sa pag-unawa ang tiyak na mga kasanayang inuri sa ilalim ng limang pangunahing pamagat: pagbasa sa makatotohanang impormasyon, pagbasa upang makapag-ayos, pagbasa upang makapagtaya, pagbasa upang makapagpaliwanag, at pagbasa upang makapagpahalaga.

Isa pang kaugnay na pag-aaral ang isinagawa ni Rosenblatt (Faller, 1982:26) sa kanyang paghambing sa

dalawang pagdulog sa paghinuhang pagbasang pag-unawa. Ang Sistemang Pagbasa ni Hoffman: Paghinuhang Pag-unawa (Antas 2) at ang Estratehiya sa Huwarang Pagtatanong ang ginamit. Ang mga kinalabasan ay nagpakita ng lalong makabuluhang pang-estatistikang pagkakaiba sa pagitan ng pagganap ng mga estudyanteng tinuruan ng ganitong mga teknik.

Isa pang pag-aaral ang pinangasiwaan ni Bird (Faller, 1982:41) na nagtataglay ng layunin upang masiyasat ang bisa ng dumaraming gamit ng iba't ibang lantad na mga estratehiya sa pagbasa ng isang tuwirang pagdulog sa pagtuturong idinisenyo upang madagdagan ang kaalaman sa asignatura. Ang pangalawang layunin ay upang masiyasat ang epekto ng dumaraming gumagamit ng ganitong lantad na mga estratehiya sa pagbasang pag-unawa.

Ayon kay Shoop (Faller, 1982:41) sa kanyang pag-aaral ang mga dalubhasa sa pagbasa ay nagmungkahing ang kumpletong pag-unlad ng mga kasanayan sa pagbasa kasama na ang pag-unawa ay nangangailangan hindi lamang sa pagpapalawak sa pagtuturo ng pagbasa sa kabila ng mga taon sa paaralang elementarya, pero kinakailangang isama pa rin ang malawak na pagkakaiba-iba ng mga kagamitan kasama na ang aklat. Ang kanyang pag-aaral ay naghahambing ng tatlong mga estratehiyang pampagtuturo na maka-aapekto sa paghinuhang-pag-unawang kumakatagpo sa ganitong mga kategoriya: (a)

teknik na "cloze", (b) patnubay na pag-aaral na pagdulog, at (c) ang kombinasyong paggamit ng teknik na "cloze" at patnubay na pag-aaral na pagdulog.

Sa pag-aaral na ito gumawa si Shoop ng dalawang konklusyon: (1) Ang kombinasyon ng "cloze" at patnubay na pag-aaral na pagdulog ay mga pamamaaraang pampagtuturong natagpuang higit na mabisang pampagtuturong pagtatalakay kaysa pamamaraang "cloze" lamang na makaaapekto sa paghinuhang pag-unawa, (2) mataas, gitna, mababang antas ng tagumpay sa pagbasang higit na nakaaapekto sa paghinuhang pagbasa.

Ang pag-aaral na ito, bagamat ang tuon ay ang paggamit ng modyul upang matiyak ang bisa nito sa paglinang ng pag-unawang pagbasa ay nagkakaugnay sa mga pag-aaral na nabanggit dahil sa ang mga ito ay nagbibigay diin sa pagpapaunlad ng kakayahan sa pag-unawang pagbasa, sa mga kasanayang makatutulong sa paglinang ng pagbasang may kinalaman sa personal na pagsulong tulad ng paggamit ng modyul na pumapanig sa isahang pagtuturo, paggamit ng mga estratehiyang pampagtuturo upang malinang ang pagbasang pag-unawa sa pagpaunlad ng antas ng kakayahan ng mga mag-aaral at pagpapabuti ng pagtuturo sa panig ng mga guro. Ang paggamit ng modyul ay isang estratehiyang pampagtuturo. May kinalaman ito sa pag-aaral na binanggit ni Shoop tungkol sa

patnubay sa pag-aaral. Ang modyul ay isang kagamitang ganap. Ganap sapagkat nagtataglay ito ng lahat ng kinakailangang sangkap para sa sariling pagkatuto ng mag-aaral. Naglalaman din ito ng mga patnubay sa pag-aaral na magagamit ng mag-aaral.

Isa pang pananaliksik na makabuluhan sa pag-aaral na ito ay ang isinagawa ni Gordon (Faller, 1982:42). Sa kanyang pag-aaral nasubok ang kahalagahan o pangkalahatang kakayahan ng mga kinalabasang ipinalagay sa dalawang eksperimental na pagtalakay, nagtataglay ang disenyo ng dalawang mga salik: kakayahan sa pagbasa at pagtatamo ng pagsubok habang sumasagot sa mga suliranin. Bilang karagdagan, apat na uri ng malayang panukat ang pinangasiwaan: (1) pag-unawang tanong tungkol sa pagpipiling pampanuto (2) pasulat na paggunita, (3) idinisenyong eksperimental na panghuling pagsubok sa pag-unawa sa ilalim ng mga kalagayang nagpapahiwatig ng pahintulot sa paggamit ng aklat o walang aklat na kaagad ibinibigay pagkatapos ng interaksiyon at pagkatapos ng naantalang panahon, (4) pagsubok sa pagbasang may pamantayan (Standardized Test).

Nagkakaugnay ang pag-aaral na ito sa kasalukuyang pag-aaral sa ilang aspekto. Tulad ng paggamit ng malayang mga panukat sa pag-aaral na nabanggit at sa kasalukuyang pag-aaral na gumagamit din ng idinisenyong eksperimental na may-

una at huling pagsubok na gumagamit ng modyul sa pagpapayaman sa pag-unawang pagbasa ng maikling katha.

Isa pang pag-aaral na higit na makabuluhan sa kasalukuyang pag-aaral ay ang isinagawa ni Klesius (Faller, 1982: 43). Sa kanyang pag-aaral, ginamit niya ang mga mag-aaral sa ikaanim na baitang bilang tuon ng pag-aaral katulad ng kasalukuyang pag-aaral na ang tuon ay mga random na piling mag-aaral sa ikaanim na baitang, maging ang kagamitang ginamit sa pag-unawa ay parehong inilaan sa pangkat eksperimental.

Mga Kaugnay na Pag-aaral

Ang di-nalathalang tesis ni Macairan (1979) na pinamagatang "Mga Hulwarang Modyul sa Pagtuturo ng Pilipino sa Mataas na Paaralang Bokasyunal sa Kapaligirang Pangnalawang Wika" ay isang hulwarang modyul sa pangalawang wika na walang iba kundi ang Filipino.

Narito ang ilan sa mga mahahalagang kaisipang sinipi sa nasabing pag-aaral na may kaugnayan sa pananaliksik na ito:

Ang pag-aaral ni Mendoza (Macairan, 1979: 10) tungkol sa mga hulwarang modyul na kanyang kagamitan upang malinang ang ilang kakayahan sa pagbasa, talasalitaan, kayarian at pagsulat sa pamamaraang integrasyon. Sa pag-aaral na ito, limampung mag-aaral sa ikalawang baitang sa mababang paaralan na binubuo ng marurunong, katamtaman at mahihinang

mag-aaral ang siyang sinubok. Naging maganda ang kinalabasan dahil sa napag-alamang lahat ng klase ng mag-aaral, marunong, katamtamanman o mahina ay nakinabang sa nihandang kagamitang panturong nakatulong ng 45.75% sa pag-aaral ng mga aralin o leksyong napapaloob sa modyul.

Gayundin ang ginawa ni Espiritu (Macairan, 1979: 12) sa kanyang pag-aaral. Inilahad niya ang paggamit ng iba't ibang paraan o pagdulog upang higit na makatugon sa kawilihan, karanasan at kakayahan ng mga mag-aaral nang sa gayon ay makamit ang mga layuning binibigyang-diin. Nabatid sa pag-aaral niya na sa bawat kagamitang panturo, maaring malinang ang mga layunin sa pagbasa, talasalitaan, kayarian, pakikinig, pagsasalita at pagsulat.

Nagkakaugnay ang dalawang pag-aaral na nabanggit sa pananaliksik na ito, sa dahilang kapwa binibigyang-diin ang paggamit ng modyul bilang kagamitang panturo sa paglinang ng araling itinuturo. Ang pagkakaiba lamang ay ang saklaw ng kasanayang nalilinang, dahil sa malawak ang sakop ng dalawang pag-aaral na nabanggit na kumakasangkot sa mga kasanayan sa pagtuturo ng wika, samantalang ang pananaliksik na ito ay sa paglinang lamang ng pag-unawang pagbasa ng maikling katha.

Pumapanig ang mananaliksik sa mga kaisipang sinipi sa pag-aaral na pinagkunan o mga kaugnay na literatura at pag-

aaral na nagpapatunay na ang mga mag-aaral bilang indibiduwal ay may angking iba't ibang paraan o estilo ng pagkatuto. Sa pagkatuto ng Filipino sa pamamagitan ng pag-unawang pagbasa ng maikling katha kinakailangan ang maka-tuwirang paggamit ng kagamitang panturo tulad ng modyul na naglalaman ng maraming patnubay sa pagkatuto. Gayunpaman, ang pagdisenyo ng kagamitang panturong ito, dapat isaalang-alang ang pag-iiba-iba ng estilong gagamitin sa pagtuturo sa bawat mag-aaral.

Totoong nag-iiba-iba ang mga mag-aaral sa antas ng kanilang kakayahan at maaaring magkaiba rin sa kawilihan at pangangailangan. Ang ganitong katayuan ay sanhi ng maraming panlabas na mga salik na nakaaapekto sa pagtuturo. Dapat lamang maging maagap ang guro sa paghanap ng mga inaasahang kalutasan sa anumang hadlang na makakasalubong.

Isang napakahusay na mungkahi ang nakuha ng iyong abang manaliksik sa pag-aaral ni Macairan (1979:26) na nagsasaad tungkol sa masining na pagtuturo. Ang mahalagang konsepto nito'y magagamit sa pagbuo ng mga kagamitang panturo sa Filipino.

Ang karaniwang tanawin sa daigdig ng mga guro ay ang tambak ma kanilang mga gawaing pansilid-aralan, likha ng mga makalumang kagamitang panturong nasuri. Dahil nga rito nararapat lamang na baguhin ang mga ito upang kahit

papaano ay mabawasan ang kanilang mga gawaing nagpapabagot sa kanilang buhay. Dahil na rin sa kagamitang makaluma, ang pagkamalikhain ng guro ay sadyang nawawala. Ang pag-didisenyo ng bagong kagamitang panturo, ng guro sa tulong ng mga kagamitang ito ay makapagpapakita ng kanyang pagkamalikhain, kaalaman at kasanayan sa pag- papadali ng pagkatuto dahil siya'y malaya sa kanyang gagawin sa pagpapaunlad sa kakayahan ng mga mag-aaral lalung-lalo na sa larangan ng pagbasa.

Sa konseptong ito, mababawasan ang trabaho ng mga guro sa silid-aralan na siya ang dapat gumanap bilang isang gurong propesyunal. Sa panig naman ng mga mag-aaral, ang guro sa silid-aralan ay gaganap bilang tagapangasiwa sa pagkatuto, tagapayo ng bawat mag-aaral. Bilang dagdag sa konseptong ito, ang pagkamalikhain ay isang katangiang napakamahalagang taglayin ng isang guro dahil sa maiaakma niya ang lahat ng kanyang pagtuturo sa anumang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral.

Napatunayan na ang paggamit ng modyul lalo na sa mababang baitang ay mabisa, dahil sa ang bawat isang mag-aaral ay may sariling patnubay sa mga gawain at may mga pagsasanay na nakapaloob dito. Ang araling dapat bigyan-diin ay iniaangkop sa kanilang kakayahan, kawilihan at at karanasan kung kaya ang pagkatuto sa aralin ay napakadali

para sa kanila.

Napansin din ng mananaliksik na ang paggamit ng modyul ay humihikayat sa mga mag-aaral na gagamit nito dahil sa taglay nitong pamamaraang parang nakikipag-usap, pumupuri sa bawat wastong pagtugon at humihimok kung sakaling may kaunting kahirapang nakakatagpo. Gumaganap na parang isang tunay na guro ang kagamitang panturong ito.

Bilang isang gurong may malikhaing pagganap kailangan lamang maging handa siya sa mga kagamitang pampagtuturo sa anumang araling ituturo sa mga mag-aaral. Kinakailangan din sa kanyang pagkamalikhain ang paggawa ng modyul na magagamit upang mapabuti ang pagtuturo at mapadali ang pagkatuto sa panig ng mga mag-aaral. Hindi rin dapat kaligtaan ang wasto at magandang pagsasaayos ng silid-aralan upang mapanatili ang kawilihan ng mga mag-aaral. Maging ang iba pang mga kagamitang pampagtuturo ay kailangang laging maayos sa lahat ng oras ng pagkaklase.

Talagang makabuluhan ang pagpapayaman ng pagbasang may pag-unawa hindi lamang ng maikling katha, na siyang tuon ng pag-aaral na ito, kundi pati na rin sa pagbasa ng kahit anong babasahin. Ang konseptong ito ay makapaglalaan ng isang matibay na sanligan ng mag-aaral sa pag-aaral at pagpapaunlad ng kanyang kakayahan hindi lamang sa pagbasa kundi pati na rin sa iba pang asignatura. Ito'y pinagtibay

ng isa sa mga binanggit na banyagang literatura, na ang lahat ng asignatura ay pagbasang asignatura, kaya't kailangan lamang na malinang ang mga kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Sa di nalathalang pag-aaral ni Villanueva (1995) sa "Effectiveness of Instructional Module in Teaching Integers" ipinahayag niya na batay sa mga kinalabasan ng kanyang pag-aaral natuklasan niya ang mga sumusunod.

1. Batay sa "Flesch Reading Scale" para sa kaangkupan at interes, ang modyul ay isang kagamitan pampagtuturo na di-gaanong mahirap at angkop para sa una at ikalawang taong estudyante sa haiskul.

2. Ang kwenintang "t-value" na 0.285 ay higit na mababa kaysa "tabular value" na 2.201 sa 0.05 " level of significance" at 48 "degree of freedom na nagpapatunay sa pagtanggap ng null hypoyhesis na walang pagkakaiba ang "mean score" sa unang pagsubok ng pangkat eksperimental at pangkat kontrol.

2. Ang kwenintang "t-value ng 6.56 ay higit na mataas kaysa "tabular t ng 2.062 na nagpapakita ng di-pagtanggap sa "null hypothesis". Ito'y nangangahulugan na mayroon talagang pagkakaiba ang "mean score" ng unang pagsubok ng pangkat kontrol. Nangangahulugan din na mas mataas ang eskor ng huling pagsubok kaysa unang pagsubok. Ipinakikita

rin dito na may naganap na pagkatuto sa pangkaat kontrol.

4. Ang kwenintang "t-value na 6.398 ay nasa mataas kaysa "tabular t na 2.064 sa 0.05 "level of significance" sa 24 "degree of fredom," na nangangahulugang tinatanggihan ang "null hypothesis." Sa gayon, masasabi na may pagkakaiba ang mga "mean score" ng unang pagsubok sa huling pagsubok ng pangkat eksperimental. Ito'y nagpapakita na ang taas ng eskor ng huling pagsubok ng pangkat ekspiremental ay nagpapahayag ng malaking pagtanggap at tagumpay ng modyul sa mga kinauukulang estudyante.

5. Ipinakita ang kinalabasan ng pagsubok na ang kwenintang "t- value" na 1.476 ng modyul ay mas mataas kaysa "tabular t" na 2.021. Itoy nagpapahiwatig sa pagtanggap ng null hypothesis." Samakatuwid, walang mahalagang pagkakaiba ang "mean score" sa huling pagsubok ng dalawang pangkat. Ito'y nagpapatunay na ang pangkat eksperimental at ang pangkat kontrol ay pawang magagaling sa huling pagsubok.

Batay sa mga nasaksihan sa pag-aaral, naging konklusyon ang mga sumusunod.

1. Sa kinalabasan ng unang pagsubok, halos pareho ang kaalaman at antas ng kakayahan sa matematika ng pangkat eksperimental at pangkat kontrol.

2. Ang mas mataas na nakuhang marka sa huling

pagsubok kaysa unang pagsubok ng pangkat eksperimental ay nagpapatunay na may naganap na pagkatuto sa pamamagitaan ng pagtuturong modyular.

3. Ang nakuhang mas mataas na marka sa huling pagsubok kaysa unang pagsubok ng pankat kontrol ay nagpapatotoo na may naganap na pagkatuto sa pamamaraang panayam. Kawili-wili at di-gaanong mahirap ang modyul sa "Integers."

4. Ayon sa sumasang-ayon na ipinahayag ng una at huling pagsubok ang modyular at panayam na pamamaraan ng pagtuturo ay kahanga-hanga. Nasaksihan ng pag-aaral na magkapantay ang pagkatuto ng dalawang pangkat. Sa mga kagamitang pampagtuturo, ang paggamit sa alinman sa dalawang pamamaraan ay mabisa.

5. Naranasan ng mga mag-aaral sa unang taon ng haiskul, na ang modyul sa panuruan ay kawili-wili at di-gaanong mahirap.

Nagawa ang sumusunod na mga rekomendasyon sa kaliwanagan ng mga naipahayag nitong pag-aaral:

1. Ang nilinang na mga modyul sa "Integers" ay dapat gamitin at pahalagahan ng SSPC at ng iba pang mga paaralan upang lubhang magamit ito sa hinaharap.

2. Maaaring gamitin ang modyul bilang isang mabisang panimulang panlunas na materyal ng guro at mga mag-aaral.

Dapat din gamitin ito ng mga guro na panlunas sa kanyang mahinang mag-aaral. Para naman sa mga mag-aaral na malayo sa kanilang mga klase dahil sa hindi mapigilang mga pangyayari, maari nilang gamitin ang modyul upang makaabot sa mga leksiyon.

3. Kailangan pang luminang at magpatibay ng mga modyular na materyal sa iba't ibang larangan ng Matimatika I upang mapunan ang kakulangan ng mga aklat sa mga paaralan. Maaari rin ito magamit ng mga guro para pag-iba-ibahin ang kanilang mga pamamaraan sa pagtuturo sa silid aralan upang mabawasan man lang ang pagkabagot sa paggamit ng nag-iisang pamamaraan.

4. Ang mga tagapamahala ng mga paaralan ay dapat kumilos upang maghanap ng pera at suporta sa pagkakaroon ng programa sa paglinang ng mga kagamitang pampagtuturo at mga layuning panlunas.

5. Kailangan magkaroon ng mga seminar sa paggawa ng modyul upang ang mga gurong nagbabalak gumamit ng pamamaraang modyular ay makagawa o makapaghanda ng kanilang sariling modyul.

Sa pag-aaral ni Labro (1984) sa "Development of Self-Instructional Materials to Meet Selected Deficiencies in Physics of Students in the BSIT Curriculum, Samar State Polyetchnic College, ipinahayag niya na batay sa mga

kinalabasan ng kanyang pag-aaral, ang nilinang na mga kagamitang pampagtuturo ay mas mabisa sa pagkamit ng layunin ng leksiyon maging pansariling pagturo man o panlunas.

Maaaring gamitin ang modyul bilang isang mabisang panimulang panlunas na materyal ng guro at mga mag-aaral. Dapat din gamitin ito ng mga guro na panlunas sa kanyang mag-aaral na mahinang matuto. Para naman sa mga mag-aaral na malayo sa kanilang klase, dahil sa hindi mapigilang mga pangyayari, maaari nilang gaamitin ang modyul upang makaabot ng mga leksiyon.

Natuklasan din niya na ang naturang nilinang na kagamitang pampagtuturo ay kawili-wili at naaangkop sa mga gagamit nito.

Inirekominda niya na ang mga kagamitang pampagtuturo ay dapat linangin batay sa kahirapan o kahinaan ng mga estudyante.

Sa pag-aaral ni Lacambra (1985) sa "Developemnt and validation of Module in Electrochemistry," naging layunin niya ang pagtugon sa tanong sa kaangkupan at bisa ng mga modyul na gagamitin sa mga silid-aralan.

Natuklasan din niya na ang huling dalawang magkasunod na hanay na iba't ibang pangalawang paksa na kasali sa "Electrochemistry" ay ang "Oxidation-reduction" at bisang kemikal ng kuryente. Kinuha ito sa kainaman ng wastong mga

kasagutan ng mga estudyante sa iba-ibang mga pangalawang paksa maaaring maging isang katotohanang dahilan kahirapan ng mga estudyante sa pag-intende ng oxidation-reduction at bisang kemikal ng kuryente . Ang paghihirap ng mga estudyante ng Oxidation- reduction at bisang pangkemikal ng isang kuryente ay maaaring dahil sa kaugnayan ng pangalawang mga paksa sa pagsusuring pangmatematika at pag- kwenta lalo pa sa ampraktikal na mga gawain na maaaring hindi naituro o hindi lubhang binigyan diin ng "Chemistry" at "Physics" noong nasa haiskul ang mga estudyante.

Batay sa mga natuklasan, naabot niya ang mga sumusunod.

1. Nahihirapan sa pangalawang paksa ng "electro-chemistry" lalo na sa Oxidation-reduction at bisang pangkemikal ng kuryente ang mga estuyante sa kolehiyo ng SSPC.

2. Magkapantay ang "entry behavior" ng pangkat kontrol at pangkat eksperimental.

Sa pamamagitan ng pamamaraang panayam ang mga estudyante ay nagkaroon ng kaalaman sa "Oxidation-reduction" at bisang pangkemikal ng kuryente.

Sa pamamagitan ng pamamaraang pangmodyular natutuhan ng mga estudyante ang oxidation-reduction at ang bisang pangkemikal sa kuryente.

Kung ang pangalawang paksang "Oxidation-reduction" at

bisang pangkemikal ng kuryente ang pag-uusapan sa pagtuturo, ang pamamaraang pangmodyular ay mas mabisa kaysa pamamaraang panayam.

3. Ang modyul ay angkop at kawili-wili para sa mga DIT estudyante sa unang taon.

May kahawig sa pag-aaral na ito ang mga pag-aaral nina Labro at Lacambra dahil sa gumagamit ng kagamitang pangmodyul sa pagtuturo ng asignatura. Naiiba lang ito sa larangan ng asignatura at sa uri ng mga estuyanteng ginamit. Ang mga tagasagot ng pag-aaral na ito ay gumagamit ng mga mag-aaral sa elementaryang.

Itinuon ni Perez (1985) ang kanyang pag-aaral sa paglinang at pagpapatibay ng kagamitang pampagtuturong modyular sa nakitang patuloy na kahinaan. Ang sumusunod ay ang limang bahagi ng pag-aaral: 1.) Paglinang at pagpatibay ng "Diagnostic Test". 2.) Paghahanap sa kahinaan; 3.) Paglinang ng kagamitang pampagtuturo batay sa kahinaan ng pagtuturo; 4) Pagpapatibay ng modyul; 5.) Tiyakin ang pagkamadaling basahin ng modyul.

Ang tiyak na suliranin ng kanyang pag-aaral ay kung paano nalilinang nang mabuti at mapagpapatibay ang bisa ng isang modyul sa paglutas sa nakilalang patuloy na kahinaan.

Sa linaw ng mga natuklasan sa kanyang pag-aaral ay nagawa ang mga sumusunod na konklusyon:

1. Ang mga estudyante sa kolehiyo ng Samar State Polytechnic College ay may iba-ibang antas ng daloy ng kahinaan.

2. May masidhing pagkakaiba ang tamtamang eskor ng unang pagsubok sa huling pagsubok ng pangkat eskperimental at pangkat kontrol sa parehong pinag-aaralang paksa.

3. May masidhing pagkakaiba ang tamtanang eskor ng huling pagsubok sa unang pagsubok ng pangkat eskperimental sa pangkat kontrol na nagpapatunay ng bisa ng pagtuturo sa pamamaraang modyular.

4. Ang kagamitang pangmodyul ay angkop para sa ika-lawang taong estuyante sa kolehiyo ng babasahin nito.

Batay sa mga nagawang konklusyon, inirekomenda niya ang mga sumusunod:

1. Ang mga nakilalang may kahinaang estudyante ay dapat bigyan ng mga araling kagamitan gaya ng modyul upang magkaroon ng pagkakataon na makahabol sa leksiyong hindi gaanong natutuhan sa silid-aralan.

2. Kinakailangang magdaos ng mga Gawaing-Kapulongan sa paghahanda at paggawa ng modyul upang magkaroon ng sapat na kaalaman ang mga guro nang sa ganoon makagawa sila ng mga modyul sa iba pang kaugnay na mga asignatura. Itoy dapat tustusan ng administrasyon.

3. Sanayin sa pagtuturong modyular ang mga estudyante

nang magkaroon sila ng pansariling pananaw at malinang ang pansariling, pag-aaral ng leksiyon kahit walang gurong tumutulong.

4. Hikayatin at suportahan ang mga guro na magpapatuloy sa paggawa ng mga pananaliksik na nagpapatunay sa bisa ng pagtuturong modyular para umunlad ang pamamaraang pagtuturo at pagkatuto.

Sa pag-aaral ni Roberto (1985) sa "Development and Validation of Modules on Students Deficiency in Math for Technology 201 (Ghraphs)" napatunayan na ang "mean score" ng huling pagsubok ng pangkat kontrolay mababa kaya nakapagbigay siya ng kongklusyon na ang pagtuturong modyular ay mas mabisa sa pagkatuto ng mga estuyante kaysa pagtuturong tradisyonal.

Sa pag-aaral ni Nones (1985) sa "Development and validation of Modules on Selected Topics in Mathematics 102 (Trigonometry) for DIT Students of Nueva Viscaya State Polytechnic College," napatunayan niya na ang mga estudyanteng gumagamit ng modyul ay madaling matuto kaysa mga estudyanteng gumagamit ng pamamaraang panayam.

Naging konklusyon niya na ang paggamit ng modyul ay nakapagbibigay ng malaking pagkakaiba sa eskor ng mga estudyante. Dahil sa mga napag-aralang pagkakaiba ng eskor ng mga estuyante, iminungkahi niya sa mga guro ang paghanap

ng mga pamamaraan ng pagtuturo ayon sa pangangailangan at interes ng bawat mag-aaral. Ang paglinang at paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo gaya ng modyul ay matibay na inirerekomenda upang matugunan ang suliranin sa kahinaan ng mga estudyante.

Naging layuning ng pag-aaral na pinangunahan ni Uy (1991) na nagbigay diin sa "Construction and Validation of Modules on Circular Trigonometric Functions and Fundamental Identities, na linangin ang mga modyul na angkop at ayon sa kawilihan ng mga estudyante sa unang taon ng BSIE sa Samar State Polytechnic College.

Binubuo ng limang mahahalagang bahagi ang paglikom ng mga datos: 1) Ang paggawa at pagbigay-bisa sa diagnostic test," 2) Pagkilala sa mga kahinaan; 3.) Ang paglinang sa mga modyul; 4) Pagbibigay-bisa sa mga modyul; 5) Pagbibigay-bisa at pagpapahalaga sa pagkamadaling basahin ng mga modyul.

Sa kinalabasan ng pag-aaral, napatunayan na nahirapan sa "Circular Trigonometric Functions and Fundamental Identies" ang mga estudyante sa Samar State Polytechnic College dahil sa kakulangan ng sapat na kaalaman ng mga estudyante sa "Trigonometry". Naging konklusyon niya na nagkaroon ng kaalaman ang mga estudyante sa "Circular Trigonometric Finction and Fundamental Identities" sa gamit

ng talakayang-panayan at pamamaraang modyular pero mas mabisa ang pamamaraang modyular.

Upang mapatunayan ang bisa ng kanyang pag-aaral, inirekomenda niya na gamitin sa SSPC at sa iba pang mga paaralan ang nilinang na mga modyul sa "Circular Trigonometric Function and Fundamental Identities." Idinagdag pa niyang sabihin na kahit wala sila sa kanilang mga klase ang modyul ay nagsisilbing mabisang sangguniang kagamitan na pampagtuturo sa mga araling panglunas.

Ang mga pag-aaral nina Perez, Nones at Uy na lumilinang sa pagpapatibay ng mga aralin sa mga asignaturang matimatika ay may kaugnay sa kasalukuyang pag-aaral, sapagkat gumagamit din ito ng modyul bilang pamamaraang pampagtuturo. Ang tanging pinagkakaibhan ay sa pagsagot at antas ng mga estudyanteng gagamit nito dahil sa ang kasalukuyang pag-aaral ay mga estudyante sa ikaanim na baitang sa elementarya ang gumamit ng modyul.

## Kabanata 3

## METODOLOHIYA

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng pamamaraang ginamit sa pag-aaral, kinailangang datos, pinagkunan ng mga datos at gayon din ang istatistikang ginamit.

**Disenyo ng Pag-aaral**

Ang ginamit na disenyo ay isang "pretest-posttest" eksperimental at kontrol na pangkat pag-aaral na naglayong tiyakin ang bisa ng paggamit ng modyul sa pagpapayaman sa pag-unawa ng pagbasa ng maikling katha sa ikaanim na baitang ng mga piling paaralang elementarya sa purok ng Catbalogan III, Catbalogan, Samar, taong panuruan 1991-1992. Ang disenyo ng pag-aaral ay:

$$
\begin{array}{cccc}
R & O_1 & X & O_2 \\
R & O_3 & X & O_4
\end{array}
$$

Saan ang:

R ---> ay nangangahulugang randomisasyon o walang pagkiling na pagpili ng mga kalahok na sasali sa pangkat eksperimental at sa pangkat kontrol.

$O_1$---> Ay tumutukoy sa pretest o unang pagsubok sa kabatiran sa pagbasa at pag-unawa sa maikling katha na ibinigay sa mga mag-aaral ng pangkat eksperimental bago ilapat ang eksperimental na baryabol na walang iba kundi ang modyul na ginamit bilang midyum ng pagtuturo.

$O_2$---> Ay tumutukoy sa posttest o huling pagsubok na ibinigay sa mga kalahok ng pangkat eksperimental pagkatapos ilapat ang eksperimental na baryabol.

X ---> ay tumutukoy sa eksperimental na baryabol na walang iba kundi ang modyul.

$O_3$---> Ay tumutukoy sa pretest o unang pagsubok sa kabatiran sa pagbasa at pag-unawa sa maikling katha na ibinigay sa mga mag-aaral ng pangkat kontrol; at

$O_4$---> Ay tumutukoy sa posttest o huling pagsubok na ibinigay sa mga kalahok ng pangkat kontrol-pagkatapos ilapat ang módyul.

Sa desinyong ito, parehong binigyan ng pretest o unang pasubok ang ekspirementai at ang kontrol na pangkat bago sinimulan ang pag-aaral. Ito ang nagbigay daan sa mananaliksik na subukin ang dalawang pangkat kung wala o mayroon kahit kaunting pagkakapareho. Pagkatapos na pagkatapos ng pananaliksik, binigyan ng huling pagsubok ang dalawang pangkat. Nakita dito kung may natutunan ang mga mag-aaral. Ang tamtamang iskor (mean score) ng huling pagsubok ng pangkat eksperimental ay inihambing sa tamtamang iskor (mean score) ng huling pagsubok ng pangkat kontrol upang masukat ang pagkakaiba.

## Ang Mga Kalahok .

Ang mga batang mag-aaral sa ikaanim na baitang ng Catbalogan III Sentral at Paaralang Elementarya ng Silanga

at apat na guro sa ikaanim na baitang ang bumuo sa pag-aaral na ito.

Mga mag-aaral na kalahok. Walungpung (80) mag-aaral sa ikaanim na baitang na apatnapu (40) ang mga babae at apatnapu (40) ang mga lalaki sa larangan ng pagbasa sa Filipino ang mga naging kalahok sa pag-aaral na ito. Ang mga ito ay pinili sa pamamagitan ng sinadyang pagpili (purposive sampling) ngunit random na itinalaga ang mga kalahok sa pangkat eksperimental at sa pangkat kontrol.

Mga Gurong kalahok. Matroon apat na guro ang naging kalahok sa pag-aaral na ito. Dalawang guro ang humawak ng pangkat eksperimental at dalawang rin ang humawak sa pangkat kontrol. Ang mga gurong nabanggit ay nagtuturo sa Paaralang Elementarya ng Silanga at Paaralang Sentral ng Catbalogan III.

Ang Instrumentong Ginamit

Ginamit ng pananaliksik na ito ang unang pagsubok at huling pagsubok bilang instrumento ng paglikom ng mga datos. Naniwala ang mananaliksik na ito ang pinakamabisang instrumento sa pagkuha ng mga kasagutan at paglutas ng suliranin ng pag-aaral.

Unang Pagsubok. Ang pag-aaral ay gumamit ng limampung

aytem na pagpipiling-pagsubok na ginawa ng mananaliksik upang ibigay sa pangkat kontrol at pangkat eksperimental bago umpisahan ang pananaliksik. Tiniyak ng Unang Pagsubok ang kasalukyang kaalaman at karanasan ng mga mag-aaral sa pagbasa ng mga maiikling katha.

Huling Pagsubok. Naging kasangkapan ng huling pagsubok ang unang pagsubok sa pamamagitan ng pagpapalit ng ayos nito at itoy ibinigay sa dalawang pangkat pagkatapos na gamitan ng kani-kanilang pamamaraan ng pagtuturo upang matiyak ang kaalaman o natutunan sa pinag-aralan.

Ang Modyul. Ang modyul ay binubuo ng limang uri ng parabula, pabula, alamat, anekdota at karaniwang kuwento, at tig-iisang aralin sa bawat uri. Ang bawat aralin ay may tiyak na mga kasanayan sa pag-unawang lilinangin at nagtataglay din ang bawat isa ng mga pagsasanay o mga pagsubok na may angkop na mga panuto at mga kasagutan ng mga pagsubok na isasagawa. Iwawasto ito para makita ang kabisaan para sa ginawang pagsubok.

Ang pormat na sinunod sa paglinang ng modyul ay may katangiang sumusunod: a) ang pahapyaw na kabuuan, b) panuto sa paggamit, c) ang mga layunin, d) ang paglalahad, e) ang sanggunian para sa malawak na pagpapayaman sa pagbasa, f) paghahalagahan, g) susi sa pagwasto.

a. Ang Pahapyaw na Kabuuan. nagtataglay ito ng kabuuang paliwanag ng paksa o laman ng buong modyul, ang kaugnayan nito sa unang aralin, at ang kahalagahan nito sa paksang tinatalakay.

b. Paggamit ng Panuto. Ito'y nagtataglay ng mga impormasyon o direksiyon sa mga gawaing kakailanganing isagawa at mga puna o mga mungkahi.

c. Layunin. Ito ang mga tiyak na layunin para sa bawat aralin ng bawat modyul.

d. Paglalahad. Ito ay may pamamaraan kung mga kasanayang aralin o pagtalakay kung mga araling tiyoritikal, na may kasamang kailangang mga larawang-guhit, mga tsart, mga dayagram, atb. na mga kasamang mga gawain, pagsasanay, o mga takdang aralin na magpapayaman at/o mga pagkakataong maisasagawa ang bagong karunungan.

e. Mga sangugunian para sa malawak na pagbasa.

f. Paghahalaga/Pagtatasa o mga Instrumento sa Pagpuna. Ginamit dito ang mga praktis na gawain o pagsasanay, una at huling pagsubok.

g. Susi sa Pagwawasto. Tumutukoy ito sa mga wastong sagot ng praktis na gawain o pagsasanay.

<u>Pagbigay-bisa o Pagpatibay at Paghahalaga ng Pagkamadaling Basahin ng modyul</u>. Ginamit ang pormulang Flesch upang maging madali ang pagkuha ng pagbasa (RES) at ang eskor na makataong pagkawili (HIS) sa pagbasa ng modyul.

Ang karaniwang eskor ng haba ng pangungusap at ang karaniwang eskor ng haba mg salita ay kweninta. Ang kinalabasan ng pagkuwenta ay naging eskor na kasagutan ng pagkamadaling basahin ng modyul.

**Talahanayan 1**

**Paliwanag sa Antas ng Ganap na Kahusayan**

| Ganap na Kahusayan | Antas ng Ganap na Kahusayan |
|---|---|
| 0.95 - 0.99 | Masyadong mataas, bihirang matagpuan sa mga ginawang pagsubok ng mga guro. |
| 0.90 - 0.94 | Mas mataas na pagkapantay sa kaunting mga pasubok. |
| 0.80 - 0.89 | Katamtamang taas, tama lang para sa isahan taong pagsubok. |
| 0.70 - 0.79 | Mababa nang kaunti tama lang para sa pampangkat na sukat, pero hindi masyadong kasi-siya para sa pagsukat ng isang tao. |
| mababa sa 0.70 | Mababa, kulang para sa isahang taong pagsukat kahit na malaki ang gamit para sa pagkuha ng pampangkat na karaniwang sukat at surbing pampaaralan |

Pagbigay-bisa o Pagpatibay sa modyul Ang pansariling-gawang mga modyul sa pagpapayaman sa pag-unawang pagbasa ng maikling katha ay binigyang-bisa sa pamamagitan ng paggamit ng kinalabasn ng una at huling pagsubok ng pangkat kontrol at pangkat eksperimental:

Sinukat ng dalawang beses ang galing ng dalawang pangkat na mga mag-aaral. Ginamit ang unang pagsukat para sa unang pagsubok at ang pangalawang pagsukat para sa huling pagsubok. Bago gamitin ang kagamitang pampagtuturo ibinigay muna ang unang pagsubok sa dalawang pangkat na mga mag-aaral. Ito'y nagbigay daan sa mananaliksik na mapuna at maiwasto kung mayroon man o walang pagkakaiba pareho ang kaalaman o kagalingan ng kasalukuyang mga mag-aaral sa pag-unawa sa pagbasa ng maikling katha.

Dalawang guro ang nagturo at namahala sa dalawang pangkat ng mga bata. Ang pagsubok sa bisa ng paggamit sa modyul ay huling isinagawa. Ang mga bagay-bagay na nagpapaiba-iba o mga dahilan na maaring makaapekto sa kinalabasan ng pag-aaral kagaya ng mga kagamitang pampagtuturo, pagkamaayos ng silid-aralan, ang hangin at liwanag ng kapaligiran at mga guro ay lahat hinadlangan o isinaalang-alang upang maiwasan o mabawasan ang posibleng magiging epekto nito sa mga mag-aaral liban sa kagamitang pinag-aaralan. Ibinigay ang huling pagsubok sa dalawang

pangkat na mag-aaral pagkatapos ng pagtuturo. Nakapagbigay ito sa mananaliksik ng ideya na makita ang pinagkakaibhan ng mga nagawa ng dalawang pangkat sa kanilang pag-aaral kung alin ang mas magaling sa dalawang pangkat, ang pangkat kontrol o ang kabaliktaran. Nakatulong din ito sa kanyang paghahalaga sa tagumpay at kahinaan ng mga mag-aaral pagkatapos gamitin ang kagamitang pampagtuturo.

## Paglikom ng Datos

Ang paglikom ng datos ay nahahati sa apat na bahagi:

Paghanda at Pagbigay-bisa sa Una at Huling Pagsubok. Naging panukala ng pagsubok ang alamin ang tiyak na magiging epekto ng maikling kuwento sa mga kalahok na mga mag-aaral lalo pa ang epekto ng lawak ng mga layunin ng pagpapayaman ng pag-unawa sa pagbasa at tagumpay ng pagtuturo. Ang nilalaman ng mga katanungan o pagsubok ay inuri-uri sa kaalaman, pag-unawa at pagsakilos ng kaalamang napapaloob sa bawat paksa. Ang mga aytem ay ipinakita sa talahanayan ng espisipikasyong napapaloob sa bawat nilalaman.

Sinuri, at iniwasto muna ng mga gurong may espesyalisayon sa Filipino ang mga aytem sa pagsubok bago ito tinapos at isinagawa. Ginawa ito upang magkaroon ng kaganapan ang kahusayan ng mga aytem sa pagsubok. Nang maihanda na ang unang limanpung mga aytem ito ay ginamit

bilang pansamantalang pagssubok sa ilang mga mag-aaral na hindi kasali sa pag-aaral. Ang pagsubok na ito ay ginawa upang mapagtibay ang katatagan ng kahusayan at bisa ng mga aytem sa pagsubok.

Upang nasiguro ang pagkakapantay-pantay ng pamamaraan ng pagbibigay ng pagsubok ang mananaliksik na mismo ang personal na nagbigay ng eksamin sa pagsubok. Upang maging pantay at walang pagkiling ang kinalabasan ng pagsubok, binigyan pansin ang mga salik ng pagsubok gaya ng silid-aralan, panahon at pamamaraan o pamamalakad sa pagbibigay ng pagsubok. Pagkatapos ng pagsubok, iniwasto ang mga sagot at sinundan ng pagsusuri sa mga aytem na sinunod ang mga hakbang ayon sa iminungkahi ni Ebel (1965:346):

1. Ang mga sagutang papel ay inayos mula sa pinakamataas hanggang sa pinakamababang iskor.

2. Hinati sa dalawang pangkat ang mga sagot: isang pangkat na mataas ang iskor na dalawamput pitong bahagdan (27%) ng buong pangkat ang nakakuha ng pinakamataas na iskor sa pagsubok at isang pangkat na mababa ang iskor na dalawamput pitong bahagdan (27%) ng buong pangkat ang nakakuha ng pinakamababang iskor.

3. Ang bilang ng wastong sagot sa bawat aytem ng pangkat na mataas ang iskor ay itinala nang pahanay. magkahiwalay láng na ganun din ang ginawa sa mga nakakuha

ng mababang eskor.

4. Sa pagkuwenta ng indeks ng kahirapan ang bilang ng wastong mga sagot sa parehong pangkat ay pinagsama at ipinahayag na panumbasan o proporsiyon sa bilang ng dalawang pangkat mga mag-aaral na kumuha ng pagsubok. Ang nakuhang kusyente ay ang indeks ng kahirapan.

Ang pormulang ginamit ay: (Sevilla 1992:208).

$$P = \frac{U + L}{2}$$

Na Ang: P = ay indeks ng kahirapang (Index of Difficulty.

U = Proporiyon ng pangkaat ng mataas-taas na dalawamput-pitong bahagdan na nakakuha ng wastong sagot.

L = proporsiyon ng pangkat na mababang dalawamput pitong bahagdan nakakuha ng wastong sagot.

Dahil sa ang kahirapan ng aytem ay tumutukoy sa bahagdan ng pagkuha ng wastong sagot, kung pinakamababang bahagdang bilang ang nakuhang wastong sagot ay mas mahirap ang aytem.

Para sa indeks ng kahirapan, ang paliwanag ni Ebel ay ginamit na ipinakita naipinakita sa Talahanayan 1. (1965:376)

Talahanayan 2

**Pagpapaliwanag sa Indeks ng kahirapan**

| Indeks ng Kahirapan | Halagahan ng Aytem |
|---|---|
| 0.86 - 100 | Pinakamadaling Aytem |
| 0.71 - 0.85 | Madaling Aytem |
| 0.40 - 0.70 | May kaunting kahirapang aytem |
| 0.15 - 0.39 | Mahirap na aytem |
| 0.10 - 0.14 | Pinakamahirap na aytem |

5. Sa pagkuha ng indeks ng pagtatangi-tangi ng aytem, ang bilang ng mga wastong sagot sa mababang pangkat ay ibinawas sa bilang ng wastong mga sagot ng mataas na pangkat at ipinahayag na proporsiyon o panumbasan sa bilang ng mga mag-aaral na kumuha ng eksamin sa bawat pangkat. Ang kusyenteng nakuha ay ang indeks ng pagtatangi-tangi (Sevilla 1992:208)

$$D = U - L$$

Saan : D = "discrimination index" Indeks ng Pagtatangi-tangi.

U = proporsiyon ng mataas ang nakuhang marka na dalawamput-pitong bahagdang pangkat na nakakuha ng wastong sagot sa aytem.

L = proporsiyon ng mababang nakuhang marka na dalawamput pitong bahagdang pangakt na nakakuha ng wastong sagot sa aytem

N = Bilang ng mga mag-aaral sa bawaat pangkat.

Talahanayan 3

**Paliwanag sa Indeks ng Diskriminasyon**

| Indeks ng Diskriminasyon | Halagahan ng Aytem |
|---|---|
| 0.40 pataas | Pinakamagaling na mga aytem |
| 0.30 to 0.39 | Magaling pero nangangailangan pa ng pag-ayos |
| 0.20 to 0.29 | Hangganang mga aytem na nangangailangan ng pagsasa-ayos |
| 0.19 hanggang sa ibaba | Mahirap na mga aytem, dapat alisin o ayusin sa pagpapalit o pagwawasto. |

Ang mga indeks ng pagtatangi-tangi ay ipinaliwanag sa pamamagitan ng paggamit ng mga patnubay na ibinigay ni Ebel (1965:374)

Ang mga aytem na mayroong negatibong pagtatangi-tangi ay inalis. Ang mga aytem na mayroong indeks ng pagtatangi-tangi na .20 at itaas ay tinanggap o kinuha para sa huling anyo ng pagsubok. Ang pagpili ng mga aytem para sa huling tatlumpong mga aytem ay batay sa halagahang pagtatangi-tangi ng bawat aytem.

Ang antas ng ganap na kahusayan sa ginawang pagsubok ay tiniyak sa pamamagitan ng pagkuwenta o pagtutuus sa ganap na kahusayan sa paggamit ng pormula ni Kuder-Richardson.

Lalo pang tiniyak ang bisa ng antas ng ganap na kahusayan ng pagsubok sa pamamagitan ng sumusunod na pagpapakahulugang iminungkahi ni Ebel:

Pagkatapos gamitin ang pagsubok na eksamin, ang una/huling eksamin ay iniwasto batay sa kinalabasan ng pagsusuri sa mga aytem. Ang tanging layunin nito ay bumuo ng huling mabisang porma ng pagsubok. Ang pangunahing kasangkapang isang daang aytem ay ibinaba sa limampung mga aytem.

**Pagsusuri at Paglalapat ng Lunas Istatistikal**

Ginamit sa pag-aaral, ang sumusunod na pang-estatistikal na pagsusuri ng mga datos.

1. Upang masiguro ang coefficient of reliability" ng una at huling pagsubok ang formulang Kuder-Richardson ang siyang ginamit.

Ang pormula ay:

$$r_{11} = \left( \frac{N}{N - 1} \right) \left( \frac{s_2 - Np}{s^2} \right) q$$

saan:

$r_{11}$ = reliability coefficient ng pagsubok

N = bilang o dami ng mga aytem ng pagsubok

p = (p = X / N) ang proporsiyon ng pangkat na pumapasa ng isang aytem na kaninong x ang siyang "mean" tamtamang eskor ng pagsubok.

q = (q = 1-p) ang proporsiyon ng pangkat na di pumasa kaya bumagsak sa aytem.

s = na di pumasa kaya bumagsak sa aytem.

2. Ang "t-test" para sa "uncorrelated mean" ay ginamit upang subukin ang epotesis 1 at 4, ng pag-aaral.

$$t = \frac{\bar{x}_1 - \bar{x}_2}{\sqrt{\frac{S_1^2}{N_1} + \frac{S_2^2}{N_2}}}$$

Kung Saan

$\bar{x}_1$ = "mean" ng huling pagsubok ng pangkat eksperimental

$x_2$ = "mean" ng huling pagsubok ng pangkat kontrol

$s_1$ = "standard deviation" ng pangkat eksperimental

$s_2$ = "standard deviation" ng pangkat kontrol

$N_1$ = bilang ng mga mag-aaral na kasangkot sa pangkat eksperimental

$N_2$ = Bilang ng mga mag-aaral na kasangkot sa pangkat kontrol

3. Ang "t-test" para sa "correlate mean" ay ginamit upang subukin ang epotesis 2 ar 3 ng pag-aaral.

$$t = \frac{\bar{x}_1 - \bar{x}_2}{\sqrt{\dfrac{(N_1-1)\,S_1^{2} + (N_2 - 1)S_2^{2}S^{1}}{N_1 + N_2 - 2}(1/N_1 + 1/N_2)}}$$

Kung Saan

$\bar{x}_1$ = "mean" ng huling pagsubok ng pangkat eksperimental

$x_2$ = "mean" ng huling pagsubok ng pangkat kontrol

$s_1$ = "standard deviation" ng pangkat eksperimental

$s_2$ = "standard deviation" ng pangkat kontrol

$N_1$ = bilang ng mga mag-aaral na kasangkot sa pangkat eksperimental

$N_2$ = Bilang ng mga mag-aaral na kasangkot sa pangkat kontrol

4. Flesch Pormula

a. Reading Ease Score (RES) = 206.835 - (1.015 x Karaniwang haba ng pangugusap + 0.846 x Karaniwang haba ng salita

Kung Saan:

$$\text{Kar. Eskor ng Haba ng pangungusap} = \frac{\text{Blg. ng mga salita sa lahat ng sampol}}{\text{Kabuuang blg. ng pangngusap}}$$

$$\text{Kar. Eskor ng Haba ng Salita} = \frac{\text{Blg. ng silabus sa lahat ng sampol}}{\text{Kabuuang blg. ng mga pahina ng sampol}}$$

b. Eskor ng Pagkawili = (% Pampersonal na mga salita bawat 100 ng mga salita x 3.635) + (% Pampersonal na mga pang x .314)

Kung Saan:

$$\text{\% ng pampersonal na mga salita} = \frac{\text{Kabuuang blg. ng "personnel" mga salita sa lahat na mga sampol}}{\text{Kabuuang blg. ng mga salita sa lahat ng mga pahinang sampol}}$$

$$\text{\% Pampersonal na mga Pangungusap} = \frac{\text{Kabuuang blg. ng mga pampersonal na pangungusap}}{\text{Kabuuang pampersonal ng lahat na mga sampol}}$$

# Kabanata 4

## PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN NG MGA DATOS

Ang kabanatang ito ang ay naglalahad, nagsussuri at ipinagpapalahulugan ang mga datos na nabuo sa pagaaral na ito. Kasama na rin dito ang pagsubok ng mga ipotesis at ang pagpapahalaga sa mga inihandang modyul.

### Ang Tamtamang Iskor ng mga Mag-aaral sa Pangkat Eksperimental at Pangkat Kontrol

Dito makikita sa Talahanayan 4 ang mga iskor ng mga kalahok sa pangkat eksperimental at pangkat kontrol. Ang pinakamataas na iskor sa pangkat kontrol ay 37 at ang pinakamababang iskor ay 17. Samantala sa pangkat eksperimental, ang pinakamataas na eskor ay 36 at ang pinakamababang iskor ay 15.

Ang pangkat kontrol ay nakakuha ng tamtamang iskor na 28.53 at ang eksperimental na pangkat at 26.68. Ang agwat ay 1.85 sa pabor ng kontrol na pangkat. Dito ipinakikita na wala pang instruksiyon ang naibibigay sa kapwa pangkat. Kung pag-uusapan ang bilang o dami, maaring sabihin na mayroong maliit lamang ng pagkakaiba ang tamtamang iskor sa unang pagsubok ng dalawang pangkat.

Sa antas ng kalataan na 48, ang kuwenintang t-value na 1.46 ay mas mababa kay sa "critical value" na 2.021 sa 0.05 antas ng kahalagahan. Ipotesis 1: walang mahalagang

Talahanayan 4

Mga Iskor sa Unang Pagsubok ng Pangkat Eksperimental at Pangkat Kontrol

| | Kontrol | Eksperimental |
|---|---|---|
| | 37 | 36 |
| | 37 | 36 |
| | 37 | 36 |
| | 37 | 36 |
| | 37 | 36 |
| | 37 | 36 |
| | 37 | 34 |
| | 35 | 34 |
| | 35 | 34 |
| | 34 | 33 |
| | 33 | 33 |
| | 33 | 33 |
| | 31 | 33 |
| | 31 | 33 |
| | 31 | 30 |
| | 30 | 30 |
| | 30 | 29 |
| | 29 | 29 |
| | 29 | 29 |
| | 29 | 28 |
| | 28 | 28 |
| | 27 | 26 |
| | 27 | 25 |
| | 26 | 25 |
| | 25 | 24 |
| | 25 | 22 |
| | 34 | 22 |
| | 34 | 22 |
| | 23 | 21 |
| | 23 | 21 |
| | 23 | 20 |
| | 23 | 20 |
| | 22 | 18 |
| | 21 | 18 |
| | 20 | 18 |
| | 20 | 17 |
| | 18 | 16 |
| | 18 | 16 |
| | 18 | 15 |
| | 17 | 15 |
| Kabuuan | 1,141 | 1,067 |
| Tamtamang Eskor | 28.53 | 26.68 |
| t-comp | | 1.46 |
| t-values | | 2.02 |
| Pasiya: Tinatanggap ang null hypothesis | | |

kaibhan ang antas ng tamtamang iskor sa unang pagsubok ng mga mag-aaral sa pangkat eksperimental at pangkat kontrol ay tinatanggap. Nangangahulugang ito ng sa umpisa ng pag-aaral ay pareho ang antas ng kakayahan ng kapwa pangkat eksperimental at pangkat kontrol. Maaari rin sabihin na nagkaroon ng wastong pangkatan.

May Kaibhan ang mga Tamtamang Iskor ng mga Mag-aaral sa Pangkat Eksperimental at Pangkat Kontrol

Ang suliraning ito ay nasagot sa pamamagitan ng isang huling pagsubok na ibinigay, pagkaraan ng tatlong buwang isinagawa ang pag-aaral. Pansinin sa Talahanayan 5 ang paglalahad ng mga iskor at ang pagtutuos nito. Ang pinakamataas na iskor ng Pangkat kontrol ay 40 at ang pinakamababang iskor naman ay 27. Sa Eksperimental na Pangkat nakakuha ng 50 ang pinakamataas na iskor at 38 ang pinakamababa. Sa kabuuang pagtutuos, ang pangkat Kontrol ay nakakuha ng tamtamang iskor na 33.60, samantalang 44.75 naman ang nakuha ng pangkat Eksperimental.

Ipinakita sa kinalabasan ng pagsubok ng kuwenintang- t na 17.93 na mas mataas kaysa sa tabular t-value na 2.02 na nagpapasiya na di-tinatanggap sa Ipotises 2: Walang Mahalagang pagkakaiba ang tamtamang iskor sa huling pagsubok ng pangkat eksperimental at pangkat kontrol. Nagpapakita ito na may malaking pagkakaiba na namagitan sa tamtamang

Talahanayan 5

Mga Iskor sa Huling Pagsubok ng Pangkat Ekserimental at Pangkat Kontrol

| | Kontrol | Eksperimental | |
|---|---|---|---|
| | 40 | 50 | |
| | 40 | 50 | |
| | 40 | 50 | |
| | 40 | 50 | |
| | 39 | 50 | |
| | 39 | 49 | |
| | 39 | 49 | |
| | 38 | 49 | |
| | 38 | 49 | |
| | 38 | 49 | |
| | 38 | 48 | |
| | 38 | 48 | |
| | 38 | 48 | |
| | 36 | 46 | |
| | 36 | 46 | |
| | 36 | 46 | |
| | 36 | 46 | |
| | 36 | 44 | |
| | 33 | 44 | |
| | 33 | 44 | |
| | 33 | 44 | |
| | 33 | 44 | |
| | 32 | 44 | |
| | 32 | 43 | |
| | 32 | 43 | |
| | 32 | 43 | |
| | 30 | 43 | |
| | 30 | 43 | |
| | 29 | 42 | |
| | 29 | 42 | |
| | 29 | 42 | |
| | 29 | 42 | |
| | 29 | 41 | |
| | 28 | 41 | |
| | 28 | 41 | |
| | 28 | 41 | |
| | 28 | 40 | |
| | 28 | 40 | |
| | 27 | 38 | |
| | 27 | 38 | |
| Kabuuan | 1,344 | 1,790 | |
| Tamtamang Eskor | 33.60 | 44.75 | |
| t-comp | | | 17.42 |
| t-values | | | 2.02 |

Pasiya: di-tinatanggap ang null hypothesis

iskor sa huling pagsubok ng pangkat kontrol at pangkat eksperimental. Kaya, ang mas mataas na iskor sa huling pagsubok na nakuha ng pangkat eksperimental kaysa sa pangkat kontrol ay nagpapakita na mas magaling ang magsasagawa ng pangkat eksperimental kaysa pangkat kontrol. Sa huli't sabi nangangahulugan din na nagkaroon ng pagkatuto ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng modyul.

## Kaugnayan ng mga Karaniwang Iskor sa Pangkat Eksperimental at Pangkat Kontrol

Ang Pangkat eksperimental ang kaugnayan ng mga karaniwang iskor sa una at huling pagsubok ng pangkat eksperimental ay matutunhayan sa Talahanayan 6. Dito makikita ang paghahambing sa mga iskor ng kinalabasan ng dalawang pagsubok.

Ang unang pagsubok, ay nakakuha ng kabuuan at tamtamang iskor na 26.68, samantala naman ang huling pagsubok ay nakakuha rin ng kabuuang tamtamang iskor na 44.75. Ang kahalagahan ng pagkakaiba ng tamtamang eskor ay sinubok sa gamit ng t-test para sa "correlated means".

Ang kwenintang t na 17.42 ay mataas kaysa tabular-t na 2.021 sa 0.05 antas ng kahalagahan at sa 38 antas ng kalayaan. Kaya, ang ipotesis 3 walang mahalagang pagkakaiba ang mga tamtamang iskor sa Una at huling pag-

Talahanayan 6

Mga Iskor sa Una at Huling Pagsubok ng Pangkat Eksperimental

| | Unang Pagsubok | Huling Pagsubok | |
|---|---|---|---|
| | 37 | 50 | |
| | 37 | 50 | |
| | 37 | 50 | |
| | 37 | 50 | |
| | 37 | 50 | |
| | 37 | 49 | |
| | 37 | 49 | |
| | 35 | 49 | |
| | 35 | 49 | |
| | 34 | 49 | |
| | 33 | 48 | |
| | 33 | 48 | |
| | 31 | 48 | |
| | 31 | 46 | |
| | 31 | 46 | |
| | 30 | 46 | |
| | 30 | 46 | |
| | 29 | 44 | |
| | 29 | 44 | |
| | 29 | 44 | |
| | 28 | 44 | |
| | 27 | 44 | |
| | 27 | 44 | |
| | 26 | 43 | |
| | 25 | 43 | |
| | 25 | 43 | |
| | 34 | 43 | |
| | 34 | 43 | |
| | 23 | 42 | |
| | 23 | 42 | |
| | 23 | 42 | |
| | 23 | 42 | |
| | 22 | 41 | |
| | 21 | 41 | |
| | 20 | 41 | |
| | 20 | 41 | |
| | 18 | 40 | |
| | 18 | 40 | |
| | 18 | 38 | |
| | 17 | 38 | |
| Kabuuan | 1,141 | 1,790 | |
| Tamtamang Iskor | 28.53 | 44.75 | |
| t-comp | | | 30.98 |
| t-values | | | 2.02 |

Pasiya: di-tinatanggap ang null hypothesis

subok ng pangkat eksperimental ay di-tinanggap. Ang makahulugang pagkakaiba na namagitan sa tamtamang iskor sa una at huling pagsubok ng pangkat eksperimental ay napatunayan sa makahulugang taas ng tamtamang iskor sa huling pagsubok kaysa sa unang pagsubok. Lalo pang naipahayag na ang pagtaas nito sa huling pagsubok ng pangkat eksperimental ay nagpakita ng makahulugang laki ng pagkatuto ng mga mag-aaral pagkatapos gamitin ang modyular na kagamitan.

Ang Pangkat Kontrol. Ang kaugnayan ng mga karaniwang iskor sa una at huling pagsubok ng pangkat kontrol ay makikita sa Talahanayan 7. Dito rin masusuri ang paghahambing ng mga iskor, at an kinalabasan ng dalawang pagsubok sa isinagawang pag-aaral.

Ang unang pagsubok ay nakuha ng kabuuang tamtaman iskor na 33.60. Sinubukan ng ipotesis kung may sadyang pagkakaiba ang kinalabasan ng tamtamang iskor sa una at huling pagsubok ng pangkat kontrol, ang kuwenintang t-value na 9.97 ay mas mataas kaysa tabular na 2.021. Kaya ang Ipotesis 4: Walang mahalagang pagkakaiba ang mga tamtamang iskor sa una at huling pag-subok ng pangkat kontrol ay di-tinanggap. Nagpapakita ito na mayroon din naganap na pagkatuto sa panig ng pangkat kontrol.

Talahanayan 7

Mga Iskor sa Una at Huling Pagsubok ng Pangkat Kontrol

| | Unang Pagsubok | Huling Pagsubok |
|---|---|---|
| | 37 | 40 |
| | 37 | 40 |
| | 37 | 40 |
| | 37 | 40 |
| | 37 | 39 |
| | 37 | 39 |
| | 37 | 39 |
| | 35 | 38 |
| | 35 | 38 |
| | 34 | 38 |
| | 33 | 38 |
| | 33 | 38 |
| | 31 | 38 |
| | 31 | 36 |
| | 31 | 36 |
| | 30 | 36 |
| | 30 | 36 |
| | 29 | 36 |
| | 29 | 33 |
| | 29 | 33 |
| | 28 | 33 |
| | 27 | 33 |
| | 27 | 32 |
| | 26 | 32 |
| | 25 | 32 |
| | 25 | 32 |
| | 34 | 30 |
| | 34 | 30 |
| | 23 | 29 |
| | 23 | 29 |
| | 23 | 29 |
| | 23 | 29 |
| | 22 | 29 |
| | 21 | 28 |
| | 20 | 28 |
| | 20 | 28 |
| | 18 | 28 |
| | 18 | 28 |
| | 18 | 27 |
| | 17 | 27 |
| Kabuuan | 1,141 | 1,344 |
| Tamtaman Iskor | 28.53 | 33.60 |

t-comp 9.97

t-value 2.021

Pasiya: di-tinanggap ang "Null Hypotesis"

Maisasaad na batay sa mga isinagawang pagsusulit nagpapatunay sa mga tubo sa tamtamang iskor na nakita sa mga kinalabasan ng una at huling pagsubok na pagtuturong panayam at pagtuturong modyular ay nagpakita mabisang resulta.

Paghahalaga sa Antas ng Pagkamadaling Basahin ng Modyul

Bisa ng modyul Kasali sa paghahanda sa antas ng pagkamadaling basahin ng modyul ang kaakmaan at ang paghahanda upang maging kawili-wili ito para sa mga gagamit o babasa nito.

Makikita sa Talahanayan 8, pagpapahayag sa kinalabasan ng "Reading Ease Score" (RES) at ng "Human Interest Score" (HIS) na nakuha sa ibat-ibang pahinang pinili sa mga modyul.

**Talahanayan Blg. 8**

**Kinalabasan ng Reading Ease Score (RES) at Human Interest Score (HIS)**

| Modyul | RES | Pagsusuri | HIS | Pagsusuri |
|---|---|---|---|---|
| 1 | 58.016 | Di-gaanong mahirap | 27.58 | Kawili-wili |

Batay sa RES na kahalagahan na ipinahayag sa Talahanayan Blg. 6, ang modyul ay di-gaanong mahirap pero naangkop para sa mga ika-amin ng grado sa elementarya. Ganun din ang ipinahayag ng kuwenintang HIS. Ito'y nagpapahayag na ang modyul ay kawili-wili. Nagsasabi rin

ito na ang inihandang kagamitang pampagtuturo ay talagang gunaganyak at nagbibigay ng interes sa mga mag-aaaral ng gumamit ng modyul.

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral maaaring sabihin na ang nilinang na modyul ay angkop at kawiliwili para sa mga nag-aral sa ikaanim na baitang sa antas elementarya.

Kabanata 5

# LAGOM, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Inilalahad sa kabanatang ito ang kinalabasan ng pag-aaral sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga datos at pagpapaliwanag ng mga kapasiyahan ayon sa pagkasunud-sunod ng mga suliranin at sa nabuong mga ipotesis. Kasali rin sa naturang kabanata ang Paghahalaga sa Antas ng Pagkamadaling Basahin ng Modyul at ang Bisa ng inihandang modyul.

## Kinalabasan

1. Ang unang pagsubok ay nakakuha ng kabuuan at tamtamang iskor na 26.68, samantala naman ang huling pagsubok ay nakakuha rin ng kabuuang tamtaman eskor na 44.75.

2. Ipinakitaa sa pagsubok na ang kwenintang t na 17.93 ay mas mataas kaysa "tabular t-value na 2.02 at ito'y nangangahulugan sa di-pagtanggap ng ipotesis. Ito'y nagpapakilala na may nakikitang lubhang pagkakaiba na namamagitan sa tamtamang eskor ng huling pagsubok ng pangkat kontrol at pangkat eksperimental. Kaya ang naisagawa sa huling pagsubok ng pangkat eksperimental ay nangangahulugang mas magaling kaysa pangkat kontrol. Ito'y nagpapahiwatig na sa pamamagitan ng modyul ay nagkakaroon ng pagkatuto ang mga

mag-aaral.

Ang kwenintang "t-value" na 1.46 ay mas mababa kaysa "critical value" na 2.021 at 0.05 "level of significance" kaya, tinanggap ang epotesis. Dahil dito maaaring sabihin na ang pangkat eksperimental at pangkat kontrol ay mayroon parehong antas ng kakayahan sa umpisa pa lamang ng pagsubok at pag-aaral. Maaaring sabihin na ginawa ang wastong pagpapangkat.

3. Batay sa halaga ng RES, ang modyul ay nakitang mabisa at angkop sa kakayahan at karanasan ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang. Ganun din ang kinalabasan sa kwenintang HIS na magpapahayag sa pagkawili ng mgaa mag-aaral sa pagbasa at nagpapahiwatig din ito na ang inihandang kaganitang pampagtuturo ay talagang nagtataglay ng pangganyak na magkaroon ng kawilihan at interes ang mga mag-aaral na magpatuloy sa paggamit ng modyul. Kaya, maaaring sabihin na ang nilinang na modyul ay angkop at kawili-wili.

Ang kwenintang t na 30.98 ng modyul aay mas mataas kaysa tabyular t na 2.021 sa 0.05 antas ng bisa sa 38 "degree of freedom". Kaya ang "null hypothesis" ay di-tananggap. Samakatuwid, naroon ang lubhang pagkakaiba ng tamtamang eskor na namamagitan sa una at huling pagsubok ng pangkat eksperimental na nakikita sa mas mataas na tamtamang

eskor sa huling pagsubok kaysa unang pagsubok. Ito'y isang palatandaan na lubhang malaki o marami ang natutunan ng mga nasabing pinagtutuunan ng pag-aaral nang sila'y gamitan ng pagtuturong modyular.

Sa unang pagsubok ay nakakuha ng kabuuang tamtamang iskor na 33.60. Sinubukan nitong ipotesis kung may makikitang pagkakaiba sa kinalabasan ba tamtamang iskor sa una at huling pagsubok ng pangkat kontrol.

Ang kwenintang "t-value" na 9.97 ng tamtamang eskor ng pangkat kontrol ay mas mataas kaysa tabular t na s.021. Naging dahilan ito sa di-pagtanggap ng "null hypothesis". Ito'y palatandaan na may naganap na paagkatuto sa pangkat kontrol.

## Konklusyon

Batay sa nabuong mga resulta narito ang sumusunod na konklusyon.

1. Ang modyul ay nagtataglay ng bisa sa pag-unawang pagbasa lalung-lalo na kung ito ay isang maikling katha sa dahilan na ito ay nasa kawilihan ng mga mag-aaral.

2. Ang mga mag-aaral ay nagaganyak nang mabuti kung sila ay nagkakaroon ng panibagong pagtuklas ng isang pag-aaral o kaya'y nasa pagsusubaybay o eksperimento.

3. Sa panig ng guro, nagiging sistematiko rin ang kanyang pagtuturo kung mayroon siyang kagamitang pampagtuturo at nalilinang din ang kanyang kasanayan tungo sa kahusayan sa pagturo.

Mga Rekomendasyon

Batay sa konklusyon nabuo, ang sumusunod na mga tagubilin ay ibinibigay ng mananaliksik:

1. Kailangan ang lubusang kasanayan sa pagbubuo ng mga modyul hindi lamang sa maikling katha kundi maging sa iba pang uri ng panitikan.

2. Magsagawa ng iba pang eksperimento na kagaya nito. Maaaring iba lang ang bigyan tuon o pokus ng mananaliksik.

3. Dapat magkaroon ng sapat na kabatiran ang isang mananaliksik sa pag-unawa ng kanyang mga mag-aaral bago magsagawa ng anumang hakbangin.

4. Kailangan ang lubusang suporta ng mga administrador ng paaralan sa mga nagsasagawa ng ganitong pananaliksik.

5. Magkaroon nang malawak na desiminasyon tungkol sa mga kinalabasan ng pag-aaral na ito.

Ang pagsunod sa mga nabanggit na tagubilin ay isang pagandang pagpapakita ng isang guro o edukador at nagpapamalas ng isang katangi-tanging niloloob na may mataas

na adhikain at pananaw sa pagpapataas ng uri ng edukasyon. Sa kahuli-huliang pagkakataon, masasabi na ang pagtatamo ng pinakamataas o may kalidad at literadong mamamayan ay siyang hinahangad ng ating kapanahong lipunan.

# Kabanata 6

# ANG MGA KAGAMITANG MODYUL

Inilahad sa kabanatang ito ang isang madetalyeng paglalahad ng mga kagamitang modyul na sumasaklaw sa mga sumusunod na paksa: Ang katuturan ng modyul, katuturan ng mga maikling kathang isinamodyul, mga panuto sa paggamit ng mga kagamitang modyular, mga layunin, laman ng modyul, pagsubok bago ituro ang modyul at aktuwal na modyul ng limang araling nagtataglay ng mga pagsasanay at mga kasagutan.

## Ang Modyul

Isang paraang karaniwang ginagamit ngayon, maging sa loob at sa labas ng paaralan at ang pagtuturong modyular o ang pag-aaral sa pamamagitan ng modyul.

Ang modyul sa pagkatuto, tulad ng sasakyang pang kalawakang pinagkunan ng ganitong tag-uri ay isang kagamitang ganap (self-contained). Ito ay ganap sapagkat nagtataglay ito ng lahat ng kinakailangang sangkap para sa sariling pagkatuto ng mag-aaral. Samakatuwid, ang isang modyul, upang maging makabuluhan at mabisa ay dapat naglalaman ng mga sumununod:

a. Mga Panimula

1. Bakit kailangan ang mga aralin?

2. Mga layunin

3. Patnubay sa pag-aaral

B. Mga Gawain ng Pag-aaral

Ito ay binubuo ng mga kuwadro o "frames". Ang bawat kuwadro ay naglalaman ng;

1. Impormasyong babasahin

2. Pagsubok para sa sarili

3. Mga kasagutan

c. Mga Pagsubok

1. Para sa kinakailangang kaalaman, kilos at gawi.

2. Bago simulan ang modyul (pretest)

3. Pagkatapos gamitin ang modyul (posttest)

D. Mga kagamitan para sa pag-aaral ng modyul:

1. Sanayang aklat

2. Mga kailangang kagamitan

<u>Mga Maikling Kathang Isinamodyul</u>

<u>Ano ang Maikling Katha?</u> Ayon kina Matute, Belvez at Kabigtig (1981:55), ang maikling katha o kuwento, gaya ng karaniwang tawag dito, ay sangay ng isang salaysay (narration) na may iisang kakintalan (single impression). Ito ay may sariling katangiang ikinaiiba sa mga samahang sangay ng salaysay at dito ay kabilang ang mga sumusunod: (1) isang madulang bahagi ng buhay na tinatalakay, (2)

isang pangunahing tauhang may mahalagang suliranin, at kakauntian ng iba pang mga tauhan, (3) isang mahalagang tagpo o kakauntian nito, (4) mabilis na pagtaas ng kawilihan hanggang sa kasukdulang madaling sinusundan ng wakas at (5) isang kakintalan.

**Mga Ugat ng kasalukuyang Maikling Katha.** Sinabi rin nina Matute, Belves, at Kabigtig (1981: 55-58), ang maikling katha sa kasalukuyan na siyang pinakamaunlad na sangay ng panitikan, maging sa Filipino o sa Ingles ay tila mayabong na punongkahoy na may mararami't malalalim na ugat. Kabilang sa mga ugat na ito ang mitolohiya, alamat, kuwento ng bayan, pabula, parabula at karaniwang kuwento.

Lima lamang sa pitong nabanggit ang binigyang-diin sa pag-aaral na ito. Narito ang mga sumusunod:

<u>Ang Parabula</u>. Ito ay karaniwang nanggagaling sa Banal na Kasulatan. Ang parabula ay maikling kathang umaakay sa tao sa tuwid na landas ng buhay. Kabilang na marahil sa mga kinagigiliwang parabula ang mga sumusunod: "Ang Mabuting Samaritaño, "Ang Publikano ay ang Parisco," "Ang Manghahasik," at "Ang Lagalag na Anak". Magkatulad ang layunin ng parabula at pabula - ang magturo ng aral sa tao, bagaman magkaiba ang pamamaraan. Ang mga ito ay hinango mula

sa mga sanggunian.

**Ang Pabula**. Ang pabula ay kuwento ng mga hayop na nagsisikilos at nangagsasalitang parang tao, at ang layon ay makapagturo ng aral sa bumabasa. Kilalang-kilala ang mga pabula ni Esopo, na noong una pa man ay nakatuklas na ang tao'y ayaw pangaralan nang tuwiran, kaya marahil dinaan niya ito sa tulong ng mga pabula. Kabilang sa mga tanyag nating pabula ay sinulat ni Dr. Jose Rizal, na pinamagatang "Ang Matalinong Pagong at ang Hangal na Unggoy."

**Ang Alamat**. Ang alamat ay kuwentong pasalinsalin sa bibig ng mga taong bayan at karaniwang tungkol sa pinagmulan ng' mga bagay-bagay. Ito ang karaniwang kasagutan sa nga kababalaghan o mga pangyayaring may kaugnayan sa kalikasan na hindi sapat ang kaalaman sa agham. Marami tayong mga alamat ngunit makabuluhang pag-aaralan ang isang naglalarawan sa paniniwala ng ating mga ninuno gaya ng paniniwalang kasisinagan ng kanilang palagay tungkol sa ating lahi. Kabilang dito ang alamat nina "Malakas at Maganda" na nagsasalaysay ng pagiging kulay kayumanggi ng ating balat, ng pagiging katamtaman ang tangos ng ating ilong, at nagpapakilala sa unang pinagmulan ng mga Pilipino

**Ang Anekdota.** Ito ay mga maikling kuwento ng mga tunay na karanasang na kung minsan ay katuwa-tuwa at kung minsan ay "nag-iiwan ng aral". Kadalasang kawili-wiling basahin ang mga anekdota tungkol sa mga bayani, mga dakilang tao o mga kilalang tao. Mga halimbawa o tulad ng pagtapon ng isa pang kapares na tsinelas sa ilog, ang kakuriputan ni Valeriano Hernandez Peña, ang mapagmahal na pagsasama ng magkaibigan ngunit magkaagaw na sina Jose Corazon de Jesus at Florentino T. Collantes.

**Ang Karaniwang Kuwento.** Kuwento ang tawag sa mga salaysay na sinulat ng mga paring Kastila upang magbigay ng halimbawa sa kanilang mga pangaral gaya ng: "Mga Buhok na Nangungusaap" at "sa Kagalitan". Kuwento rin ang tawag sa mga sumusunod na salaysay na binubuo sa mga pahayagan noong mga unang taon dito ng mga Amerikano. Kabilang dito ang mga daglit ni Lope K. Santos sa pahayagang "Muling Pagsilang", at ang kanyang mga kapanahong pahayagang "Demokrasya", "Taliba" at "Mithi".

Ang limang uri ng maiikling kathang binigyan paliwanag o paglalarawan sa mga naunang pahina ng pag-aaral na ito ang siyang pinagsumikapan ng

mananaliksik na isamodyul at siyang ginamit ng eksperimental na pangkat.

## Mga Panuto sa Paggamit ng mga Kagamitang Modyular

Tulad ng ibang kagamitan dapat mo ring malaman kung paano gagamitin ang modyul. Bagamat nakapaloob na sa modyul ang ilan sa mga panuto na kailangang masunod habang ito'y iyong pinag-aaralan, may iba pang mga gawaing kailangan mong malaman nang may pag-unawa upang hindi ka masyadong mahirapan sa paggamit nito. Narito ang ilan sa mga dapat mong sundin sa paggamit ng modyul: Una sa lahat, kukuha ka muna ng unang pagsubok (pretest) bago gamitin ang modyul, dapat mong ingatan at huwag mong dudumihan o susulatan, malalaman mo sa panimula ng modyul kung ano ang nais ituro sa iyo. Siya ang magiging pansamantala mong TITSER ngayon. Mahusay rin siyang magturo tulad ng mga naging guro mo na. Basahin mo nang buong ingat ang mga nakasulat dito. Huwag kang magmamadali sa pagsagot sa mga pagsasanay. Ang lahat ng pagkakataon ay nasa iyo. Ang mahalaga ay maunawaan mo ang lahat ng mga isinasaad sa modyul na ito.

## Bakit Mahalaga ang Modyul?

Mahalaga ang modyul dahil sa ito ay iniaangkop sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral na magagamit nila sa kanilang

pag-aaral. Ito ay nagtataglay ng mga panturong madaling maunawaan ng gagamit nito. Nagtataglay din ito ng mga araling may kaugnay na mga pagsasanay na angkop sa layuning nililinang. Mayroon din mga kasagutan kung kaya't malalaman mo kaagad ang resulta ng inyong pag-aaral. Isa pang bentaha sa kahalagahan ng modyul ay ang pagtataglay nito ng lahat ng sangkap para sa sariling pag-aaral at pagkatuto ng mag-aaral.

Ano ang Matututuhan Mo?

Sa modyul na ito, ikaw ay inaasahang matututo sa mga sumusunod na kasanayan: pagkuha ng pangunahing ideya, pagsunud-sunod sa mga pangyayari, pagsagot ng mga tiyak na tanong, pagtala ng mga detalye at pagbuo ng isang tiyak na tanong, pagtala ng mga detalye at pagbuo ng isang balangkas sa binasa. Malaki ang maitutulong sa iyo ng mga kasanayang ito, dahil pagkatapos bumasa ng kahit anong babasahin ay mauunawaan mo na ang tungkol sa inyong binasa. Magagawa rin ang mga kasanayang iyong natutuhaan nang nag-iisa at sa madaling salita, may matutuhan ka sa modyul na iyong gagamitin o pag-aaralan.

Limang aralin ang pag-aaralan mo at ang bawat aralin ay isinamodyul. Kapag nasunod mo ang mga dapat gawin sa paggamit ng modyul at matagumpay mong naisagawa ang nga ito

ay maari ka nang kumuha ng huling pagsubok (posttest) upang masukat ang antas ng inyong kakayahan pagkatapos pag-aralan ang modyul.

Subukan natin kung alam mo na ang iyong mga gagawin. Humingi lang muna sa guro para sa iyong sagutang papel para sa mga *HULWARANG TANONG* na ibibigay bago gamitin ang modyul.

Ito ay isa lamang pagsasanay kung naunawaan mong lahat ang mga panutong naibigay sa unang bahagi. Muling paunawa, huwag kaligtaang basahin nang buong ingat ang panuto upang maisagawa mo nang wasto at maayos ang gawaing ito.

Siguro naman handa ka na. Nasa kasunod na pahinang ito ang simula ng pagsasanay na inyong gagawin. Pakinggang mabuti kung may iba pang sasabihin ang tunay mong guro para sa ikauunawa ng bawat isa.

## Panimulang Pagsasanay

Panuto: Basahin nang buong ingat ang mga sumusunod na pangungusap. Piliin ang wastong sagot. Titik lamang ang isulat sa inyong sagutang papel.

1. Ano ang dapat mong gawin bago magsimulang gumamit ng modyul?

   a.) kumuha ng tamang sagot sa mga pagsasanay.

   b.) kumuha ng pagsubok pagkatapos gamitin ang modyul.

   c.) kumuha ng mga tiyak na layunin.

   d.) kumuha ng unang pagsubok (pretest).

2. Upang maging matagumpay sa paggamit ng modyul, alin ang dapat mong gawin?

   a.) Basahin nang buong ingat at sundin ang mga panuto.

   b.) Magmadali sa pagbasa para makatapos agad.

   c.) Magtanong lagi sa guro.

   d.) Iwanan ang hindi mo alam.

3. Sa pagsagot sa mga pagsasanay sa bawat aralin, saan mo isusulat ang inyong sagot?

   a.) sa modyul

   b.) sa sagutang papel

   c.) sa kuwaderno

   d.) sa kard

4. Maliban sa pag-aaral at pagsunod sa mga panuto sa mga aralin, paano mo gagamitin ang modyul?

   a.) Ipababasa mo sa iyong kapatid.

b.) Paglalaruan mo habang pinag-aaralan.

c.) Huwag mong dudumihan o susulatan.

d.) Ipahiram sa inyong kaibigan.

5. Saang bahagi ng modyul matatagpuan ang layuning dapat mong matamo?

a.) sa pabalat　　c.) sa gitna

b.) sa panimula　　d.) sa hulihan

6. Sa pagwawasto ng mga sagot, alin ang dapat mong gawin?

a.) Palitan ang mali mong sagot.

b.) Lagyan ng wastong sagot ang hindi nasulatan.

c.) Maging matapat sa pagwawasto.

d.) Lagyan ng tsek kahit mali ang sagot.

**Alamin ang Iskor Mo**

6 - Kahanga-hanga, maaari ka nang gumamit ng modyul

3 - 5 - Pagbutihin mo pa ang pag-aaral. Basahin mong muli ang mga panuto, pagkatapos sagutin muli ang pagsasanay.

0 - 2 - Huwag kang magtampo. Subukan mong muli o di kaya'y magpaturo ka sa iyong kaklase o guro. Sagutin muli ang pagsasanay basahing muli ang mga panuto, pagkatapos sagutin muli ang pagsasanay.

<u>Ang Laman ng Modyul</u>

Limang modyul ang pag-aaralan dito na hinati-hati upang kusang linangin ang limang kasanayan sa pagbasa. Naglalaman ang bawat modyul ng kasanayan, layuning, patnubay sa pag-aaral, ang maikling katha o araling nakapaloob, ang mga

pagsasanay na may kaugnay na panuto at ang mga kasagutan o susi sa pagwawasto.

Taglay nito ang limang araling lilinang ng tig-isang kasanayan bagamat binibigyan diin ang ibang kasanayang dapat linangin. Malinaw na inilalarawan ang limang aralin, ang tiyak na kasanayan at ang pamagat ng maikling katha sa ibaba.

Aralin 1 – Pagtala ng mga detalye (Parabula) Magtiwala sa Pangako

Aralin 2 – Pagsagot sa mga tiyak na tanong (Karaniwang Kuwento) Ang Karanasan ni Nestor.

Aralin 3 – Pagkuha sa pangunahing ideya ( Alamat) Ang Alamat ng Durian.

Aralin 2 – Pagsunud-sunod sa mga pangyayari (Anekdota) Tsinelas na Itinapon.

Aralin 5 – Pagbuo ng isang balangkas sa binasa (Pabula) Nakaligtas si Pilandok.

Maliwanag na bago gamitin ang limang modyul, ang bawat isa ay kukuha muna ng unang pagsubok (pretest). Nasa kasunod na pahina ito.

## Pagsubok Bago Ituro ang Modyul
### Unang Pagsubok

Hindi inaasahang masasagot mo ang lahat ng mga katanungan sa pagsubok na ito, kaya huwag kang mangamba o matakot at huwag kang mag-alala. Pero lalong mabuti kung masasagot mong lahat ang mga katanungan ayon sa inyong kakayahan at pagsisikap.

I. A. Naiuugnay sa tauhan ang kanilang sinabi.

Panuto: Piliin kung sinong tauhan ang nagsabi ng bawat pahayag na sumusunod. Isulat ang titik lamang ng wastong sagot sa inyong sagutang papel.

1. "Ang Diyos ay sumasaiyo, Binata."

   a. alagad ng Diyos  c. kaaway ng Diyos

   b. anghel ng Diyos  d. disipulo ng Diyos

2. Nais kong mapatunayan kung totoong ako ang napili ng Diyos"

   a. propeta  c. Gideon

   b. anghel ng Diyos  d. sundalo

3. "Lubhang napakarami ng sundalo mo".

   a. propeta  c. Gideon

   b. anghel ng Diyos  d. Diyos

4. "Nestor, Halika, may sulat ka galing sa pinsan mong si Doming".

   a. ina ni Nestor  c. lola ni Nestor

   b. ama ni Nestor  d. lolo ni Nestor

5. "Ka Aning, narito na ang mga bisita ninyo".

a. tsuper
c. hardinero
b. kutsero
d. kusinero

6. "Akala namin para lang sa mayayaman ang mga botika."

a. Ingkong Tasyo
c. Nestor
b. Doming
d. Tiya Aning

7. "Ang aking tsinelas: ang tsinelas ko!"

a. bangkero
c. Jose
b. tatay ni Jose
d. batang ni Jose

8. "Babalikan po ba natin?".

a. Jose
c. bangkero
b. batang babae
d. tatay ni Jose

9. "Huwag na, mahirap nang makuha pa natin iyon."

a. Jose
c. bangkero
b. batang babae
d. tatay ni Jose

10. "Hoy ... huwag kayong malikot, baka tumaob ang bangka!"

a. Jose
c. bangkero
b. batang babae
d. tatay ni Jose

II. B. Nakikilala ang iba't ibang uri ng pag-uugnayan (uri, kagandanhang asal, sanhi at bunga, palagay at katotohanan)

Panuto: Buuin ang mga pangngusap batay sa uri ng pag-uugnayan. Piliin ang wastong sagot sa loob ng panaklong. Isulat ang titik lamang sa inyong sagutang papel.

1. Hango sa Bibliya, ang maikling kathang pinamagatang "Magtiwala sa Pangako". Isang uri ito ng ________.

   a. parabula     c. anekdota

   b. alamat     d. pabula

2. "Ang aso at ang Kanyang Anino" ay isang uri ng ________.

   a. alamat     c. pabula

   b. karaniwang kuwento     d. anekdota

3. Tinatawag na banal na kasulatan ng mga Romano Katoliko. ang ________.

   a. Haraya     c. Korean

   b. Bibliya     d. konstitusyon

4. Katulad ng parabula, hangarin din ng pabula ang magturo ng aral o leksiyon. Kaya lang ang nagsisiganap na pangunahing tauhan ay mga ________.

   a. tao     c. hayop

   b. lugar     d. bagay

5. May ________ ang tatlong daang kawal dahil sinalok nila ng kamay ang tubig sa pag-inom.

   a. pagkamatapang     c. pagkamasunurin

   b. pagkamaginoo     d. pagkamagaspang

6. Ang ________ ay kuwentong pasalin-salin sa bibig ng mga taong bayan at karaniwang tungkol sa pinagmulan ng mga bagay-bagay.

a. anekdota
c. alamat
b. pabula
d. karaniwang kuwento

7. Isang anekdota ang maikling kathang pinamagatan ______.
   a. Ang Aso at ang Kanyang Anino.
   b. Ang Tsinelas na Itinapon.
   c. Ang Karanasan ni Nestor.
   d. Nagtiwala sa Pangako.

8. Isang pabula ang maikling kathang pinamagatang ______.
   a. Nakaligtas si Pilandok.
   b. Ang Tsinelas na Itinapon.
   c. Ang Karanasan ni Nestor.
   d. Nagtiwala sa Pangako.

9. Isang parabula ang maikling kathang pinamagatan ______.
   a. Ang aso at ang Kanyang Anino.
   b. Ang Tsinelas na Itinapon.
   c. Ang Karanasan ni Nestor.
   d. Nagtiwala sa Pangako.

10. Ang parabula ay karaniwang nanggagaling sa__________.
   a. kasaysayan
   c. Banal na Kasulatan
   b. komiks
   d. Diksiyunaryo

III. C. Nakapag-ayos ng mga pangyayari sa isang kuwento na hindi sunud-sunod ang pangyayari o pagkakasulat.

Panuto: Ayusin ang mga talata o mga pangungusap ayon sa pagkakasunud-sunod ng pangyayaring isinaad sa kuwento. Titik lamang ang isulat sa inyong sagutang papel.

1. "Bakit mo itinapon?" Ang tanong ng kanyang tatay. "E . . . aanhin ko po ang isang paang tsinelas?" ang sagot ni Jose. "Maaring dalhin ng agos sa pampang ang dalawang paang tsinelas. Kung mapulot ng isang mangingisda ang mga iyon maiuuwi niya sa kanyang anak."

2. "Ang aking tsinelas! Ang tsinelas ko! ang sigaw ni Jose, "Nahulog ang aking tsinelas!" Hindi narinig ng bangkero ang sigaw ni Jose. Hindi rin narinig ng kanyang ama sapagkat maiingay ang mga ilang bata. Sila ay pauwi na sa Calamba.

4. Hindi na kumibo ang kanyang tatay. Napangiti na lamang ito. Alam niyang tama ang sagot ng matalino niyang anak.

5. Wala na ang tsinelas. Hindi na matanaw si Jose "Tatay, nahulog po ang aking isang paang tsinelas. "Dinala ng agos. Hindi ko na makita," ang sumbong ni Jose.

6. Nang marinig ni Jose ang sinabi ng kanyang ama, inihagis niya sa tubig ang isa pang paang tsinelas.

7. "Babalikan po ba natin?" ang tanong ng bangkero.

8. Umiling ang tatay ni Jose. "Huwag na, mahirap nang makuha pa natin iyon.

9. Huminto sa paggalaw ang mga bata ngunit patuloy din ang kanilang tawagan. Patuloy din ang kanilang biruan at hiyawan.

10. Magkatabi ang tatay ni Jose at ang bangkero. Sila'y nag-uusap. "Ang saya ng mga bata," ang puna ng bangkero. "Maingay na at magalaw pa." "Hoy . . . huwag kayong malikot," ang saway ng tatay ni Jose. "baka tumaob ang bangka!"

III. D. Nasasagot ang mga tiyak na tanong na nagsisimula sa Ano, Sino, Alin, Kailan, Bakit at Paano.

Panuto: Basahing mabuti ang sumusunod na mga tanong at piliin ang wastong sagot. Isulat ang titik lamang sa iyong sagutang papel.

1. Sinu-sino ang kumuha ng lahat ng mga pagkain ng mga Israelita?

   a. mga sundalo  c. Mga Madiaanita
   b. mga taga-Israel  d. mga tulisan

2. Sa pamamagitan ng ano ang ginawang pagtugon ng Panginoon sa sigawan ng mga taga-Israel?

   a. ng propeta  c. ng diyus-diyusan
   b. ng trumpeta  d. ng liwanag

3. Sino ang binatang magsasakang kinausap ng anghel ng Diyos?

   a. Si Geron  c. Si Gordon
   b. Si Gideon  d. Si Gabriel

4. Ilang tubig ang napiga ni Gideon mula sa nabasang lana?

   a. isang patak  c. isang baso
   b. isang lata  d. isang tasa

5. Bakit nagpuri at nagpasalamat ang mga Israelita sa Diyos?

   a. dahil sa gantimpala
   c. dahil sa tagumpay
   b. dahil sa biyaya
   d. dahil sa pagkatalo

6. Saan nagpunta si Nestor pagkatapos mabasa ang sulat?

   a. sa palengke
   c. sa bayan
   b. sa paaralan
   d. sa botika

7. Bakit sumakit ang tiyan ni Nestor ayon sa nanay niya?

   a. dahil sa hindi pagkatunaw ng mga kinain niya.
   b. dahil sa sobrang kabusugan.
   c. dahil sa biyahe.
   d. dahil sa inumin

8. Anong akala ni Tiya Aning sa mga botika?

   a. ang mga botika ay para sa mahihirap.
   b. ang botika ay para lang sa mayayaman.
   c. Ang botika ay namimigay ng gamot.
   d. Ang botika ay tulad ng hospital

10. Sino ang makapangyarihan at matalinong Sultan?

   a. Sultan Kudarat
   c. Sultan Padul
   b. Sultan Hamin
   d. Sultan Hassan

11. Anong masamang pangyayari ang dumating sa kaharian?

   a. digmaan
   c. baha
   b. sunog
   d. tag-tuyot

12. Bakit walang magkagusto kay Princesa Duri?

a. sobrang kapangitan
c. sobrang mapagmataas
b. sobrang kasungitan
d. sobraang katalinuhan

13. Saan nahulog ang isang paang tsinelas ni Jose?

a. sa hagdanan
c. sa hangin
b. sa ilog
d. sa bintana

14. Ano ang kanilang sinakyan pauwi sa Calamba?

a. kalesa
c. bangka
b. dyip
d. bapor

15. Sino ang sumaway sa mga batang maiingay at malilikot?

a. si Jose
c. bangkero
b. tatay ni Jose
d. matandang babae

16. Bakit itinapon ni Jose ang isa pang paang tsinelas?

a. dahil sa galit
b. dahil utos ng tatay niya
c. dahil wala nang kapares
d. para magamit ng iba

17. Sino ang katabi ng bangkero sa bangkang sinasakyan nila?

a. tatay ni Jose
c. batang babae
b. Jose
d. matandang babae

18. Sa pabulang binasa sino ang leong gutom na gutom?

a. Alimaonga
c. Arimaonga
b. Pilantok
d. Pilandok

19. Sino naman ang usang takot na takot?

    a. Piyantok
    b. Pilantok
    c. Pirandok
    d. Pilandok

20. Anong aral ang ibinibigay ng pabula?

    a. talo ang talino ng lakas
    b. talo ng lakas ang talino.
    c. talo ang lakas ng talino.
    d. mahalaga ang lakas sa talino.

# ANG MODYUL

MODYUL I

UNANG ARALIN

# P A R A B U L A

"NASA DIYOS ANG AWA,

NASA TAO ANG GAWA"

Kumusta ka aking kaibigan, mukhang masaya ka ngayon. siguro natapos mo na ang takdang araling ibinigay sa iyo ng iyong guro kahapon. Ganyan ang mabait na bata, sumusunod sa utos. alam mo, ang tamad na bata ay walang matatanggap na biyaya at kailanman ay hindi matututo.

Naniniwala ka ba sa banal na kasabihang "Nasa Diyos ang awa, nasa tao ang gawa"? Tulad mo gumagawa ka sa utos ng guro, kaya sa awa ng Diyos matututuhan mo ang mga araling pinagsisikapan mong pag-aralan.

Halika, ako naman ang magtuturo sa iyo ngayon. Ituturo ko sa iyo kung paano ang pagtala ng mga detalye mula sa binasang maikling katha.

Alam kong magugustuhan mong basahin ang maikling katha na pinamagatang, "Nagtiwala sa Pangako", Ito'y isang parabula at alam mo ang ibig sabihin nito.

Pero bago mo simulan ang araling ito, basahin mo muna nang may pag-unawa ang mga patnubay sa pag-aaral sa kasunod na pahina.

## Patnubay sa Pag-aaral

Upang madali kang matuto, narito ang mga hihilingin ko sa iyo. sundin mo nang walang pasubali ang mga sumusunod na patnubay:

1. Ingatan mo akong mabuti. Huwag mo akong dudumihan o susulatan.
2. Basahin mo nang buong ingat at may pag-unawa ang mga aralin, panuto, at pagsasanay.
3. Gumamit ng hiwalay na papel para sa iyong mga kasagutan.
4. Tapusin mo muna ang ipinagagawa sa iyo, bago ka pumunta sa kasunod na gawain. Huwag magmadali.
5. Maging matapat ka sa pagsagot sa mga pagsasanay at pag-wawasto.

Alam kong matalino ka, kaya madali mong masusunod ang mga patnubay na ito.

O, ano handa ka na ba? Tingnan at pag-aralan ang nasa kasunod na pahina.

# KUWADRONG PAMPAGTUTURO

Higit na mapapaunlad mo ang kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa kung mauunawaan mo ang nakalimbag na salita sa pamamagitan ng pagbabasa, di ba? Kaya totoong masasabi mong napakahalaga ang pagbasa. Subali't higit na mapapaunlad mo ang iyong kasanayan sa literal na pag-unawa sa binasa kung tatandaan mo ang maliliit ngunit napakahalagang mga bagay-bagay na dapat isaisip. karaniwang sumasagot ito sa mga tiyak na tanong na nagsisimula sa "sino", "ano", "alin", "Kailan", "saan", "bakit" at "paano".

Basahin mong mabuti ang talataan at mga pangungusap sa ibaba ng talataang ito:

---

**Sabado noon. Naisipan ni aling Flor na mamili ng dalawang dosenang pinggan sa Plaza Fair upang magamit nila sa darating na pista ng bayan. Walang pasok nga naman. Kaya ipinagpasiya niyang isama na ang dalawa niyang anak na sina Rodolfo at Delia para makatulong sa pagdadala ng mga pinamili.**

---

1. Sino ang nakaisip na mamili? <u>si Aling Flor.</u>
2. Ano ang naisipang bilhin ni Aling Flor? <u>mga pinggan.</u>
3. Aling pista ang darating? <u>pista ng bayan.</u>
4. Ilang pinggan ang bibilhin ni Aling Flor? <u>dalawang</u>

dosena

5. Kailan naisipang mamili ni Aling Flor? sa Sabado
6. Saan niya nabili ang mga pinggan? sa Plaza Fair
7. Bakit siya namili ng mga pinggan? Upang magamit sa pista ng bayan
8. Paano siya namili? isinama niya ang dalawang anak

Ang mga salita o lipon ng mga salitang: si Aling Flor, mga pinggan, pista ng bayan, dalawang dosena, sa Sabado, sa Plaza Fair, upang magamit sa pista ng bayan at isinama niya ang dalawang anak ay mahalagang detalyeng malinaw na isinasaad sa talataang binasa.

Napakadali ano? Tingnan ko kung makukuha mo ito. Basahin mong mabuti ang talataang ito at alamin ang mahalagang detalye.

---

**Nakasakay na sila sa traysikel nang biglang may sumigaw nang malakas. Nang lumingon sila, isang taong iwinawagayway ang dalang itak ang naghahamon ng away ang tumambad sa kanilang paningin. Away! Away! Halikayo't masubukan ang pagkamatapang hindi lang sa inuman! Naulinigan nila ang mga ito habang nakikita nilang pasuraysuray na lumalakad si Mang Pepe.**

---

Naunawaan mo ba? Isagawa ang kasunod na pagsasanay.

## PAGSASANAY

Panuto: Mula sa talataang binasa mo sa naunang pahina, basahin ang sumusunod na mga tanong at piliin ang wastong sagot. Isulat ang titik lamang sa iyong sagutang papel.

1. Saan sila nakasakay nang biglang may sumigaw nang malakas?

   a. sa bus  c. sa traysikel

   b. sa dyip  d. sa kalesa

2. Ano ang nakita nila nang sila'y lumingon?

   a. Isang taong iwinawagayway ang dalang itak.

   b. Isang batang sumisigaw .

   c. Isang matandang gustong tumawid.

   d. Isang asong tumatakbo.

3. Bakit iwinawagayway ang dalang itak?

   a. may tinatawag

   b. naghahamon ng away

   c. may hinahabol na aso

   d. nagpapakita ng isang palabas

4. Paano mo natiyak na lasing si Mang Pepe?

   a. amoy alak

   b. pabalik-balik sa tindahan

   c pasuray-suray kong lumakad

   d. ayaw nang uminom

5. Anu-ano ang kanyang mga sinabi na nagpapatunay na siya nga'y lasing?

   a. lumaban kayo sa akin sa patayan!

   b. hindi ako takot kahit kanino!

   c. Away! Away! halikayo't subukan ang pagkamatapang hindi lang sa inuman!

   d. mga walanghiya! magsilapit kayo!

## SUSI SA PAGWAWASTO

Napakadali ano? Iwasto mo ang iyong mga sagot maging matapat ka gaya ng pinagbilin ko sa iyo. Narito ang susi sa pagwawasto:

1. c - sa traysikel
2. a - isang taong iwinawagayway ang dalang itak
3. b - naghahamon ng away
4. c - pasuray-suray kung lumakad
5. c - Away! Away! halikayo't subukan ang pagkamatapang hindi lang sa inuman!

**Alamin ang Iskor mo**

5 - magaling! Talagang matalino ka. Maaari mo nang basahin at pag-aralan ang kasunod na aralin.

3-4 - Pagbutihin mo pa ang pag-aaral, basahin nang buong ingat at pag-aralan ang kasunod na aralin.

0-2 - Huwag mawalan ng pag-asa, basahing muli ang talataan at sagutin ang parehong pagsasanay. Pagkatapos isunod ang pagbasa at pag-aaral sa kasunod na aralin. Buong ingat na pag-aralan ang kasunod na aralin.

## ARALIN I

Narito ang pinakatampok na araling iyong pag-aaralan. Isang maikling katha o maikling kuwentong tinatawag na parabula. hango ito sa banal na kasulatan na ang hangarin ay magturo ng aral o leksiyon. Pinatutunayan dito ang kasabihang "Nasa Diyos ang awa, nasa tao ang gawa", tulad ng nabasa mo sa aking pabalat. Basahin mo nang tahimik, sundin ang mga pamantayang itinuro sa iyo ng iyong guro sa pagbasa nang tahimik at sagutin ang mga pagsasanay pagkatapos.

Sige, simulan mo nang basahin nang tahimik.

---

### *Nagtiwala sa Pangako*

*"Panginoon! Panginoon! sigawan ng mga taga-Israel. "Tulungan mo po kami! Kinuhang lahat ng mga Madianita ang aming pagkain at kabuhayan".*

*Tumugon sa kanila ang Panginoon sa pamamagitan ng isang propeta. "Ang Panginoong Diyos ang humango sa inyo buhat sa pagkakaalipin sa Ehipto. Binigyan ng lupang matitirhan. Pinagbawalan kayong sumamba sa diyus-diyusang si Baal ngunit hindi sumunod."*

*Sa gitna ng masaganang biyayang bigay ng Diyos*

*sa loob ng maraming taon, ang mga taga-Israel ay laging nakalilimot sa kanilang pangakong ibigin ang Diyos. Bilang paalaala, hinayaan ng Diyos sa sila'y lusubin ng mga kaaway. Ang mga Israelita ay nagsisi at sila'y tinulungang muli ng Panginoon.*

*Isang araw ang anghel ng Diyos ang kumausap kay Gideon, isang binatang magsasaka. "Ang Diyos ay sumaiyo binata."*

*Ginoo, kung ang Diyos ay nasa akin, bakit nangyayari ang kaguluhang ito sa aming bayan?" tanong ni Gideon.*

*Iniutos ng Panginoon na pangunahan mo ang iyong bayan sa paglaban sa mga kaaway," wika ng anghel ng Diyos..*

*"Nais kong mapatunayan kung totoong ako ang napili ng Diyos," tugon ni Gideon. "Isang pirasong lana ang ilalatag ko sa lupa. Kung ito'y mababasa ng hamog at tuyo naman ang lupa sa paligid, malalaman kong nais nga ng Diyos na manguna ako sa pagligtas sa Israel."*

*Nang magising si Gideon kinabukasan, nakita niyang basang-basa ang lana, ngunit tuyo ang lupa sa paligid nito. Isang tasang tubig ang napiga niya sa lana. Kahit na ganito ang nangyari,*

*nag-alinlangan pa rin si Gideon. Hiniling niyang muli sa Diyos na sa kinagabihan ang lana naman ang matuyo at ang paligid nito ang mabasa. Ang kahilingan ni Gideon ay muling nangyari. natiyak na ni Gideon na siya nga ang napili ng Diyos para iligtas ang kanyang bayan sa kaaway.*

*Bumuo si Gideon ng isang hukbong may dalawampu't dalawang libong sundalo.*

*"Lubhang napakarami ng mga sundalo mo." wika ng Diyos. "Kung mananalo kayo, iisipin ng mga tao na kaya kayo nanalo ay dahil sa sarili ninyong lakas. Pauwiin mo ang lahat na mga natatakot lumaban."*

*"Marami pa rin sila," wika ng Diyos. Painumin mo sila sa batis. Ang uminom nang padapa sa sapa ang inyong pauuwiin. Itira mo lamang ang magsasalok sa pag-iinom ng tubig sa pamamagitan ng kamay."*

*Minasdan ni Gideon ang bawat lumapit sa sapa upang uminom at tatlong daan lamang ang natira.*

*Nang gabing iyon, binigyan ni Gideon ang bawat sundalo ng tig-iisang trumpeta at bangang may lamang isang sulong nagdiringas ipinaliwanag niya ang gagawin.*

*"Kung ang lahat ay nakapaligid na sa kampo, hihipan namin ang aming trumpeta, hipan din ninyo ang inyong mga trumpeta pagkarinig sa amin. Sumigaw kayo at sabayan ng pagbasag ng inyong mga banga upang nagliwanag ang paligid.*

*Naisagawang lahat nila ang ibinigay na panuto ni Gideon. Nagulat ang mga natutulog na kaaway at dahil sa takot at nagtakbuhang palabas sa kanilang tolda. Marami sa kanila ang nagpatayan sa pagkalito. Ang iba'y hinabol ng mga kawal ni Gideon hanggang sa kabilang bayan.*

*Ang mga Israelita ay nagpuri at nagpasalamat sa tagumpay na bigay sa kanila ng Diyos. Napatunayan nila na ang nagtitiwala sa pangako Niya ay hindi pinababayaan.*

==========================================================

Napakaganda ng kuwento ano? Nagustuhan mo ba? Siguro naman natatandaan mo pa ang pagtala sa mga detalye mula sa binasa mong parabula. Masasagot mo pa kaya ang mga tanong na nagsisimula sa Sino, Ano, Ilan, Kailan, Saan, Bakit at Paano?

Gawin mo ang pagsasanay sa kasunod na pahina. Handa ka na ba?

## PAGSASANAY

Panuto: Basahing mabuti ang sumusunod na mga tanong at piliin ang wastong sagot. Isulat ang titik lamang sa inyong sagutang papel.

1. Sinu-sino ang kumuha ng lahat ng mga pagkain at kabuhayan ng mga Israelita?

   a. mga sundalo　　c. mga taga-Israel

   b. mga Madianita　　d. mga tulisan

2. Sa pamamagitan ng ano ang ginawang pagtugon ng Panginoon sa sigawan ng mga taga-Israel?

   a. ng propeta　　c. ng diyus-diyusan

   b. ng trumpeta　　d. ng liwanag

3. Ilang taon ang masaganang biyayang bigay ng Diyos sa mga taga-Israel?

   a. sampung taon　　c. maraming taon

   b. limang taon　　d. ng liwanag

4. Sino ang binatang magsasakang kinausap ng anghel ng Diyos?

   a. si Geron　　c. si Gabriel

   b. si Gordon　　d. si Gideon

5. Saan nangyari ang kaguluhang isinasaad sa parabula?

   a. sa Amerika　　c. sa Israel

   b. sa Tsina　　d. sa Pilipinas

6. Saan inilatag ni Gideon ang pirasong lana?

   a. sa sahig　　c. sa damuhan

   b. sa bubong　　d. sa lupa

7. Ilang tubig ang napiga ni Gideon mula sa nabasang lana?

   a. isng patak
   c. isang baso
   b. isang lata
   d. isang tasa

8. Paano ang gagawin ng mga sundalo ni Gideon upang mag-liwanag ang paligid ng kampo ng kaaway?

   a. babasagin ang bangang may lamang isang sulong nagdiringas.
   b. sisilaban ang mga tolda
   c. hahagisan ng apoy
   d. hahagisan ng granada.

9. Bakit nagtakbuhan ang mga natutulog na kaaway nang magulat?

   a. dahil sa ulan
   b. dahil sa tunog ng trumpeta
   c. dahil sa takot
   d. dahil sa sigaw ni Gideon

10. Bakit nagpuri at nagpasalamat ang mga Israelita sa Diyos?

   a. dahil sa gantimpala
   c. dahil sa bendisyon
   b. dahil sa biyaya
   d. dahil sa tagumpay

Alam kong nakuha mo ang tamang detalye sa iyong sagot. Nasa kasunod na pahina ang susi sa pagwawasto. Maging matapat ka sa pagwawasto.

## SUSI SA PAGWAWASTO

1. b - mga Madianita
2. a - ng propeta
3. c - maraming taon
4. d - si Gideon
5. c - sa Israel
6. d - sa lupa
7. d - isang tasa
8. a - babasagin ang bangang may lamang isang sulong nagdiringas
9. c - dahil sa takot
10. d - dahil sa tagumpay

Alamin ang Iskor mo

8 - 10 -> Napakagaling! Hinahangaan kita. Maari mo nang basahin at pag-aralan ang kasunod na aralin.

5 - 7 -> Magaling! Pagbutihin mo sa kasunod na pagsasanay na iyong isasagawa.

0 - 4 -> Mag-aral kang lagi, basahing muli ang maikling katha at subukan mong sagutin muli ang parehong pagsasanay. Kung ang iskor mo ay 5 hanggang 10, maari mo nang isagawa ang kasunod na pagsasanay.

## PAGSASANAY

Panuto: Piliin kung sinong tauhan ang nagsabi ng bawat pahayag na sumusunod. Isulat ang titik lamang sa inyong sagutang papel.

1. "Ang Diyos ay sumasaiyo, Binata."

   a. alagad ng Diyos  c. kaaway ng Diyos

   b. anghel ng Diyos  d. disipulo ng Diyos

2. "Nais kong mapatunayan kung totoong ako ang pinili ng Diyos."

   a. propeta  c. Gideon

   b. anghel ng Diyos  d. Diyos

3. "Lubhang napakarami ng sundalo mo."

   a. propeta  c. Gideon

   b. anghel  d. Diyos

4. "Marami pa rin sila."

   a. Diyos  c. Gideon

   b. anghel  d. propeta

5. "Kung ang lahat ay nakapaligid na sa kampo, hihipan namin ang aming trumpeta. Hipan din ninyo ang inyong mga trumpeta pagkarinig ninyo sa amin. Sumigaw kayo at sabayan ng pagbasag ng inyong mga banga upang magliwanag ang paligid."

   a. propeta  c. anghel

   b. Gideon  d. Diyos

Panuto: Pagsunod-sunurin ang mga sumusunod na mga pangyayari mula sa parabulang binasa. Isulat ang titik lamang sa inyong sagutang papel.

1. a. Kinausap ng anghel ng Diyos si Gideon

2. b. Nagsigawan ang mga Israelita - Panginoon! Panginoon!

3. c. Nagsiinom ang mga sundalo sa batis.

4. d. Naglatag ng lana si Gideon sa Lupa

5. e. Binigyan ni Gideon ang bawat sundalo ng tig-iisang trumpeta at banga.

Tapos ka na ba? Mas madaling gawin ang dalawang maiikling pagsasanay na ito, ano? Iwasto mo ang iyong ginawa. Nasa kasunod na pahina ang susi sa pagwawasto. Huwag kalimutan maging matapat sa pagwawasto.

# SUSI SA PAGWAWASTO

| A | | | B | |
|---|---|---|---|---|
| 1. | b | – anghel ng Diyos | 1. | b |
| 2. | c | – Gideon | 2. | a |
| 3. | d | – Diyos | 3. | d |
| 4. | a | – Diyos | 4. | c |
| 5. | b | – Gideon | 5. | e |

**Alamin ang Iskor mo**

8 – 10 -> Napakagaling! Talagang hinahangaan kita. Sana ganoon din ang makukuha mong iskor sa ikalawang modyul. Aasahan ko ha!

5 – 7 -> Magaling! Kaya lamang kailangan mo pang mag-aral para tumaas ang iskor mo. AAsahan ko sa Ikalawang Modyul.

0 – 4 -> May magagawa ka pa, alam ko. Tulad ng naunang pagsasanay. Basahin mong muli ang parabula at sagutin ang parehong pagsasanay.

Paalam at sa muling pagkikita. Sana nagkaroon ka ng kaalaman sa ipinagawa ko sa iyo ang pagtala ng detalye at maging sa pagkikilala ng mga tauhan at pagsunud-sunod ng mga pangyayari.

MODYUL 2

IKALAWANG ARALIN

# K A R A N I W A N G  K U W E N T O

## ANG KALUSUGAN AY ISANG KAYAMANAN

Kumusta ka, natatandaan mo pa ba ako? Ako si Modyul, kaya lamang iba na amg hatid kong kaalaman para sa iyo. Sa muli nating pagtatagpong ito, alam na alam kong handang-handa ka na. Nagkaroon ka na kasi ng karanasan sa pakikisama sa akin.

Kung naniniwala ka sa kasabihang bigay ko sa iyo noong una, marahil mas lalong maniniwala ka sa kasabihan "Ang Kalusugan ay Isang Kayamanan." Totoo hindi ba? Dahil ang katawan ng tao ay isang mahalagang puhunan, kaya kailangan lagi tayong malusog.

Ngayon ituturo ko sa iyo ang pagsagot sa mga tiyak na tanong, ang mga ito ay maaring tungkol sa mga tauhan, sa mga pangyayari, mga pag-uusap at iba pang mga bagay.

Alam kong magugustuhan mo ang aking bagong maikling katháng pinamagatang, "Karanasan ni Nestor," isang karaniwang kuwento.

Tulad ng dati, bago mo simulan ang araling ito, basahin mo muna nang may pag-unawa ang mga patnubay sa pag-aaral sa kasunod na pahina.

## Patnubay sa Pag-aaral

Sundin mo ang mga sumusunod na patnubay sa pag-aaral upang malaman mo ang mga dapat gawin.

1. Ingatan mo akong mabuti. Huwag mo akong lalagyan ng anumang marka upang lagi akong malinis.
2. Basahin mong mabuti at may pag-unawa ang mga aralin, panuto, at pagsasanay.
3. Huwag kaligtaan ang paggamit ng hiwalay na sagutang papel.
4. Tapusin mo muna ang isang gawain bago simulan ang bagong gawain. Huwag kang magmamadali.
5. Maging matapat ka sa pagsagot sa mga pagsasanay at pag-wawasto.

Madali mong maisasagawa ang mga ito. Alam kong matalino ka at kayang-kaya mo ang lahat ng ibibigay kong ito.

Sige, simulan mo ang pag-aaral: nasa kasunod na pahina ang simula ng aralin.

## KUWADRONG PAMPAGTUTURO

Ang pagbasa ay talagang napakahalaga dahil nagsisilbing kagamitan para sa pagturo sa iba pang asignatura. Sa pamamagitan ng pagbabasa ay malilinang mo ang kasanayan sa pagsagot sa mga tanong. Mga tanong na may kinalaman sa nilalaman ng isang babasahin. Malalaman mo rin ang pagtala ng mga detalye tulad ng ginawa mo sa naunang modyul.

Subukan mong basahin nang buong ingat ang talataang ito, pagkatapos suriin mo ang mga tanong at ang kaukulang mga sagot.

=========================================================

*Kumakaba ang dibdib na nagmamadaling pumanaog si Gng Sanchez at lumingon sa paligid. tahimik na tahimik ang buong kabahayan. Marahil, nasa silid itong si Aling Marta at nakikipagkuwentuhan na naman sa anak nitong si Mando. Si Aling Marta ay isang biyudang nasa katanghaliang gulang. Ito ay malayong pinsan ni Gng. Sanchez at katu-katulong niya at pinagkakatiwalaan sa bahay.*

=========================================================

Nasa kasunod na pahina ang mga tanong.

1. Sino ang kumakaba ang dibdib na nagmamadaling pumanaog?
   <u>Gng Sanchez</u>
2. Ano ang napuna ni Gng. Sanchez sa buong kabahayan?
   <u>tahimik na tahimik</u>
3. Sinu-sino ang inakala niyang nagkukuwentuhan sa silid?
   <u>Aling Marta at ang anak na si Mando.</u>
4. Saan nag-uusap ang mag-ina? <u>sa silid</u>
5. Ano ang relasyon nina Gng. Sanchez kay Aling Marta?
   <u>pinsan</u>

Ang mga salita o lipon ng mga salitang may salungguhit ay mga wastong kasagutan sa mga tiyak na tanong.

Madaling gawin? parang may pagkakatulad sa kasayanan sa pagkuha ng mga detalye.

Tingnan ko kung magagawa mo. Basahing mabuti ang talataan sa ibaba.

==========================================================

*Napilitang magpaiwan si Rosario. Pinauna na niyang pumasok ang mga kapatid. Alam na niya ang mangyayari. katulad ng dati, hindi na siya makapapasok dahil sa halos pabayaan na sila ng kanilang magulang at walang inaatupag kundi and sariling katawan.*

==========================================================

Naunawaan mo ba? Isagawa ang kasunod na pagsasanay.

## Pagsasanay

Panuto: Basahing mabuti ang mga sumusunod natiyak na tanong at piliin ang wastong sagot. Isulat ang titik lamang sa iyong sagutang papel.

1. Sino ang napilitang magpaiwan?

   a. si Rosario  c. si Rosita

   b. si Rosauro  d. si Romeo

2. Sinu-sino ang pinauna na niyang pumasok?

   a. mga kaklase  c. mga kapatid

   b. mga pinsan  d. mga kaibigan

3. Ano ang alam ni Rosario na mangyayari tulad ng dati?

   a. hindi siya makapasok  c. liliban siya sa klase

   b. mahuhuli siyang pumasok  d. hindi siya papayagan

4. Bakit hindi siya makapapasok?

   a. may karamdaman siya

   b. wala siyang baon

   c. pinababayaan na sila ng kanilang magulang

   d. tinatamad siya

5. Ano ang ginagawa ng kanilang magulang?

   a. laging nagsusugal

   b. laging nasa trabaho

   c. walang inaatupag kundi ang sarili nilang katawan

   d. laging nasa bukid

Napakadali ano? Iwasto mo ang iyong mga sagot. Maging matapat ka gaya ng ipinagbilin ko sa iyo. Narito ang susi sa pagwawasto.

## Susi sa Pagwawasto

1. a - si Rosario
2. c - mga kapatid
3. a - hindi siya makakapasok
4. c - pinababayaan na sila ng kanilang magulang
5. c - walang inaatupag kundi ang sarili

**Alamin ang Iskor mo**

5 -> Magaling! pinahanga mo ako. Makapagsisimula ka nang pag-aralan ang kasunod na aralin.

3 - 4 -> Pagbutihin mo pa ang pag-aaral, basahin nang buong ingat ang kasunod na aralin at isagawa ang pagsasanay.

0 - 2 -> Huwag mawalan ng pag-asa, basahing muli ang talataan at saguting pareho ang pagsasanay. Pagkatapos isunod ang pagbasa at pag-aaral sa kasunod na aralin.

## Aralin 2

Ito ang bagong araling pag-aaralan mo. Isang maikling katha o kuwentong tinatawag na karaniwang kuwento. Ang mga ito ay karaniwang pangyayari sa buhay ng tao, mga karaniwang paglalarawan ng mga bagay, hayop o lugar. Malalaman mo rito ang kahalagahan ng kalusugan, ang pangangalaga sa katawan upang makaiwas sa sakit at ang mga gamot na mabuti para sa ating kalusugan. Totoo ang kasabihang nabasa mo sa aking pabalat - "Ang Kalusugan ay Isang Kayamanan."

Basahin mo nang tahimik, gaya sa una mong ginawa, sundin ang mga pamantayan sa pagbasa nang tahimik at pagkatapos basahin nang may pag-unawa. Sagutin ang mga pagsasanay.

Simulan mo na ang pagbasa nang tahimik.

=========================================================

### Karanasan ni Nestor

*"Nestor, halika, may sulat ka galing sa pinsan mong si Doming," narinig kong tawag ni Inay mula sa harapan ng aming bahay. Nagbibihis ako para pumasok na, kaya dali-dali kong ibinutones ang polo shirt ko at nagmamadaling kinuha ang aking bag sa sabitan. Sabik na sabik kong inabot mula kay Inay ang sulat ni Doming. Talagang hindi pa rin nagbabago ang sulat-kamay ni*

*Doming. Malalaki pa ring tulad ng mga ngipin ng araro sa bukid nila. Binasa kong dali-dali ang sulat.*

*"Naku, Inay, iniimbita tayo ni Doming. Pista sa kanilang baryo. ito ay gaganapin sa Linggong darating. Sagana raw ang ani ng baryo ngayon kaya bilang pasasalamat magkakaroon daw ng kaunting kasayahan at pamisa," natutuwang wika ko.*

*"Huwebes na ngayon, kailangan pang maghanda tayo sa pag-uwi sa San Bartolome. Makapagdala man lamang ng tinapay at palaman," natutulirong wika ni Inay sabay dakot sa winalis na mga dahon sa bakuran.*

*"Inay, papasok na po ako. Mamayang pag-uwi ko na lamang po kayo tutulungang maghanda ng mga dadalhin nating gamit," paalam ko kay Inay.*

*"Mabuti pa nga anak, at sasabihin ko rin sa ama mo sa pagdating niya galing sa pabrika mamaya."*

*Sa paaralan, halos hindi ko maunawaan ang sinasabi ng guro ko. Naglalaro sa isipan ko ang mga gagawin namin ni Doming sa bukid. Tiyak na maraming bunga ngayon ang mga bayabas at lalong maraming handang suman at bibingka ang nanay ni*

*Doming.*

*"Nestor, ano sa palagay mo ang nararapat gawin upang maiwasan ang pagkakasakit tulad ng sipon at ubo na ngayon ay usung-uso sa ating paaralan?" tanong ng guro ko.*

*Napatindig akong bigla sabay sagot. "Kumain po ng bayabas at mangga."*

*Nagtawanan ang mga kamag-aral ko. Namumula akong naupo.*

*"Ang nasa isip ni Nestor ay bakasyon na. Kung sabagay tama rin ang isinagot niya. Kumain tayo ng mga bungangkahoy sapagkat mayaman ang mga ito sa bitamin C na panlaban sa sipon at ubo," paliwanag ng guro ko.*

*Hanggang sa uwian, wala sa mga aralin namin ang isip ko. Ibig na ibig kong matapos na ang Biyernes at nang makauwi na kami sa San Bartolome.*

*Sabado ng umaga, handang-handa na kami nina Itay at Inay.*

*"Nestor, dala mo ba ang gamot para sa lagnat at sakit ng tiyan na ipinalagay ko riyan sa bag mo?" paalaala ni Inay.*

*"Opo, Inay. Pero bakit po kailangang magdala pa tayo ng gamot?" tanong kong hindi naunawaan ang*

*dahilan sa pagdadala ng mga gamot.*

*"Mabuti na iyong may gamot tayong dala. Kahit sino ang saktan ng tiyan madaling malulunasan. Marami yatang kakainin doon dahil sa pista," nasisigurong wika ni Inay.*

*Inip na inip ako sa bus patungong San Bartolome. Talaga yatang ganito ang mga sasakyang, pamprobinsiya. Baba sakay ang mga tao. Bawat bayan ay tinitigilan. halos umabot ng isang oras ang biyahe namin. Pagbaba namin sa krosing ng San Bartolome, sumakay kami sa isa sa mga kalesang nag-aabang. Wiling-wili ako sa panonood ng mga tanawin sa paligid nang maramdaman kong nakatigil na ang sinasakyan naming kalesa. Nasa tapat na kami ng bahay nina Doming.*

*Nangungunang bumaba si Doming kasunod si Tia Aning. Tinulungan ako ni Doming sa pagdala ng mga gamit at pasalubong namin. Pagbungad namin sa kabahayan, nakalabas na ang suman at bibingkang handa ni Tiya Aning. Mabangung- mabango rin ang umuussok-usok pang kapeng sariling giling nila. Sa gutom ko dahil sa biyahe, nakalimang suman kaagad ako.*

*"Halika, Nestor, tingnan mo ang mga alaga*

*kong manok at baboy," yaya ni Doming matapos naming kumain.*

*Tuwang-tuwa kong pinakakain ng mais ang mga alagang manok nang makaramdam ako ng sakit ng tiyan.*

*"Doming, tina sa bahay, masakit na masakit ang aking tiyan." yaya ko kay Doming.*

*"Siguro, nabaguhan ka sa kinain mong suman at bibingka. halika, dumaan tayo kina Ingkong Tasyo. Marunong siyang gumamot sa humihilab na tiyan. May ipaiinom lamang siya sa iyo wala kaagad iyan."*

*Huwag na lang. May dala ang Nanay na gamot sa sakit ng tiyan. Hindi tayo dapat uminom ng gamot na hindi natin alam kung saan nanggaling." sagot ko.*

*Pagdating sa bahay, dali-dali kong ininom ang gamot na itinago ko sa bag. Parang nagdahilan lamang ako. Nawala ang sakit ng tiyan ko. Ipinaliwanag ni inay kina Tiya Aning na ang dahilan ng pagsakit ng tiyan ko ay ang hindi pagkatunaw ng mga kinain ko. ipinakita niya ang dala naming gamot para sa sakit ng tiyan na bili sa botika.*

*"May botika sa kalapit-baryo natin ngunit walang bumibili ng gamot. Kay Ingkong Tasyo lahat*

*umaasa sa mga panlunas sa sakit. Alam ng matanda ang paglahuk-lahok ng katas ng halaman para sa iba't ibang sakit," wika ni Tiya Aning.*

*"Magagamit natin ang kaalaman ni Ingkong Tasyo sa paraang iyan," wika ni Inay. "Ipasusuri natin sa mga parmasyutika ang bisa ng mga katas ng halamang tumutubo sa ating paligid. Ang mga gamot na ginawa ni Ingkong Tasyo ay ating ipasusuri rin upang malaman kung ito ay sapat na panggamot sa mga sakit. Sa gayon, magiging mura at madali ang kukunan natin ng gamot para sa karaniwang sakit tulad ng sakit ng tiyan at ulo at lagnat."*

*"Handa naman hong maglingkod sa mga tagabaryo ang mga parmasyutika sa botika tulad din ng mga botikang nasa lungsod," ayon ko naman habang binabalatan ang hawak kong suman.*

*"Akala namin para lang sa mayayaman ang mga botika," nahihiyang wika ni tiya Aning.*

---

## PAGSASANAY

Panuto: Basahin nang buong ingat at may pag-unawa ang mga sumusunod na tanong. Piliin ang wastong sagot. Isulat ang titik lamang sa iyong sagutang papel

1. Saan galing ang sulat na natanggaap ni Nestor?

   a. kay Tiya Aning c. kay Ingkong Tasyo

   b. kay Doming d. sa Itay niya

2. Ano ang isinasaad sa sulat?

   a. may sakit ang kanyang Tiya Aning.

   b. kaarawan ng kanyang pinsan.

   c. nag-iimbita sa pista ng bayan.

   d. uuwi ang kanyang mga magulang.

3. Kailan gaganapin ang pista ng bayan?

   a. sa Lunes c. sa Huwebes

   b. saa Sabado d. sa Linggong darating

4. Saan nagpunta si Nestor pagkatapos mabasa ang sulat

   a. sa palengke c. sa bayan

   b. sa paaralan d. sa botika

5. Para sa anong sakit ang gamot na ipinadadala ng nanay ni Nestor?

   a. para sa sakit ng ngipin.

   b. para sa sipon at ubo.

   c. para sa sakit ng ulo.

   d. para sa lagnat at sakit ng tiyan.

6. Ano ang sinakyan nila pagdating sa krosing ng San Bartolome.

   a. dyip  c. kalesa

   b. bus  d. traysikel

7. Sino ang tumulong sa kanila sa pagdala ng mga gamit at pasalubong?

   a. ang kutsero  c. si Tiya Aning

   b. si Doming  d. si Inkong Tasyo

8. Anu-ano ang mga nakalabas na handa ni Tiya Aning?

   a. adobong baboy at piniritong manok.

   b. tinapay at gatas

   c. pansit, puto at malamig na inumin.

   d. suman, bibingka at kape.

9. Anu-ano ang ipinakita ni Doming kay Nestor pagkatapos kumain?

   a. mga alagang itik.

   b. mga isda sa akwaryum.

   c. mga alagang manok at baboy.

   d. mga palamuti para sa pista.

10. Bakit sumakit ang tiyan ni Nestor ayon sa Inay niya?

   a. dahil sa hindi pagkatunaw ng mga kinain niya.

   b. dahil sa sobrang kabusugan.

   c. dahil sa biyahe.

   d. dahil sa inumin.

11. Anong akala ni Tiya Aning sa nga botika?

    a. ang mga botika ay para sa mahihirap.

    b. ang mga botika ay para lang sa mayayaman.

    c. ang mga botika ay namimigay ng gamot.

    d. ang mga botika ay tulad ng hospital.

Napakadaling gawin ano? Alam kong nasagot mong lahat ang nga tiyak na tanong mula sa karaniwang kuwentong binasa. Iwasto mo ang iyong sagot. Tulad ng nalaman mo na naging matapat sa pagwawasto . Nasa kasunod na pahina ang susi sa pagwawasto.

# SUSI SA PAGWAWASTO

1. b - kay Doming
2. c - nag-iimbita sa pista ng bayan
3. d - sa Linggong darating
4. b - sa paaralan.
5. d - para sa lagnat at sakit ng tiyan.
6. c - sa kalesa
7. b - si Doming
8. d - suman, bibingka at kape
9. c - mga alagang manok at baboy.
10. a - dahil sa hindi pagkatunaw ng mga kinain niya
11. b - ang mga botika ay para lang sa mayayaman

**Alamin ang Iskor mo**

8-11 - Napakagaling! Talagang matalino ka. Maaari mo nang simulan ang kasunod na pagsasanay.

4-7 - Magaling! Pagbutihin mo ang kasunod na pagsasanay na iyong isasagawa.

6-3 - Kinakailangan mo pang mag-aral. Basahin mong muli ang karaniwang kuwento at sagutin muli ang parehong pagsasanay.

## PAGSASANAY

Panuto: Pagsunud-sunurin ang mga sumusunod na pangyayari mula sa karaniwang kuwentong binasa. Isulat ang titik lamang ng wastong pagkakasunud-sunod sa iyong sagutang papel.

1. a. Nagtawanan ang mga kamag-aral ni Nestor at namumula siyang naupo.
2. b. Bumaba sila sa krosing ng San Bartolome.
3. c. Tinawag si Nestor ng kanyang Inay dahil sa sulat.
4. d. Pumasok si Nestor sa paaralan.
5. e. Dali-daling binasa ni Nestor ang sulat.

B. Panuto: Piliin kung sinong tauhan ang nagsabi ng bawat pahayag na sumusunod. Isulat ang titik lamang ng wastong sagot sa iyong sagutang papel.

1. "Nestor, halika, may sulat ka galing sa pinsan mong si Doming?

   a. Tiya Aning c. Inay ni Nestor

   b. Ingkong Tasyo d. Itay ni Nestor

2. "Huwebes na ngayon, kailangan pang maghanda tayo sa pag-uwi sa San Bartolome. Makapagdala man lamang ng tinapay at palaman."

   a. Tiya Aning c. guro ni Nestor

   b. inay ni Nestor d. Ingkong Tasyo

3. "Inay, papasok na po ako. Mamayang pag-uwi ko na lamang po kayo tutulungan maghanda ng mga dadalhin nating gamit."

a. Nestor
c. Aning
b. Doming
d. guro

4. "Ang nasa isip ni Nestor ay bakasyon na. Kung sabagay tama rin ang isinagot niya."

a. Inkong Tasyo
c. Tiya Aning
b. Doming
d. Guro

5. "Ka Aning, narito na ang mga bisita ninyo."

a. hardinero
c. tsuper
b. kusinero
d. kutsero

## SUSI SA PAGWAWASTO

Tapos ka na ba? Napakadaling gawin ano? Iwasto mo ang iyong ginawa. Narito ang susi sa pagwawasto. Maging matapat ka sa pagwawasto tulad ng ginawa mo sa mga naunang pagsasanay.

A.
1. c
2. e
3. d
4. a
5. b

B.
1. c - Inay ni Nestor
2. b - Inay ni Nestor
3. a - Nestor
4. d - guro
5. d - kutsero

**Alamin ang Iskor mo**

8 - 10 -> Napakagaling! Talagang hinahangaan kita. Sana naman ganoon din ang makukuha mong iskor sa ikatlong Modyul.

5 - 7 -> Magaling! Pagbutihin mo pa. Alam kong kaya mo. Asahan kita sa Ikatlong Modyul.

0 - 4 -> Huwag kang mawalan ng pag-asa. Mag-aral kang mabuti. Basahin mong muli ang karaniwang kuwento sagutin ang parehong pagsasanay.

Sa muling pagkikita. Sana'y nakapag-iwan ako sa iyo ng kaalaman. Bye.

MODYUL 3

IKATLONG ARALIN

# A L A M A T

## HUWAG HUSGAHAN ANG

## TAO SÅ PANLABAS NA ANYO

Hello! Kumusta ka, narito na naman ako? Magkakasama na naman tayong muli sa isang bagong aralin. Ito'y nauukol sa pinagmulan ng isang bagay. Kailangan pagbutihin mo na ang pag-aaral sa aking hatid na kaisipan.

Nabasa mo ba ang nasa aking pabalat? "Huwag Husgahan ang Tao sa Panlabas na Anyo." Naniniwala ka ba? Alamin natin kung ano ang ibig ipahiwatig ng pahayag na ito pagkatapos mapag-aralan ang ituturo ko sa iyo.

Madali mong mauunawaan ang kasanayan sa pagkuha ng pangunahing ideya ng binasa. Tulad din ito ng pagkuha ng mga mahahalagang detalye. Kapag nalaman mo ang mahalagang detalye ay madali mo nang makukuha ang ideyang isinasaad.

Tulad ng mga ginawa mo sa mga naunang modyul. Kailangan mong pag-aralan muna ang mga patnubay sa pag-aaral upang malaman mo ang mga mahahalagang bagay na dapat gawin. Ang pagsunod sa mga patnubay sa pag-aaral ang mag-aakay sa iyo sa tamang pagsasagawa ng pag-aaral. Nasa kasunod na pahina ang mga patnubay sa pag-aaral.

## Patnubay sa Pag-aaral

Sundin mo ang mga sumusunod na patnubay sa pag-aaral upang malaman mo ang mga dapat gawin.

1. Ingatan mo akong mabuti. Huwag mo akong dudumihan susulatan o lagyan ng anumang marka.
2. Basahin mong mabuti nang may pag-unawa sa mga aralin, panuto, at pagsasanay.
3. Huwag kalimutan ang paggamit ng hiwalay na sagutang papel.
4. Tapusin mo muna ang isang gawain bago simulan ang bagong gawain. Huwag kang magmamadali.
5. Maging matapat ka sa pagsagot sa mga pagsasanay at pag-wasto sa inyong mga sagot.

Alam kong masususnod mo ang mga patnubay sa pag-aaral na siya mo ring sinunod sa una at ikalawang modyul.

Maaari ka nang magsimula sa inyong pag-aaral. Nasa kasunod na pahina ang simula ng aralin.

# KUWADRONG PAMPAGTUTURO

Naliwanagan mo na marahil kung bakit napakahalaga ng pagbasa. Sa pagbasa maraming kasánayan kang matututuhan tulad ng nalaman mo sa dalawang naunang modyul. Ito'y ang pagtala sa mga detalye, pagsagot sa mga tiyak na tanong at pagtukoy sa mga tauhan sa maikling kathang binasa. Maari mo ring malàman ang pagkuha ng pangunahing ideya sa binasa. Ang mahalagang detalyeng nakapaloob sa babasahin ay maari mong magamit sa pagkuha sa pangunahing ideya ng isang pangungusap, talataan at maikling katha.

Basahin mo nang buong ingat ang talataang nasa ibaba at alamin ang iba-ibang ideyang isinasaad dito.

==================================================

*Hindi ko namalayan ang araw. gabi na pala. malamig na ang simoy ng hangin na nagdadala ng pambihirang bango mula sa mga palayang naghihintay nang anihin. Magiging tahimik na naman ang kapaligiran. Bihira na ang mga sasakyang nagdaraan. Iilan na rin ang mga taong naglalakad. Aalalahanin ko na naman ang masasayang pang-yayaring naganap sa akin sa maghapon.*

*Tingnan mo sa kasunod na pahina ang iba't ibang ideyang isinasaad dito.*

1. Malamig ang simoy ng hangin kung gabi.
2. Tahimik ang kapaligiran kung gabi.
3. Bihira na ang mga sasakyang nagdaraan at mga taong nagdaraan at mga taong naglalakad kung gabi.
4. Pag-aalala ng masasayang pangyayaring naganap kung gabi.

==========================================================

Pansinin mo ang apat na mga pangungusap na sinalungguhitan. Ang mga ito ay mga ideyang isinasaad ng talataang binasa. Ang bawat isa ay maaaring magamit sa pagtukoy sa pangunahing ideya ng talataang siyang higit na pinakamaganda.

Subukan mong basahin ang isa pang talataan at alamin mo ang iba-ibang ideyang isinasaad dito.

==========================================================

*Lumipas na ang isang madilim na kahapon sa ating lipunan. Nagbabago na ang lahat. Nagsisimula na ngayong umunlad ang kabuhayan ng bayan. Patuloy ang alalay na ibinibigay ng pamahalaan sa mga taong mahihirap. Nananatiling malinis at luntian ang paligid.*

==========================================================

Naunawaan mo ba ang talataan? Makuha mo kaya ang pangunahing ideya? Tingnan mo sa kasunod na pahina ang pagsasanay.

## PAGSASANAY

Panuto: Mula sa talataang binasa mo, narito ang iba'tibang ideyang isinasaad. Pumili ng isa na inaakala mong angkop gawing pangunahing ideya. Isulat nang buo ang lipon ng mga salita sa iyong sagutang papel.

1. Lumipas na ang kahapon
2. Madilim na kahapon
3. Pagtulong ng pamahalaan
4. Ang Bagong Lipunan

Napili mo ba ang pangunahing ideya para sa talataang binasa mo sa simulang pahina? marahil nakalimutan mo o di kaya'y mabilis ang ginawa mong pagbasa. balikan mo uli at basahin nong tahimik. pagkatapos isagawang muli ang pagsasanay na ito. Siguruhin mo ang pagbili ng pangunahing ideya.

Ngayon, alam mo na ba kung alin sa apat na nasa itaas ang angkop na pangunahing ideya ng talataang binasa?

Nasa kasunod na pahina ang wastong pagkakapili. Ihambing mo ang iyong sagot. Huwag mong papalitan, maghing matapat ka sa pagwawasto.

## SUSI SA PAGWAWASTO

Narito ang angkop na pagunahing ideya para sa talatang iyong binasa.

*Ang bagong Lipunan*

**Alamin ang Iskor mo**

Kung naisulat mo ang wastong pangunahing ideya binabati kita! Maaari mo nang isagawa ang ikatlong araling bigay ko sa iyo ngayon.

Kung hindi tama ang napili mo, basahing muli ang talataan at ihambing ang tamang kasagutan bago isagawa ang ikatlong araling nasa modyul na ito.

Marahil napansin mong medyo mahirap ang pagpili o pagkuha ng pangunahing ideya ng isang talataan o maikling katha. Sa bahaging ito alamin mo lamang ang mga mahahalagang detalye at sa mga ito maari mong malaman ang pangunahing ideya. Kinakailangan dito ang tamang pagsusuri kaya huwag magmamadali sa iyong gawain.

Nasa kasunod na pahina ang ikatlong aralin. Pag-aralan mong mabuti.

## ARALIN 3

Ito ang ikatlong araling iyong pag-aaralan. Tulad ng naunang dalwang aralin, ito ay isa rin maikling katha o kuwentong tinatawag na alamat. Ito ay pasalin-salin sa bibig ng mga taong bayan at karaniwang tungkol sa pinagmulan ng mga bagay-bagay. Pinatutunayan dito na ang panlabas ay ikinukubli ng isang bagay o ng isang tao. Tulad nang dati basahin nang tahimik. Sunding muli ang mga pamantayan sa pagbasa nang tahimik na itinuro sa iyo ng iyong guro at nagamit mo na sa dalawang naunang aralin. Maaari kang magsimula.

---

### Ang Alamat ng Durian

*Noong unang panahon, ang namumuno ng kaharian ng Maguindanao ay ang makapangyarihan at matalinong si Sultan Hassan. Iginagalang at minamahal siya ng lahat dahil sa kanyang kabaitan. Ngunit siya ay malungkot. Kasi, hindi sila magka-anak ng asawa niyang si Dayang Lila. Lagi siyang nagdarasal nang taimtim kay Allah na pagkalooban sila ng anak.*

*Sa wakas, tinugon ang kanilang panalangin. Pinagkalooban sila ng isang sanggol na babae.*

*Ngunit pagkaitim-itim at pagkapangit-pangit! Gayunpaman, minahal din nila nang labis ang bata. Duri ang naging pangalan nito.*

*Mabilis na lumaki ang bata hanggang sa maging dalaga. Ibig ni Sultan Hassan na mag-asawa si Duri. Ngunit walang magkagusto dahil sa kapangitan. Kung maitim man at pangit si Duri, napakabait naman niya. Kaya mahal siya ng lahat. Lagi siyang tumutulong sa mga nangangailangan.*

*"Ginto' ang puso niya," sabi ng mga tao." "Sayang at naging pangit siya!," sabi ng iba.*

*At may dumating na tagtuyot. Natuyo ang mga lawa at ilog. Namatay ang mga hayop at mga halaman. Nagutom ang mga tao sa buong kaharian.*

*Sa panahon ng paghihirap ng mga tao, si Prinsesa Duri ay nagbahay-bahay. Binigyan niya ng mga pagkain at mga damit ang mga tao. Dahil sa hindi sanay sa mahirap na gawain, nagkasakit ang prinsesa. Ipinatawag ng Sultan ang pinakamagaling na doktor, ngunit walang nangyari. Lahat ay lumuha nang siya ay ilibing sa isang burol malapit sa palasyo.*

*Pagkaraan ng ilang araw, isang kakaibang puno ang tumubo sa libingan ni Prinsesa Duri.*

*Napakasama ng amoy ng bunga ng puno, kaya walang lumalapit.*

*Dumating na muli ang tagtuyot. Muling nagkagutom ang mga tao. Nagunita nila ang kabutihan ni Prinsesa Duri. Sa gutom ng mga tao kahit masama ang amoy ng mga bunga ng puno, kinain nila ang mga ito.*

*"Ang sarap! Matamis pala! pagulat na sabi ng mga tao.*

*Nagpunta ang Sultan sa libingan ni Prinsesa Duri nang mabalitaan niya ang nangyari. Nadatnan niyang sarap na sarap sa pagkain ang mga tao.*

*Tanda iyan ng pagmamahal ni Duri sa iyo. Kahit sa kamatayan, may paraan siya ng pag-lilingkod. Ano ang itatawag natin sa bunggang ito? tanong ng Sultan.*

*"Durian! Durian!" sigawan ng lahat.*

==================================================

Ito ang alamat ng Durian. Napakaganda ng kuwento ano? Nagustuhan mo ba?. Siguro naman malalaman mo na ng pagkuha g pangunahingideya. Isagawa mo ang pagsasanay sa kasunod na pahina.

## PAGSASANAY

Panuto: Basahin ang sumusunod na mga talata. Piliin ang pangunahing kaisipan ng bawat isa. Isulat ang titik lamang ang wastong sagot sa iyong sagutang papel.

1. Sa wakas, tinugon ang kanilang panalangin. Pinagkalooban sila ng isang sanggol na babae. Ngunit pagkaitim-itim at pagkapangit-pangit! Gayunpaman, minahal din nila nang labis ang bata. Duri ang naging pangalan nito.

   a. Pagpapabinyag sa sanggol.

   b. Pagtugon sa panalangin ng Sultan at Dayang na pagkalooban sila ng anak.

   c. Ang pagdadalaga ni Duri.

   d. Kaarawan ng Prinsesa.

2. Mabilis na lumaki ang bata hanggang sa maging dalaga. Ibig ni Sultan Hassan na mag-asawa si Duri. ngunit walang magkagusto dahil sa kapangitan. Kung maitim man at pangit si Duri, napakabait naman niya. Kaya mahal siya ng lahat. Lagi siyang tumutulong sa mga nangangailangan.

   a. Ang pagdadalaga ni Duri.

   b. Ang katangian ni Duri.

   c. Kaarawan ng Prinsesa.

   d. Panganganak ni Dayang.

3. At dumating ang panahon ng tagtuyot. Natuyo ang nga lawa at ilog. Namatay ang mga hayop at mga halaman. Nagutom ang mga tao sa buong kaharian.
   a. Nang magkagulo sa palasyo.
   b. Nang dumating ang tagtuyot.
   c. Nang mamatay ang sultan
   d. Nang mag-asawa si Duri.
4. Dahil sa hindi sanay sa mahirap na gawain, nagkasakit ang prinsesa. Ipinatawag ng Sultan ang pinakamagaling na doktor, ngunit walang nangyari. Lahat ay lumuha nang siya ay ilibing sa isang burol malapit sa palasyo.
   a. Ang pagkamatay ng prinsesa.
   b. Ang pagkakasakit ng prinsesa.
   c. Ang pag-aasawa ng prinsesa.
   d. Ang pagkamatay ng Sultan
5. Dumating na muli ang tagtuyot. Muling nagkagutom ang mga tao. Nagunita nila ang kabutihan ni Prinsesa Duri. Sa gutom ng mga tao kahit masama ang amoy ng mga bunga ng puno, kinain nila ang mga ito.
   a. Ang pagkamatay ng prinsesa.
   b. Ang pagkakasakit ng prinsesa.
   c. Ang muling pagdating ng tagtuyot.
   d. Ang pagtulong ng princesa sa mga naagugutom.

Nahihirapan ka ano? Natapos mo ba. Nasagot mo bang lahat? Kung nais mong basahing muli ang maikling katha ay pinapayagan kita. Basahin mo nang buong ingat at may pag-unawa. Pagkatapos ipagpatuloy mo ang pagsagot sa mga pagsasanay.

O! ano, tapos ka na ba? Siguro nasagot mo na ang lahat. Ngayon, iwasto mo ang iyong sagot. Tulad ng dati, huwag mo kaligtaan ang ipinagbilin ko sa iyo. Huwag mong ulitin ang mga mali mong sagot. Maging matapat ka sa pagwawasto.

Nasa kasunod na pahina ang susi sa pagwawasto.

## SUSI SA PAGWAWASTO

A

1. b - Pagtugon sa panalangin ng Sultan at Dayang na pagkalooban sila ng anak.
2. b - Ang Katangian ng Duri.
3. b - Nang dumating ang tagtuyot.
4. a - Ang pagkamatay ng prinsesa
5. c - Ang muling pagdating ng tagtuyot.

**Alamin ang Iskor mo**

5 -> Magaling! Talagang hanga ako sa iyo. Maaari mo nang isagawa ang kasunod na pagsasanay na pahina.

4 - 3 -> Pagbutihin mo pa ang pag-aaral. Basahin nang buong ingat at pag-aralan ang kasunod na pagsasanay.

0 - 2 -> Huwag kang magtampo, may pag-asa ka pa. Basahing muli ang alamat at sagutin ang parehong pagsasanay. pagkatapos isagawa ang kasunod na pagsasanay.

## Pagsasanay

Panuto: Basahing mabuti ang mga sumusunod natiyak na tanong at piliin ang wastong sagot. Isulat ang titik lamang sa iyong sagutang papel.

1. Saang kaharian ang tinutukoy ng alamat?

   a. Kaharian ng Britanya  c. Kaharian ng Libya

   b. Kahariang Maguindanao  d. Kaharian ng Espanya

2. Sino ang makapangyarihan at matalinong Sultan?

   a. Sultan Kudarat  c. Sultan Padul

   b. Sultan Hamin  d. Sultan Hassan

3. Sino ang prinsesang tinutukoy sa alamat?

   a. si Prinsesa Darya  c. Si Prinsesa Karla

   b. si Prinsesa Duri  d. si Prinsesa Lucia

4. Anong masamang pangyayari ang dumating sa kaharian?

   a. digmaan  b. sunog  c. baha  d. tagtuyot

5. Bakit walang magkagusto kay Prinsesa Duri?

   a. sobrang pangit  c. sobrang mapagmataas

   b. sobrang masungit  d. sobrang matalino

B. Panuto: Pagsunud-sunurin ang mga sumusunod na pangyayari mula sa binasang alamat. isulat ang titik lamang ng wastong sagot sa iyong sulatang papel.

a. Nagpunta ang Sultan sa libingan ni Prinsesa Duri nang mabalitaan niya ang nangyari.

b. At may dumating na tagtuyot. Natuyo ang mga lawa at ilog. Namatay ang mga hayop at mga

halaman. Nagkagutom ang mga tao sa buong kaharian.

c. Pagkaraan ng ilang araw isang kakaibang puno ang tumubo sa libingan ni Prinsesa Duri. Napakasama ng amoy ng bunga ng puno, kaya walang lumalapit.

d. Mabilis na lumaki ang bata hanggang sa maging dalaga. Ibig ni Sultan Hassan na mag-asawa si Duri. Ngunit walang magkagusto dahil sa kapangitan. Kung maitim at pangit si Duri, napakabait naman siya. Kaya mahal siya ng lahat. Lagi siyang tumutulong sa mga nangangailangan.

e. Sa wakas, tinugon ang kanilang panalangin. Pinagkalooban sila ng isang sanggol na babae. Ngunit pagkaitim-itim at pagkapangit-pangit. Gayunpaman; minahal din nila nang labis ang bata.

Tapos ka na ba? mas madaling gawin ang dalawang maiikling pagsasanay na ito, ano? Marahil nasagot mong lahat ayon sa hinihingi ng panuto.

Iwasto mo ang iyong ginawa. Nasa kasunod na pahina ang susi sa pagwawasto. Huwag kalimutan maging matapat sa pagwawasto tulad ng ginawa mo sa naunang aralin.

## Susi sa Pagwawasto

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| A. | 1. | b | b. | 1. | e |
| | 2. | d | | 2. | d |
| | 3. | b | | 3. | b |
| | 4. | d | | 4. | c |
| | 5. | a | | 5. | a |

**Alamin ang Iskor mo**

8 - 10 -> Napakagaling! Binabati kita. Sana manatili ang antas ng iyong kakayahan. Maari mo nang pag-aralan ang ikaapat na aralin.

5 - 7 -> Magaling! May magagawa ka pang tumaas ang iskor mo. Mag-aral ka pang mabuti. Aasahan ko sa kasunod na araling iyong pag-aaralan.

0 - 4 -> Huwag kang magtampo! May pag-asa ka pa. Pagbutihin mo ang iyong pag-aaral. Puwedė mong basahing muli ang alamat at sagutin ang parehong pagsasanay. Pagkatapos maaari mo nang simulan ang kasunod na aralin.

Bye! hanggang sa muli at aasahan kong matututo ka na.

MODYUL 4

IKAAPAT NA ARALIN

# ANEKDOTA

## MAHALIN ANG KAPWA TULAD NG PAGMAMAHAL SA SARILI

Magandang araw kaibigan. narito na naman ako. Muli na naman tayong magkakasama sa isang bagong aralin. may kinalaman ito sa ating pambansang bayaning si Dr. Jose P. Rizal. Alam kong magugustohan mo ito at magkakaroon ka ng interes na pag-aralan ang tungkol sa kanyang buhay noong siya'y bata pa.

Ang nabasa mong kasabihang nasa aking pabalat ay isa sa banal na kautusang dapat sundin - "Mahalin ang Kapwa Tulad ng Pagmamahal sa sarili". Alamin natin ang pag-aaralan mo ngayon.

May kaunti kang kaalaman sa kasanayang ituturo ko ngayon. napag-aralan mo na ito sa una at ikatlong modyul. Ito ay pagsusunud-sunod sa mga pangyayari. Ang araling ito ay isa pa ring maikling katha at ito ay tinatawag na Anekdota.

Gaya ng ginawa mo sa una, ikalawa at ikatlong modyul, kailangan mo munang alamin ang mga patnubay sa pag-aaral upang malaman mo ang dapat isagawa sa ganitong uri ng pag-aaral. Nasa kasunod na pahina ang mga patnubay sa pag-aaral.

## Patnubay sa Pag-aaral

Palagi mong isaisip ang mga sumusunod na patnubay upang maging madali ang gagawin mong pag-aaral sa modyul na ito.

1. Kung mahal mo ang iyong kapwa, mahalin mo rin ako. Huwag mo akong dudumihan o susulatan.

2. Basahin mo nang buong ingat ang mga aralin panuto at mga pagsasanay.

3. Huwag kalimutan ang paggamit ng hiwalay na sagutang papel na iyong susulatan.

4. Huwag iwanan ang isang gawain kung hindi ka pa tapos. Huwag kang magmamadali.

5. Maging matapat lagi sa pagwawasto sa iyong mga sagot. Huwag papalitan ang mga mali mong sagot.

Alam kong madali mong maisasaulo ang mga ito. mahalaga ang mga patnubay na ito sa gagawin mong pag-aaral.

O! handa ka na ba? Simulan mo ang pag-aaraal. Nasa kasunod na pahina ang simula ng aralin.

## KUWADRONG PAMPAGTUTURO

Naliwanagan mo na marahil kung bakit napakahalaga ng pagbasa. Sa pagbasa marami kang kasanayang matututuhan tulad ng nalaman mo sa tatlong naunang modyul. Ito ay ang pagtala ng mga detalye, pagsagot sa mga tiyak na tanong at pagkuha sa pangunahing ideya o kaisipan sa binasa. Malalaman mo rin ang iba't ibang tauhan at ang pagtukoy ng mga pahayag na kanilang sinabi, maging ang pagsusunod-sunod ng mga pangyayari.

Basahing muli nang buong ingat ang talataan mula sa parabulang iyong napag-aralan sa modyul.

1.) Nang magising si Gideon kinabukasan. 2.) Nakita niyang basang-basa ang lana, ngunit tuyo ang lupa sa paligid nito. 3.) Isang tasang tubig ang napiga niya sa lana, kahit na ganito ang nangyayari. 4.) Nag-alinlangan pa rin si Gideon. 5.) Hiniling niyang muli sa Diyos na sa kinagabihan ang lana naman ang matuyo at ang paligid nito ang mabasa. 6.) Ang kahilingan ni Gideon ay muling nangyari. 7.) Natiyak ni Gideon na siya na nga ang napili ng Diyos para iligtas ang kanyang bayan sa kaaway.

Naunawaan mo ba ang Talataan? Napansin mo ba ang mga bilang? Pitong mahahalagang pangyayari ang napapaloob sa talataan ayon sa kanilang pagkasunod-sunod. Ibibigay kong

muli sa iyo upang masuri mong muli ang mga ito.

1. Nang magising si Gideon kinabukasan.
2. Nakita niyang basang-basa ang lana ngunit tuyo ang lupa sa paligid nito.
3. Isang tasang tubig ang napiga niya sa lana.
4. Nag-alinlangan pa rin si Gideon.
5. Hiniling niyang muli sa Diyos na sa kinagabihan ang lana naman ang matuyo at ang paligid nito ang mabasa.
6. Ang kahilingan ni Gideon ay muling nangyari.
7. Natiyak ni Gideon na siya na nga ang napili ng Diyos para iligtas ang kanyang bayan sa kaaway.

Sa iyong pagsusuri, alam kong napansin mong maayos ang mga kaisipang isinasaad ayon sa kanilang pagkakasunud-sunod. Magawa mo kaya ang kasanayang ito? Napakadali ano? Subukan mo ang iyong kakayahan. Nasa kasunod na pahina ang pagsasanay na ipagagawa ko sa iyo. Pagbutihin mo ha!

Alam kong isa kang masunuring mag-aaral kaya't matapat mong masusunod ang panutong ibibigay sa iyo. Isagawa mo ang pagsasanay na ito.

## PAGSASANAY

Panuto: Huwag mong titingnan ang naunang pahina. Basahing mabuti ang mga sumusunod na pangyayari. Isaayos ayon sa kanilang pagkakasunod-sunod. Isulat ang titik lamang sa iyong sagutang papel.

a. Nag-alinlangan pa rin si Gideon.

b. Ang kahilingan ni Gideon ay muling nangyari.

c. Nang magising si Gideon kinabukasan.

d. Nakita niyang basang-basa ang lana ngunit tuyo ang lupa sa paligid nito.

e. Isang tasang tubig ang napiga niya sa lana.

f. Natiyak ni Gideon na siya na nga ang napili ng Diyos para iligtas ang kanyang bayan sa kaaway.

g. Hiniling niyang muli sa Diyos na sa kinagabihan ang lana naman ang matuyo at ang paligid nito ang mabasa.

Tapos ka na ba? Iwasto mo ang iyong sagot. Nasa kasunod na pahina ang susi sa pagwawasto. Maging matapat sa pagwawasto.

## Susi sa Pagwawasto

1. c - Nang magising si Gideon kinabukasan.
2. e - Isang tasang tubig ang napiga niya sa lana.
3. d - Nakita niyang basang-basa ang lana ngunit tuyo ang lupa sa paligid nito.
4. a - Nag-alinlangan pa rin si Gideon.
5. g - Hiniling niyang muli sa Diyos na sa kinagabihan ang lana naman ang matuyo at ang paligid nito ang mabasa.
6. b - Ang kahilingan ni Gideon ay muling nangyari.
7. f - Natiyak ni Gideon na siya na nga ang napili ng Diyos para iligtas ang kanyang bayan sa kaaway.

Alamin ang Iskor mo

- 6-7 - Magaling! Talagang matalino ka. Maari ka nang magsimula sa aralin. Basahin at pag-aralan ang nasa kasunod na pahina.
- 4-5 - Huwag magtampo. Pagbutihin mo na lang ang pagsasagawa sa kasunod na aralin. Basahin at pag-aralan ang nasa kasunod na pahina.
- 0-3 - Huwag mawalan ng pag-asa, matututo ka rin. Basahing muli ang pagsasanay sa naunang pahina at isaayos uli ayon sa pagkakasunud-sunod bago isagawa ang kasunod na aralin.

## ARALIN 4

Ito ang ikaapat na aralin pag-aaralan mo. Isang maikling kathang tinatawag na anekdota. Ito ay mga tunay na karanasan na kung minsa'y katuwa-tuwa at kung minsan ay "nag-iiwan ng aral." Ito ay anekdota ng ating pambansang bayani nang bata pa siya. Inilalarawan dito ang pagmamahal niya sa kapwa. Basahin mo nang tahimik, sundin ang mga pamantayang itinuro sa iyo ng iyong guro sa pagbasa nang tahimik at sagutin ang mga pagsasanay pagkatapos.

Sige, simulan mo nang basahin nang tahimik.

==========================================================

### Itinapong Tsinelas

*Hapon noon. Nakasakay si Jose sa isang bangka. Kasabay niya sa malaking bangka ang kanyang tatay at ilang bata. sila ay pauwi na sa Calamba.*

*Magkatabi ang tatay ni Jose at ang bangkero. Sila ay nag-uusap. "Ang saya ng mga bata," ang puna ng bangkero. "Maingay na at magalaw pa."*

*"Hoy . . . huwag kayong malikot," ang saway ng tatay ni Jose. "Baka tumaob ang bangka."*

*Huminto sa paggalaw ang mga bata ngunit patuloy din ang kanilang tawanan. Patuloy din ang kanilang biruan at hiyawan.*

*"Ang aking tsinelas ko!" ang wika ni Jose. "Nahulog ang aking tsinelas.*

*Hindi narinig ng bangkero ang sigaw ni Jose. Hindi rin narinig ng kanyang ama sapagkat maingay ang mga bata.*

*Wala na ang tsinelas. Hindi na matanaw ni Jose*

*"Tatay, nahulog po ang aking isang paang tsinelas. Dinala ng agos. Hindi ko na makita." ang sumbong ni Jose.*

*"Babalikan po ba natin?" ang tanong ng bangkero."*

*Umiling ang tatay ni Jose. "Huwag na, mahirap nang makuha pa natin iyon."*

*Nang marinig ni Jose ang sinabi ng kanyang ama, inihagis niya sa tubig ang isa pang paang tsinelas.*

*"Bakit mo itinapon?" ang tanong ng kanyang tatay.*

*"E . . . aanhin ko po ang isang paang tsinelas" ang sagot Jose. "Maaaring dalhin ng agos sa pampang ang dalawang paang tsinelas. Kung mapulot ng isang mangingisda ang mga iyon maiuuwi niya sa kanyang anak.*

*Hindi na kumibo ang tatay. Napaniti na lamang siya. Alam niyang tama ang sagot ng kanyang matalinong anak.*

==================================================

Nagustuhan mo ba? Napakagandang karanasan ano? Marahil matututuhan mo na ngayon ang pag-aayos ng mga pangyayari ayon sa kanilang pagkakasunod-sunod. Natatandaan mo pa ba ang ginawa mong pagsasanay bago mo binasa ang anekdota tungkol sa ating pambansang bayaning si Dr. Jose P. Rizal? Gannon ang pag-aayos ng mga pangyayari ayon sa kanilang pagkakasunud-sunod.

Gawin mo ang pagsasanay sa kasunod na pahina. Tandaan mo lang ang mga mahalagang pangyayari sa naekdotang iyong binasa.

Handa ka na ba? Tingnan mo ang pagsasanay at isagawa mo. Sundin mong mabuti ang panuto at huwag kang magmamadali.

## PAGSASANAY

Panuto: Basahing ang mga sumusunod na pangyayari. Isaayos ayon sa kanilang pagkakasunud-sunod. Isulat ang titik lamang sa iyong sagutang papel.

a. "Babalikan po ba natin?" ang tanong ng bangkero.

b. Nang marining ni Jose ang sinabi ng kanyang ama, inihagis niya sa tubig ang isa pang paang tsinelas.

c. Huminto sa paggalaw ang mga bata ngunit patuloy din ang kanilang tawagan. Patuloy din ang kanilang biruan at hiyawan.

d. Hindi na kumibo ang kanyang tatay. Napangito na lamang ito. Alam niyang tama ang sagot ng matalinong niyang anak.

e. Umiling ang tatay ni Jose. Huwag na, mahirap makuha pa nating iyon."

f. Wala na ang tsinelas. Hindi na matanaw ni Jose "Tatay, nahulog po ang aking isang paang tsinelas. Dinala ng agos. Hindi ko na makita." ang sumbong no Jose.

g. Hapon noon. Nakasakay si Jose sa isang bangka. Kasakay niya sa malaking bangkas ang kanyang tatay at ilang bata. Sila aaay paauwi na sa Calamba.

h. "Bakit mo itinapon?" ang tanong ng kanyang tatay. "E . . . aanhin ko po ang isang paang tsinelas?" ang sagot ni Jose.

i. Magkatabi ang tatay ni Jose at ang bangkero. Sila'y nag-uusap. "ang saya ng mga bata." ang puna ng bangkero. "Maingay na at magalaw pa."

j. "Ang aking tsinelas! Ang tsinelas ko!" ang sigaw ni Jose. "Nahulog ang aking tsinelas!"

Napakadali ano? Alam kong naisaayos mo nang wasto ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari. Iwasto mo ang iyon sagot. Huwag mong kalimutan ang isa sa mga ipinagbilin ko sa iyo, ang maging matapat ka sa pagwawasto. Nasa kasunod na pahina ang susi sa pagwawasto.

## Susi sa Pagwawasto

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | g | 6. | a |
| 2. | i | 7. | e |
| 3. | c | 8. | b |
| 4. | j | 9. | h |
| 5. | f | 10. | d |

**Alamin ang Iskor Mo**

8-10 – Napakagaling! Hińahangaan kita. Maari mo nang isagawa ang kasunodna pagsasanay.

5-7 – Magaling! Kailangan mo pang mag-aral. Pagbutihin mo sa kasunod na pagsasanay na iyong isasagawa.

0-4 – Mag-aral kang mabuti para tumaas ang inyong marka. Ulitin mong basahin ang anekdota at isaayos muli ang mga pangyayari ayon sa pagkakasunud-sunod bago isagawa ang kasunod na pagsasanay.

Kung ang iskor mo ay 5 hanggang 10, maari mo nang isagawa ang kasunod na pagsasanay.

## PAGSASANAY

A. Panuto: Piliin kung sinong tauhan ang nagsabi ng bawat pahayag na sumusunod. Isulat ang titik lamang ng wastong sagot sa iyong saguting papel.

1. "Bakit mo itinapon?

   a. Jose
   b. tatay ni Jose
   c. bangkero
   d. batang babae

2. "Ang aking tsinelas! ang tsinelas ko!"

   a. bangkero
   b. Jose
   c. tatay ni Jose
   d. batang babae

3. "Babalikan po ba natin?"

   a. bangkero
   b. Jose
   c. tatay ni Jose
   d. batang babae

4. "Hoy . . . huwag kayong malikot, baka tumaob ang bangka!

   a. Jose
   b. bangkero
   c. tatay ni Jose
   d. batang babae

B. Panuto: Basahing mabuti ang mga sumusunod na tanong. Piliin ang wastong sagot at isulat ang titik lamang sa iyong sagutang papel.

1. saan nahulog ang isang paang tsinelas ni Jose?

   a. sa hagdanan
   b. sa ilog
   c. sa bangin
   d. sa bintana

2. Ano ang sinakyan nila pauwi sa Calamba?

   a. Kalesa
   b. dyip
   c. bangka
   d. bapor

3. Sino ang katabi ng bangkero?

   a. tatay ni Jose
   b. Jose
   c. batang babae
   d. matandang babae

4. Sino ang sumaway sa mga batang maiingay at malilikot?

   a. si Jose
   b. tatay ni Jose
   c. bangkero
   d. batang babae

5. Bakit itinapon ni Jose ang isa pang paang tsinelas?

   a. dahil galit siya
   b. dahil utos ng tatay niya
   c. dahil wala nang kapares
   d. para magaaamit ng iba.

Naisagawa mo na ba ang dalawang maikling pagsasanay? Iwasto mo ang iyong ginawa. Tandaan ang ipinagbilin ko sa iyo. Maging matapat ka sa pagwawasto. Huwag mong papalitan ang mga mali mong sagot.

Simulan mo, nasa kasunod na pahina ang susi sa pagwawasto.

## Susi sa Pagwawasto

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. b | B. | 1. | b - sa ilog |
| 2. b | | 2. | c - bangka |
| 3. a | | 3. | a - tatay ni Jose |
| 4. c | | 4. | b - tatay ni Jose |
| 5. d | | 5. | d - para magamit ng iba |

**Alamin ang Iskor Mo**

8-10 - Napakagaling! Talagang hanga ako sa iyo. Sana ganoon din ang magiging resulta sa ikalimang modyul na pag-aaralan mo.

5-7 - Magaling! Magsikap ka pang mabuti. Aasahan kong tataas na ang iskor na makukuha mo sa ikalimang modyul.

0-4 - Tulad ng dati mo nang ginagawa sa tatlong naunang modyul, pag-aralan mo uli ang modyul at siguruhin mong naunawaan mong mabuti. Adiyos! sa muli nating pagkikita. Gamitin mo ang bakante mong oras sa pag-aaral.

# M O D Y U L 5

## IKALIMANG ARALIN

## P A B U L A

## ANG KARUNUNGAN AY MAHALAGA

Kumusta ka, muli na naman tayong nagtahpo. siguro naman natatandaan mo pa ang lahat ng mga naituro ko sa iyo. Alam kong mas mawiwili kasa araling itutro ko sa iyo ngayon dahil mga hayop ang mga tauhang gumagaanaap dito.

Naniniwala ka bang "Ang karunungan aay mahalaga?". Nabasa mo ito sa aking pabalat. Matutunghayan mo ang katunayan sa paaghayag na ito sa maikling kathang bigay ko sa iyo ngayon.

Itutturo ko sa iyo ngayon ang pabguo ng isang balangkas sa binasa. Natatadaan mo pa marahil ang pahina ng mahahalagang detalye at ang pagsusunud-sunod ng mga pangyayari. ang mga iti ay makatutulong sa iyo. ang araling ito ay isa pa ring maikling katha at ito ay tinatawag naa pabula.

Gaya ng ginawa mo sa una, ikalwa, ikatlo at ikaapat na modyul, kaillangang mo ang mga dapat isagawa sa ganitong pag-aaral upaang malaman mo ang mga dapat isagawa sa ganitong uri ng paag-aaral. Nasa kasunod na pahina ang mga paynubay sa pag-aaral.

### Patnubay sa Pag-aaral

Ang mga sumusunod na patnubay sa pag-aaral ay makatutulong sa iyo ng malaki sa pag-aaral ng araling bigay ko sa iyo ngayon.

1. Ingatan mo akong lagi. Huwag mo akong dudumihan, susulatan o lagyan ng kahit anumang marka.

2. Basahin mong mabuti at may pag-unawa ang lahat ng mga nakasulat sa aking pahina.

3. Huwag kalimutan ang paggamit ng hiwalay na sagutang papel na iyong susulatan.

4. Tapusin muna ang ipinagagawa sa iyo bago simulan ang panibagong gawain. Huwag iiwan kung hindi ka pa tapos. Laging sumunod sa panuto.

5. Maging matapat ka sa pagsagot sa mga pagsasanay at pagwawasto sa iyong mga sagot.

Alam kong madali mong masusunod ang mga ito, hindi ba?

Maaari mo nang simulan ang iyong bagong aralin. Nasa kasunod na pahina ito.

## KUWADRONG PAMPAGTUTURO

Naniniwala ka na sa akin ngayon na totoong maraming kasanayan ang matututuhan mo sa pagbasa. Talagang mahalaga ang pagbasa dahil sa magagamit mo ito sa lahat ng paksang araling iyong pag-aaralan. Umuunlad ang ating karunungan sa pagbabasa. Sa nabasa mo sa aking pabalat na "Ang Karunungan ay Mahalaga " ay isang pahayag na puno ng katotohanan tulad ng mababasa mo sa araling pag-aaralan mo ngayon.

Basahing mabuti ang mga sumusunod na tanong at ang kaukulang mga sagot.

1. Ilang oras pa bago dumaong ang bapor?

   Mga kalahating oras pa bago dumaong ang bapor.

2. Sinu-sino ang nasa piyer?

   Nasa piyer na si Mang Miguel at ang dalawang anak na sina Romeo at Fidel.

3. Sino ang sasalubungin nila?

   Sasalubungin nila ang Tiyo Oscar ng mga bata

Pansinin mo ang kasagutan sa tatlong tanong. Buo ang pagkakasunud-sunod nito. Sa pamamagitan nito ay makabubuo ka ng isang balangkas. Tingnan mo sa kasunod na pahina.

==================================================

*Mga kalahating oras pa bago dumaong ang bapor ay nasa piyer na si Mang Miguel at ang dalawang anak na sina Romeo at Fidel. Sasalubungin nila ang Tiyo Oscar ng mga bata.*

==================================================

Ang talatang nasa itaas ay ang mga kasagutan sa tatlong tanong. Isinasaad ito sa buong pagpapahayag. Isang balangkas ang nabuo nito.

Basahing mabuti ang talataang ito. alamin ang mahahalagang kaisipang nakapaloob dito at sagutin ang mga tanong ng buong pangungusap.

==================================================

*Dinala ni Mang Tony ang magkaibigan sa iba't ibang panig ng pagawaan. Nakita ng dalawa kung paano inaayos ang mga sasakyan walang preno at ang mga sasakyang mabuway ang manibela. Nakita rin nila ang maayos na paraan ng paglilinis ng mga sasakyan.*

==================================================

Naunawaan mo ba ang talataang iyong binasa? Masunod mo kaya ang pagsagot sa mga tanong ng buong pangungusap.. Nasa kasunod na pahina ang pagsasanay na iyong gagawin.

## PAGSASANAY

Panuto: Sagutin ng buong pangungusap ang sumusunod na tanong.

1. Saan dinala ni Mang Tony ang magkaibigan?
2. Anu-ano ang makita ng dalawa?
3. Ano pa ang nakita nila?

Kung sakaling hindi mo lubos na naunawaan ang binasa mong talataan, maaari mong basahing muli. Pagkatapos balikan mo ang pagsasanay na ito. Sa pagsagot mo sa pagsasanay, gawin mo ang parehong paraan sa ginawa ko sa unahang pahina. Pagdugtung-dugtungin mo ang iyong sagot upang makabuo ng isang balangkas.

Natapos mo na bang basahing muli ang talataan? Simulan mo ang ipinagagawa sa iyo. Pagkatapos ihambing mo ito sa kasunod na pahina. Tandaan, huwag mong uulitin ang naisulat mo. Laging maging matapat sa pagwawasto.

## Susi sa Pagwawasto

sa iba't ibang panig ng pagawaan dinala ni Mang Miguel ang magkaibigan. Nakita ng dalawa kung paano inaayos ang mga sasakyan walang preno at ang mga sasakyang mabuway ang manibela. nakita rin nila ang maayos na paraan ng paglilinis ng mga sasakyan.

Magkatulad ba ang ginawa mo sa ginawa ko?

**Alamin ang Iskor mo**

Kung nakuha mo ang tamang pagkakabuo ng iyong mga sagot, pinupuri kita! Maari mo nang isagawa ang kasunod na aralin.

Kung hindi tama ang pagkakabuo, basahing muli ang talataan at isagawa ang parehong pagsasanay. Pagkatapos maaari mo, nang simulan ang iyong bagong aralin.

# ARALIN 5

Ito ang huling araling ituturo ko sa iyo. Isa rin itong maikling katha. Tinatawag itong pabula. Tulad ng parabula, nagiiwan ito ng magandang aral. Naiiba ito sa naunang mga maiikling katha dahil sa ang mga gumaganap dito ay mga hayop. Pinatutunayan dito ang pahayag na mas mahalaga ang talino kaysa lakas. Basahin mo nang tahimik. Sundin ang mga pamantayang natutuhan mo sa iyong pag-aaral sa pagbasa nang tahimik. Simulan mo na ang pagbasa nang tahimik.

==========================================================

*Namamasyal ang usang si Pilandok sa kagubatan nang walang anu-ano'y dinamba siya ng Leong si Arimaonga. Gutom na gutom na si Arimaonga. Takot na takot naman ang usa. "Maawa ka sa akin. Huwag mo akong kainin. May sasabihin akong lihim sa iyo." ang sabi ni Pilandok.*

*"Huwag mo akong lolokohin, Pilandok. Sa gutom kong ito talagang kakainin kita" babala ng Leon.*

*"Hindi mahal ma Leon. Ililigtas kita huwag mo lang akong kainin," pagmamakaawa pa rin ng*

*usa.*

*"Paano? at kanino mo ako ililigtas?" nagtatakang tanong ng leon.*

*"Pakawalan mo muna ako at sasabihin ko sa iyo pakiusap ni Pilandok.*

*"Dali, sabihin mo agad. Hindi mo ako mapaglalalangan."*

*"Alam mo magugunaw ang mundo, magwawakas ang daigdig paaglubog ng araw. Mawawala ang lahat ng bagay at mga may buhay na katulad natin. Ako lamang ang nakaaalam ng paraan para makaligtas tayo."*

*"Paano ako maliligtas sa kamatayan?" tanong pa rin ni Arimaonga.*

*"Sumama ka sa akin sa malaking punong iyon." yaya ni Pilandok.*

*Nang marating nila ang malaking puno, inutusan ni Pilandok si Arimaonga na sumandal sa puno. Pagkatapos kumuha siya ng isang baging na matibay at itinali niya sa puno si Arimaonga. Mahigpit ang pagkakatali ni Pilandok kay Arimaonga.*

*"Ngayon, tingnan ko nga kung makawawala ka pa," wika ni Pilandok.*

*Sinubok naman ni Arimaonga na makaalis sa pagkakatali ngunit hindi man lamang niya maiangat ang kanyang katawan.*

*"Ngayon, ligtas ka na," wika ni Pilandok. "Hintayin mo na lang ang paglubog ng araw. Hindi ka maaano riyan sakali mang magunaw ang daigdig. Ligtas ka sa punong iyan." Wika ni Pilandok na ngingiti-ngiti.*

*Walang magawa ang leon kundi magngitngit sa galit.*

==================================================

Nagustuhan mo ba? Nakatutuwa ano? Makabuo ka kaya ng isang balangkas sa pabulang ito na iyong binasa? Subukan mong isagawa ang pagsasanay. Laging alamin ang panuto upang makuha mo ang tamang pagsagot sa pagsasanay.

## PAGSASANAY

Panuto: Sagutin nang buong pangungusap ang sumusunod na mga tanong. Piliin ang wastong sagot. Isulat ang titik lamang sa iyong sagutang papel.

1. Ano ang ginagawa ni Pilandok sa kagubatan?

   a. namamaril si Pilandok sa kagubatan.

   b. namamasyal si Pilandok sa kagubatan.

   c. tumatakbo si Pilandok sa kagubatan.

   d. namamahinga si Pilandok sa kagubatan.

2. Ano ang ginagawa ni Arimaonga nang makita si Pilandok?

   a. nakipag-usap si Arimaaonga nang makita si Pilandok?

   b. hinuli ni Arimaonga si Pilandok upang parusahan.

   c. hinuli ni Arimaonga si Pilandok upang kainin.

   d. nakipag-away si Arimaonga nang makita si Pilandok.

3. Ano ang ginawa ni Pilandok upang makaligtas?

   a. biglang tumakbo si Pilandok upang makaligtas.

   b. umiyak si Pilandok para maawa si Arimaonga upang makaligtas.

   c. napaglalangan ni Pilandok si Arimaonga upang makaligtas.

   d. nakipaglaban si Pilandok upang makaligtas.

4. Ano ang ginawa ni Pilandok kay Arimaonga nang siya ay pakawalan.

   a. pinasalamatan ni Pilandok si Arimaonga nang siya ay pakawalan.

b. itinali ni Pilandok si Arimaonga nang siya ay pakawalan.

c. binigyan ng pagkain ni Pilandok si Arimaonga nang siya ay pakawalan.

d. Pinuri ni Pilandok si Arimaonga upang matiyak kung matibay ang ginawang pagkakatali?

5. Ano ang sinabi ni Pilandok kay Arimaonga upang mayiyak kung matibay ang ginawang pagkakatali?

a. "Subukan mong makawala sa pagkakatali."

b. "Hindi ka na makakawala sa pagkakatali."

c. "Sige, pilitin mong makawala."

d. "Ngayon, tingnan ko nga kung makakawawala ka pa."

Napakadali ano! Siguro napili mo ang wastong sagot sa mga tanong. Tama kaya ang mga napili mong sagot? Kung nasisiguro mong tama na ang iyong ginawa, maari mo nang iwasto.

Nasa kasunod na pahina ang susi sa pagwawasto. Tulad ng mga naunang gawain sa pagsagot sa mga pagsasanay lalo na sa pagwawasto kailangan maging matapat ka. Alam mo ba ang kasabihang. "Ang isang sentimo ay malaki ang halaga kaysa ninakaw ta piso.

Sige, simulan mo na ang pagwawasto sa iyong mga sagot.

## Susi sa Pagwawasto

1. b - namamasyal si Pilandok sa kagubatan
2. c - hinuli ni Arimaonga si Pilandok upang kainin
3. c - napaglalangan ni Pilandok si Arimaonga upang makaligtas.
4. b - itinali ni Pilandok si Arimaonga nang siya ay pakawalan.
5. d - "ngayon, tingnan ko nga kung makakawawala ka pa."

**Alamin ang Iskor Mo**

5 - Magaling! Pinahanga mo ako. Makapagsisimula ka na sa kasunod na pagsasanay.

3 - 4 - Pagbutihin mo pa ang pag-aaral para tumaas ang iskor mo sa pagsasanay na iyong gagawin sa kasunod na pahina.

0 - 2 - Huwag mawawalan ng pag-asa. Basahin mong muli ang pabula at sagutin ang parehong pagsasanay. Pagkatapos isagawa mo ang kasunod na aralin.

Upang makabuo ng isang maayos na balangkas mula sa binasang pabula, isagawa mo nang buong ingat ang pagsasanay na ibibigay ko sa iyo.

## PAGSASANAY

A. Panuto: Ayusin ang mga pangyayari ayon sa kuwento. isulat ang titik lamang sa iyong sagutang papel ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari.

a. Pinawalan ni Arimaonga si Pilandok.

b. Napaglalangan ni Pilandok si Arimaonga.

c. Tahimik na namamasyal si Pilandok sa kagubatan.

d. Itinali ni Pilandok sa puno si Arimaonga.

e. Hinuli ni Arimaonga si PIlandok upang kainin.

Napakadali ano? Iwasto mo ang iyong sagot. Maging matapat lagi sa gagawing pagwawasto. Nasa kasunod na pahina ang susi sa pagwawasto.

## Susi sa Pagwawasto

c – Tahimik na namamasyal si Pilandok sa kagubatan

e – Hinuli ni Arimaonga si Pilandok upang kainin.

a – Pinakawalan ni Arimaonga si Pilandok

d – Itinali ni Pilandok sa puno si Arimaonga

d – Napaglalangan ni Pilandok si Arimaonga

**Alamin ang Iskor Mo**

5 – Napakagaling! Nasagot mong lahat. Nakagawa ka rin ng isang maayos na balangkas mula sa pabulang iyong binasa. Maaari mo nang gawin ang kasunod na pagsasanay.

3 - 4 – Magaling! Kaya lamang hindi mo gaanong naisaayos ang balangkas ng pabulang iyong binasa. Isagawa mo ang pagsasanay sa kasunod na pahina.

0 - 2 – May pag-asa ka pa. Isagawa mong muli ang parehong pagsasanay bago mo gawin ang panibagong pagsasanay sa kasunod na pahina.

## PAGSASANAY

A. Panuto: Punan ng wastong salita ang bawat patlang upang makabuo ng isang balangkas mula sa binasa. Isulat ang titik lamang sa iyong sagutang papel.

1. Tahimik na namamasyal si Pilandok sa __________.
2. Hinuli ni ______________ si PIlandok upang kainin.
3. Pinakawalan ni Arimaonga si __________________.
4. ________________ni Pilandok sa __________________ si Arimaonga.
5. _______________ ni Pilandok si Arimaonga.

| | |
|---|---|
| a. napaglalangan | d. itinali |
| b. puno | e. Arimaonga |
| c. Pilandok | f. kagubatan |

Mailagay mo kaya ang wastong salita sa bawat patlang? Siguruhin mo upang makabuo ka ng isang maayos na balangkas mula sa binasa.

Iwasto mo ang iyong sagot . Nasa kasunod na pahina ang susi sa pagwawasto.

## Susi sa Pagwawasto

1. f - kagubatan
2. e - Arimaonga
3. c - Pilandok
4. d - Itinali - b - puno
5. a - napaglalangan

**Alamin ang Iskor Mo**

5 - Napakagaling! Hinahangaan at pinupuri kita. Nakagawa ka rin ng isang maayos na balangkas.

3 - 4 - Magaling! Kaya lamang hindi mo gaanong naisaayos ang balangkas ng pabulang iyong binasa.

0 - 2 - Magsanay kang mabuti. Sa mga pagsasanay na iyong gagawin lagi kang maging handa.

Hanggang sa muli. Siguro naman lahat ng mga naituro ko ay iyong natutuhan. Paalam at inaasahan kong lagi kang mag-aaral.

# TALASANGGUNIAN

**A. AKLAT**

Aquino, Gaudencio V. et al. Educational Psychology. Quezon City: Rex Bookstore, 1993.

Dallman, Martha. Rouch, Roger L.: Chang, Lynette Y.C.: Deboer, John. The Teaching of Reading, 4th edition, New York: Holt Rinehart and Winston, Inc., 1974.

Dolch, Edward W. A Manual for Remedial Reading Champaigne: The Gerard Press. 1965.

Duffy, Geral G. and George B. Sherman, The Teaching of Reading. New York: Macmillan Publishing Co., Inc., 1960.

Durrel Donald D. "Common Weakness in Intermediate Grades." Improving Reading Instruction. New York: Harcourt, Brace and World Inc., 1956.

Fries, Charles C. Linguistic and Reading. New York: Holt Rinehart and Winston Inc., 1963.

Gates, Arthur. The Improvement of Reading: A Program of Diagnostic and Remedial Method. 3rd edition. New York: McMillan and Company, 1961.

Hildreth, Gentrude. Teaching Reading. 2nd edition. New York: McGraw-Hill Book Co., Inc., 1959.

Olson, Joanne P. and Martha M. Dillmer. Learning to Teach Reading in the Elementary School. New York: Macmillan Publishing Co., Inc., 1976.

Strang, Ruth. The Diagnostic Teaching to Reading. New York: McGraw-Hill, Inc., 1964.

## B. MGA DI-NALATHALANG MATERYAL

Faller, Francisca A. "Grade Six Teachers' Prose Comprehension Strategies: A Proposed Model for Enriching Reading Comprehension Program," (Unpublished thesis Divine Word University, 1982).

Macairan, Fe T. "Mga Hulwarang Modyul sa Pagtuturo ng Pilipino sa Mataas na Paaralang Bokasyunal sa Kaligirang Pangalawang Wika," Di-nalathalang tesis, Unibersidad ng Pilipinas, Marso 1979.

Nones, R. G. 'Development and Validation of Modules on Selected Topics in Mathematics 202 (Trigonometry). MAT Math, Marikina Institute of Science and Technology, Marikina Metro Manila, 1980.

Perez, Herminigilda R. "Development and Validation of Modules on Selected Topics in Mathematics 201 (Progression). MAT Math, Marikina Institute of Science and Technology, Marikina Metro Manila, 1985.

Rebosura, Mila O. "Kahusayan sa Pagbasa sa Filipino sa mga Paaralang Clientele ng Proyektong URS," (Di-nalathalang tesis, Samar State Polytechnic College, 1990).

Uy, Alma O. "Development and Validation of Modules in Circular Trigonometric Functions and Fundamental Identities". Unpublished Thesis, MAT. Math, Samar State Polytechnic College, Catbalogan, Samar 1992.

Maceda, Ernesto M. "Our Education: Assessment and Projection." The Philippine Journal of Education. March 1978.

# MGA KARAGDAGANG DAHON

**Appendiks A**

SAMAR STATE POLYETCHNIC COLLEGE
Paaralang Gradwado
Catbalogan, Samar

Ika-20 ng Hulyo 1985

Ang Dekano, Gradwadong Pag-aaral
Samar State Polytechnic College

Ginoo:

Sa hangarin ko pong masimulan ang pagsususlat ng aking panukalang tesis, ikinararangal ko pong iharap para sa inyong pagtibayin ang isa ng mga sumusunod na paksa ng pananaliksik, higit na kanais-nais ang unang paksa:

1. ANG BISA NG MODYUL SA PAGPAPAYAMAN SA PANGUNAWANG PAGBASA NG MAIKLING KATHA PARA SA IKA-ANIM NA BAITANG SA PUROK NG CATBALOGAN III, SANGAY NG SAMAR.

2. ANG BISA NG PVOSBM SA MGA MAHIHINA AT DI NAKABABASANG MGA NAG-AARAL SA UNANG BAITANG NG PUROK NG CATBALOGAN III.

3. MGA KAGAMITAN PAMPAGTUTURO SA PAGPAPAUNLAD NG BOKABULARYO NG MGA MAG-AARAL SA UNANG BAITANG NG PUROK NG CATBALOGAN III.

Inaasahan ko po ang inyong maaga at mainam na pagpapasiya,

Matapat na sumasainyo,

(LGD.) LOURDES A. GARCIA
Mananaliksik

Iminungkahing Pagtibayin:

(LGD.) ALEJANDRON E. CANANUA
Puno, Pananaliksik at Lakhalain

Pinagtibay:

(LGD.) DOMINADOR Q. CABANGANAN, Ed. D.
Dekano, Gradwadong Pag-aaral

## Appendix C

Computation od t-test for Hupothesis 1,
Unang Pagsubok - Pangkat Kontrol Vs Experimental

Hypothesis 1: Walang mahalagang kaibhan ang antas ng tamtamang iskor sa una pagsubok ng mga mag-aaral sa pangkat experimental at pangkat kontrol.

| | Kontrol | Eksperimental |
|---|---|---|
| | 37 | 36 |
| | 37 | 36 |
| | 37 | 36 |
| | 37 | 36 |
| | 37 | 36 |
| | 37 | 36 |
| | 37 | 34 |
| | 35 | 34 |
| | 35 | 34 |
| | 34 | 33 |
| | 33 | 33 |
| | 33 | 33 |
| | 31 | 33 |
| | 31 | 33 |
| | 31 | 30 |
| | 30 | 30 |
| | 30 | 29 |
| | 29 | 29 |
| | 29 | 29 |
| | 29 | 28 |
| | 28 | 28 |
| | 27 | 26 |
| | 27 | 25 |
| | 26 | 25 |
| | 25 | 24 |
| | 25 | 22 |
| | 34 | 22 |
| | 34 | 22 |
| | 23 | 21 |
| | 23 | 21 |
| | 23 | 20 |
| | 23 | 20 |
| | 22 | 18 |
| | 21 | 18 |
| | 20 | 18 |
| | 20 | 17 |
| | 18 | 16 |
| | 18 | 16 |
| | 18 | 15 |
| | 17 | 15 |
| Kabuuan | 1,141 | 1,067 |
| Tamtaman | 28.53 | 26.68 |

Solution

$$Ex_k^2 = Ex^2 - \frac{(Ex)^2}{N} \qquad Ex_e^2 = Ex^2 - \frac{(Ex)^2}{N}$$

$$= 45942 - \frac{(1344)^2}{40} \qquad = 80610 - \frac{(1790)^2}{40}$$

$$= 45942 - \frac{1806336}{40} \qquad = 80610 - \frac{3204100}{40}$$

$$= 45942 - 45158.4 \qquad = 80610 - 8010.5$$

$$= 783.6 \qquad = 507.5$$

$$S_{Dx} = \sqrt{\frac{Ex_1^2 + Ex_2^2}{N_1 + N_1 - 2}\left(\frac{1}{N_1} + \frac{1}{N_1}\right)}$$

$$= \sqrt{\frac{783.6 + 507.5}{40 + 40 - 2}\left(\frac{1}{40} + \frac{1}{40}\right)}$$

$$= \sqrt{\frac{1291.1}{78}(0.025)}$$

$$= \sqrt{(16.552564)(0.025)}$$

$$= \sqrt{0.4138141} = 0.643 = 0.64$$

$$t = \frac{\bar{x}_1 - \bar{x}_2}{SD_x} = \frac{44.75 - 33.60}{0.64} = \frac{11.15}{0.64} = 17.42$$

t-comp 1.46
t-values 17.42
Pasiya: Tinatanggap ang null hypothesis

# Appendix D

Computation od t-test for Hupothesis 2,
Panghuling Pagsubok - Pangkat Kontrol Vs Experimental

Hypothesis 2: Walang Mahalagang pagkakaiba ang tamtamang iskor sa panghuling pagsubol ang pangkat eksperimento at pangkat kontrol.

| | Kontrol | Eksperimental |
|---|---|---|
| | 40 | 36 |
| | 40 | 36 |
| | 40 | 36 |
| | 40 | 36 |
| | 39 | 36 |
| | 39 | 36 |
| | 39 | 34 |
| | 38 | 34 |
| | 38 | 34 |
| | 38 | 33 |
| | 38 | 33 |
| | 33 | 33 |
| | 31 | 33 |
| | 31 | 33 |
| | 31 | 30 |
| | 30 | 30 |
| | 30 | 29 |
| | 29 | 29 |
| | 29 | 29 |
| | 29 | 28 |
| | 28 | 28 |
| | 27 | 26 |
| | 27 | 25 |
| | 26 | 25 |
| | 25 | 24 |
| | 25 | 22 |
| | 34 | 22 |
| | 34 | 22 |
| | 23 | 21 |
| | 23 | 21 |
| | 23 | 20 |
| | 23 | 20 |
| | 22 | 18 |
| | 21 | 18 |
| | 20 | 18 |
| | 20 | 17 |
| | 18 | 16 |
| | 18 | 16 |
| | 18 | 15 |
| | 17 | 15 |
| Kabuuan | 1,141 | 1,067 |
| Tamtaman | 28.53 | 26.68 |

Solution

$$Ex_k^2 = Ex^2 - \frac{(Ex)^2}{N} \qquad Ex_e^2 = Ex^2 - \frac{(Ex)^2}{N}$$

$$= 34155 - \frac{(1141)^2}{40} \qquad = 30439 - \frac{(1067)^2}{40}$$

$$= 34155 - \frac{1301881}{40} \qquad = 30439 - \frac{1138489}{40}$$

$$= 34155 - 32547.025 \qquad = 30439 - 284662.225$$

$$= 1607.975 \qquad = 1976.775$$

$$S_{Dx} = \sqrt{\frac{Ex_1^2 + Ex_2^2}{N_1 + N_1 - 2}\left(\frac{1}{N_1} + \frac{1}{N_1}\right)}$$

$$= \sqrt{\frac{1607.975 + 1976.775}{40 + 40 - 2}\left(\frac{1}{40} + \frac{1}{40}\right)}$$

$$= \sqrt{\frac{3584.75}{78}(.0.25)}$$

$$= \sqrt{(45.9583)(.025)}$$

$$= \sqrt{1.1489575} = 1.0718$$

$$t = \frac{\bar{x}_1 - \bar{x}_2}{SD_x} = \frac{28.25 - 26.68}{1.0718} = 1.4648$$

| | |
|---|---|
| t-comp | 1.46 |
| t-values | 2.02 |

Pasiya: Tinatanggap ang null hypothesis

# KURIKULUN BITA

| | | |
|---|---|---|
| PANGALAN | : | LOURDES ABELLAR GARCIA |
| KAPANGANAKAN | : | Ika-12 ng Pebrero, 1937 |
| POOK NG SINILANGAN | : | Calbiga, Samar |
| KALAGAYANG SIBIL | : | May asawa |
| TIRAHAN | : | 514 Saan Francisco St.<br>Catbalogan, Samar |
| KASALUKUYANG KATUNGKULAN | : | Punong Guro<br>Paaralang Sentral ng Catb. III<br>Purok ng Catbalogan III<br>Sangay ng Samar |

## Mga Paaralang Pinasukan

| | |
|---|---|
| Elementarya. . . . . . | Paaralang Elementarya ng Catb. I<br>Catbalogan, Samar<br>1945-1951 |
| Mataas na Paaralan . . | Samar Trade School<br>Catbalogan, Samar<br>1951-1955 |
| Kolehiyo . . . . . . . | Pamantasan ng Sto. Tomas<br>Kalakhang Maynila<br>1955-1957 |
| | Sacred Heart College<br>Catbalogan, Samar<br>1963-1966 |
| Gradwadong Pag-aaral . | Leyte State College<br>Tacloban, City<br>1977-1984 |
| | Samar State Polytechnic College<br>Catbalogan, Samar<br>1985-1988 |

Ipinagpatuloy na
Pag-aaral . . . . . Master of Education
Dalubhasa sa Sining sa Pagtuturo ng Filipino
1985 -1992

## Mga Naranasang Katungkulan

| | |
|---|---|
| Katulong ng mga Nars . . . . | Pagamutang Bayan ng Samar<br>Catbalogan, Samar<br>1957-1963 |
| Gurong Tagumpay. . . . . . . | Sacred Heart College<br>Catbalogan, Samar<br>1966-1967 |
| Guro . . . . . . . . . . . . | Kawanihan ng mga Paaralang Bayan, Purok ng Daram<br>Sangay ng Samar<br>1967-1970 |
| | Purok ng Catbalogan II<br>Sangay ng Samar<br>Catbalogan, Samar<br>1970-1972 |
| | Purok ng Catbalogan III<br>Sangay ng Samar<br>Catbalogan, Samar<br>1972-1982 |
| Ulong-guro . . . . . . . . . | Paaralang Elementarya ng Buri<br>Purok ng Catbalogan III<br>Sangay ng Samar<br>1982-1988 |
| Punong-Guro. . . . . . . . . | Paaralang Pampamayanan ng BLISS<br>Purok ng Catbalogan III<br>Sangay ng Samar<br>Paaralang Sentral ng Catb. III |

## Karapatang Serbisyo Sibil

C.S. Teacher Examination, Ika-24 ng Setyembre, 1967. Catbalogan, Samar

C.S.C. First Grade Examination, Ika - 19 ng Disyembre, 1975 74.50%. Tacloban City.

Karangalang Natamo

Ulirang Mag-aaral na Babae. Ikatlong Taon Paaralan ng Sining at Hanap-buhay ng Samar (Samar Trade School) 1953-1954

Miss Samar Trade School. Ikaapat na Taon Paaralan ng Sining at Hanap-buhay ng Samar 1954-1955

Pangunaahing Mananahi ng Taon ng Samahang 4-H. Kawanihan Pantahanan at Industriya. Agricultural Extension 1955.

Pangunahing Lider ng Star Scout. Babaeng Iskaut ng Pilipinas Tansong Gawad sa Serbisyo Samar Council 1979.

Pampurok na Guro sa Huwarang Turo. "Pinagkalooban ng Sertipiko sa Pagkilala. Pampurok na Seminar sa Bilinggwalismo, Oktubre 1982.

Pansangay na Guro sa Huwarang Turo. "Pinagkalooban ng Sertipiko sa Pagkilala", Pansangay na Seminar sa Pilipino "Kagalingang Akademiko sa Pamamagitan ng Edukasyong Bilinggwal Sangay ng Samar, Agosto 30 - Setyembre 8, 1982.

Pinagkalooban ng Sertipiko sa Pagkilala sa mga kasiya-siyang Pagtulong sa MECS-SSPC Summer Institute, "MECS-SSPC Regional Summer Institute on Communication Skills, Samar State Polytechnic College, Catbalogan, Samar, April 22-Mayo 31, 1985

**Mga Pagsasanay, Seminar at Gawaing Kapulungan**

Antas 3 Palatuntunan sa Maramihang Pagsasanay Para sa Una at Ikalawang Baitang na mga Guro sa Paggamit ng mga Nagawang mga Kagamitang Pangkurikulum na Isinagawa ng MECS Proyektong Aklat-Aralin, MECS, Sangay ng Samar Abril 25 mayo 6, 1977..

Palatuntunan sa Pagpapaunlad ng mga Guro, Purok ng Catbalogan III, Catbalogan, Samar, Nobyembre 20-30, 1978.

Bilinggwalismo MECS, Sangay ng Samar, Pebrero 11-15, 1980.

Pansangay na Pagsasanay sa gawaing Kapulungan sa Panimulang Pagbasa, MECS, Sangay ng Samar, Oktubre 27-29, 1980.

Panrehiyong Gawaing Kapulungaan ng mga Pansangay na Tagamasid sa Pilipino, MECS, Reliyon VIII, Capoocan Leyte, Disyembre 9-11, 1981.

Pansangay na Seminar sa Bilinggwalismo, MECS, Sangay ng Samar, Setyembre 1-4, 1981.

Gawaing Kapulungan sa Pilipino sa mabisang Pagpapahayag MECS, Sangay ng Saamar. Enero 25-30, hanggang Pebrero 2-4, 1982.

Pansangay na Seminar sa Pilipino na may Paksang Kagalingang Akademiko sa Pamamagitan ng Edukasyon Bilinggwal. Agosto 30 - Setyembre 12-15, 1982.

Pansangay na Seminar sa Gawaing Kapulungan sa "The Integrated School Health Guardian Program" para sa Elementaryang mga Guro at Administrador, MECS, Sangay ng Samar. Hulyo 11-15, 1983.

Troop Leadership Course, GSP, Sangay ng Samar, Septyembre 28, hanggang Disyembre 2, 1983.

Pambansang Pagsasanay "Course for Standing Committee Chairman". Ating Tahanan, Lungsod ng Baguio, Abril 29-Mayo 3, 1988.

MECS-SSPC Regional Summer Institute on Communication Skills (English and Pilipino) MECS-SSPC, Catbalogan, Samar, April 22 - May 31, 1985.

Civil-Military Operation Seminar for Civil Government Workers, Regional Unified Command 8, June 24-28, 1985.

**Ko-Kurikular na mga Gawain**

| | |
|---|---|
| Tagapangasiwa ng mga Gawain. . . | PTEA, SSAT, Catbalogan, Samar, 1982-1983 |
| Pangulo . . . . . . . . . . . . | Legion of mary "Conforter of the Afflected" Junior Praesodium, Catbalogan Samar, 1978 hanggang kasalukuyaan. |

| | |
|---|---|
| Pangulo . . . . . . . . . . . . . . | Purok Organization<br>Barangay Buri<br>1982 hanggang 1988 |
| Pangulo . . . . . . . . . . . . . . | Bilinggwalismo Class, 1982<br>1983 LSC, Catbalogan,<br>External Studies, Catb.<br>Samar, Class 1983-84. |
| Pangulo . . . . . . . . . . . . . . | Lupong Pilipino<br>LSC External Studies Center<br>Catbalogan, Samar<br>April 22 to May 31, 1985. |
| Pangalawang Pangulo. . . . . . . | Lupong Pilipino<br>Purok ng Catbalogan III<br>Catbalogan Samar,<br>1979 |
| Magulang . . . . . . . . . . . . . | Divine Love Community<br>Catbalogan, Samar<br>1987 hanggang kasalukuyan |
| Kasapi . . . . . . . . . . . . . . | Ladies of Charity, Samar<br>Chapter catbalogan, Samar<br>1995 hanggang kasalukuyan |

## TALAAN NG MGA TALAHANAYAN


| Talahanayan Blg. | | Pahina |
|---|---|---|
| 1. | Pagpapaliwanag sa Antas ng Ganap na Kahusayan . . . . . . . . . . | 47 |
| 2. | Pagpapaliwanag sa Indeks ng Kahirapan. . . . . . . . . . . . . . | 52 |
| 3. | Pagpapaliwanag sa Indeks ng Diskriminasyon . . . . . . . . . . . | 53 |
| 4. | Mga Iskor sa Unang Pagsubok ng Pangkat Eksperimental at Pangkat Kontrol. . . . . . . . . . | 59 |
| 5. | Mga Iskor sa Huling Pagsubok ng Pangkat Eksperimental at Pangkat Kontrol. . . . . . . . . . | 61 |
| 6. | Mga Iskor sa Una at Huling Pagsubok ng Pangkat Eksperimental. . . . . . . . . . . . | 63 |
| 7. | Mga Iskor sa Una at Huling Pagsubok ng Pangkat Kontrol. . . . | 65 |
| 8. | Kinalabasan ng Reading Ease Score (RES) at Human Interest Score (HIS). . . . . . . . . . . . | 66 |

# TALAAN NG PIGURA


| Pigura | | Pahina |
|---|---|---|
| 1. | Eskemang Nagpapakita ng kaligiran, Mga Kalahok, Baryabol, Proseso at Mga Instrumento at Tungunin ng Pag-aaral. . . . . . . . . . . . . . . . . | 6 |